

**ANG DALUYAN
NG KATOTOHANAN
NG DIYOS**

**ITO BA ANG
WATCHTOWER?**

E. B. PRICE



Dedikasyon

Nang orihinal na isinulat ko ang istoryang ito noong 1966, ang aking ina ay tunay na naging bukal ng pampasigla at inspirasyon. Kilala niya ang marami sa mga tauhang kasangkot sa istoryang ito at ibinilang silang mga pinakamamahal na kaibigan. Mahal niya ang Dios at magalak na makabilang sa kanilang “tumutupad ng mga utos ng Dios, at ng pananampalataya kay Jesus.”

Sa kasamaang palad, hindi niya inabutang buhay ang paglalathala nito. Ngunit ang “kaniyang mga gawa ay sumusunod” sa kaniya. Mula sa aking pagkabata ay idiniin niya sa akin ang tanging naising makatulong sa kanilang napapaharap sa katanungan, “Ang Daluyan ng Katotohanan ng Dios—Ito Ba ang Watchtower?” Bilang isang kabataang babae ay nagsaliksik siya ng katotohanan at nasumpungan niya ang sagot sa tanong na ito. Sa kaniyang alaala, ay mairog kong inihahandog ang maliit na tomong ito.

—Ang May-akda

ANG DALUYAN
NG KATOTOHANAN
NG DIYOS

ITO BA ANG WATCHTOWER?

E. B. PRICE

ITONG TAGALOG NA EDISYON
AY INILIMBAG 1998 NG MAY-AKDA
SA MANILA, PHILIPPINES

ISINALIN MULA SA
ISINAAYOS NA EDISYON (ENGLISH)
© 1996, 2014 NI E. B. PRICE
LAHAT NG KARAPATAN AY NAKARESERBA
ISBN O 646 209310

Isang Pangungusap sa Mambabasa

Ang dako ng istoryang ito ay sa Australia, sa mga eucalyptus o puno ng goma at mga kangaroo. Mga mambabasang nakatira sa Pilipinas ay walang pagsalang makakasumpong na ang paminsan-minsang lasang ito mula sa “kababaaan” ay magbibigay ng karagdagang interes.

Sa pagtugaygay mo sa mga usapan, maaari ka ring makagawa ng mga konklusyon sa kung sino si “Bob Watson,” at maaaring tumama ka.

Gayunman, bagamat ang mga pangalan at lugal sa pag-uusap ay binago sa maliwanag namang dahilan, at ang mga pag-uusap ay isinaayos din, ang mga karanasang ibinibigay ay totoo. Ang mga ito ay tunay na nangyari sa mga tunay na tao, na marami sa kanila matapos ang mahigit na tatlumpong taon, ay buhay pa ngayon.

Sa edisyong ito, isang dagdag na kabanata ang isinulat upang ibahagi sa inyo ang mga pangyayaring naganap sa mga nakapagitang taon sa mga pangunahing karakter.

—Ang mga Naglimbag

Mga Nilalaman

1	Gulo sa <i>Blue Gums</i>	6
2	Ang Kasunduan	11
3	1914 at Lahat ng Iba Pa!	22
4	Narito Na o Malapit Na?	31
5	Ang Ama sa Pagsaklolo	38
6	Mga Adobe sa Bangka	42
7	Dalanging Tinugon	51
8	Isang Debate	56
9	Ang Desisyon	65
10	Paraisong Naisauli	71
11	Iisang Dios o Dalawa?	77
12	Sino si Jehoba?	84
13	Mga Katanungan!	87
14	Nabautismuhan Kay Kristo	91
15	Pagkaraan ng Maraming Araw	95

I

Gulo sa *Blue Gums*

Inayos ni Lorna Stevens ang mga magasing Watchtower at mga aklat sa estante ng mga aklat habang mabilisang inalisan niya ng alikabok ang mga muebles. Sa araw na ito ay panukala niyang madaliang tapusin ang kaniyang gawain, sapagkat panukala niyang sa hapon ay sumaksi sa bahay-bahay. Bilang isang tapat na Saksi ni Jehoba, magalak na nakatanaw siya sa gagawin sa kinahapunan, at ang isipang ito ang parang naghatid sa kaniya maraming milya palayo sa mga alalahanin ng *Blue Gums*, ang bukid sa Australia taglay ang mga baka, baboy at manok nito. Kahit na ang tindi ng araw sa tag-araw na iyon na nakatuon sa mga puno ng goma ay hindi nagpabawas ng kaniyang sigasig. Ulan, yelo o araw man, si Lorna ay sasaksi para kay Jehoba.

Bigla ay natigil siya, nakatayong di kumikilos, at nakinig. Narinig niya ang tunog ng isang kotse—ang kotse ni Clarice, ang kaniyang anak na babaeng may-asawa, na pumapasok sa looban. Hindi muna nagpasabi si Clarice na dadalaw ito, ano't bigla itong dumating? Di bale, sasabihin naman ng anak niya ang dahilan. Si Clarice ay isang bukas na aklat: taimtim, pabigla-bigla, tapat. Anumang problema mayroon siya ay mabilis na lumalabas sa kaniya.

Ang ina at anak ay nanatiling malapit sa isa't-isa sa loob ng pitong taong si Clarice ay may asawa na. Ngunit noong nakaraang taon, mula nang si Clarice ay magsimulang mag-aral upang maging isang Saksi ni Jehoba, ang taling ito ay lalo pang humigpit. Lalo na ngayong nagpasiya na ang anak na pabautismo habang si Paul na asawa nito, ay mahigpit namang tumututol.

Si Clarice at ang apat na taong si Gregory ay bumaba mula sa kotse. “Kausapin mo si Lolo,” wika nito sa anak. “Ayun siya sa kakahuyan.”

Habang pumapanhik si Lorna at Clarice sa bahay, nadama ng inang may problema.

“Ano ang nangyayari, Clarice?” tanong niya. “Sa ayos mo ay may bumabagabag sa iyo.”

“Alam mo, Inay,” pasimula niya, “wala namang problema—maliban

sa lubha kang mabibigo sa akin. Ako ay magiging isang Adventista del Septimo Dia!”

“Hindi ka seryoso; nagbibiro ka lang!” tugon ni Lorna, na nagtataka at parang natulala. Nauna siya sa pagpasok sa sala na naroon si Nanna, ang kaniyang ina, na nakaupo sa tumba-tumba.

“Maupo ka,” anyaya ni Lorna. “Pag-usapan natin ito, Clarice, sapagkat hindi basta ganyan ang paggawa ng desisyong parang magdamag lamang. Alalahaning mong ang isang maling desisyon ay makakaapekto hindi lamang sa iyo, kundi pati sa iyong mga anak. Natititiyak kong nais mong maligtas sa Armageddon.”

Si Nanna, na sa loob ng maraming taon ay naging tapat na Saksi ni Jehoba, ay hinila ang kaniyang tumba-tumbang palapit sa nag-uusap upang madinig ang bawat salita, habang isinaysay ni Clarice kung paanong ang isang Bob Watson, isang kabataang ministrong Adventista del Septimo Dia, ay napadalaw sa kaniya. Ang pagdalaw na ito ay nagtagal nang buong hapon at bago ito umalis ay nakumbinsi siyang ang mga Adventista ay may higit na katotohanang taglay kaysa mga Saksi.

“Ngunit, Clarice,” wika ng ina, “bagamat ang mga Adventista del Septimo Dia ay mabubuting tao, tulad ng mga Anderson, ay wala naman silang pagkakaiba sa iba pang mga Kristiano. At, ano na lang ang matututuhan mo sa ilang oras lang?”

“Lahat na, Nanay.”

Umiling si Lorna at tumingin kay Nanna, na sa tingin ay natulala at hindi makapagsalita. Labindalawang buwan ang ginugol ng dalawang babaeng ito, sa tulong pa ng asawa ng lingkod ng kongregasyon, na turuan si Clarice ng mga aral ng mga saksi, at ngayon sa pakiwari niya ay alam na niyang lahat ang tungkol sa mga Adventista del Septimo sa isang hapon lamang!

“Ngunit, Inay at Nanna,” patuloy niya, “hindi ninyo nauunawaan. Ang mga aral ng Adventista ay nakapasimple at maliwanag, at tuwirang mula sa Biblia. Sa buong buhay ko ay di ko pa nakita ang katulad noon. Bawat tanong ko sa kaniya, ay may natagpuan siyang tugon sa Biblia, at naunawaan ko ayon sa pagkabasa noon.”

“Clarice,” sa mabagal na pagsasalita ni Lorna, “ang mga taong ito ay naniniwala sa Trinidad, na ang Dios ay parang isang personang may tatlong ulo, na nangangahulugang si Jehoba ay namatay sa parusahang kasama ni JesuKristo, at lahat pa ng gayong kaguluhan.”

“Naku hindi ganoon, Nanay,” tugon ni Clarice. Iyan ang una kong tanong sa kaniya, at sinabi niyang ang mga Adventista del Septimo Dia ay laging naniniwalang ang Ama at Anak ay dalawang magkaibang persona.”

“Di ko alam iyan, ngunit ang alam ko ay pinilipit nilang lahat iyan,

sapagkat nakausap ko ang ilan sa kanila.”

“Hindi, Inay!” pagtutol ni Clarice. “Marami pa tayong dapat maunawaan tungkol kay JesuKristo at sa gawain ng Espiritu Santo sa ating mga buhay. Itinala kong lahat ang mga ipinakita niya sa akin sa Biblia, at tayo ang pilipit, at hindi sila!”

“Nasaan ang mga talang iyon?”

“Nasa bahay,” kaniyang tugon, “ngunit ipapakita ko sa iyong lahat, Inay.”

“Ano ba ang nakabagabag sa iyong gayong upang isipin mong iwanan ang katotohanan?” tanong ni Nanna.

“Huwag ninyong isiping madali akong bumigay. Talagang nakipag-argumento ako sa kaniya, at sinisingitan ko ang kaniyang iniaaral. Sa katunayan, hindi ko nadama kaysa noon kung gaano ang naituro sa akin ng mga pag-aaral ko sa Watchtower. Sinabi ko sa kaniyang naniniwala akong ang Watchtower ang daluyan ng mga katotohanan ng Dios sa mga huling araw, at sinitas ko ang Mateo 24:45, tungkol sa tapat at pantas na aliping itinalaga ng kaniyang panginoong magbigay ng pagkaing espirituwal sa mga bansa, bago dumating ang Armageddon.

“Sinabi naman niya sa aking nauunawaan niya ang aking nadarama, sapagkat siya man ay naging interesado sa mga aral ng Watchtower. Ngunit matapos ang malalim at masinop na pag-aaral ng kasaysayan, nawala ang lahat niyang kompiyansa sa Watchtower. Sinabi niyang sa paglakad ng mga taon ang Watchtower ay pabago-bago sa kaniyang mga doktrina at nagtuturo ng ganito at ganoon bilang katotohanan. Sinabi niyang inihula nito ang napakaraming petsa na napatunayang huwad na mga hula anupat ito ay palatandaang ang Watchtower ay hindi siyang daluyan ng katotohanan ni Jehoba. Tulad ng wika ni Jesus sa Mateo 24, ‘Huwag ninyong paniwalaan.’”

“Lahat na iyan ay eksaherasyon lamang Clarice,” tugon ni Lorna. “Iyan ay tipikal lamang kung paanong sinisiraan ng Kristianismo ang Watchtower! Wala akong maalaalang petsang nasulat sa mga lathala ng Watchtower na napatunayang mali. May ilang mga turong nabago sa paglakad ng mga taon, ngunit hindi marami. Ano pa ang narinig mo?”

“Ipinaliwanag niya na ang lahat ng Sampung Utos ay dapat tuparin. Sa halip na magbigay si Jehoba ng isang kautusang napakong kasama sa parusahan, sa katunayan ay may dalawang uri ng utos. Ang isa ay nasulat sa mga tapyas ng bato na itinago sa loob ng tipan—ang Sampung Utos, ang kautusang moral para sa lahat ng tao. Sa tabi ng kaban ay ang isa pang kautusan, na nagtataglay ng mga dugong sakripisyo at seremonyang nakaturo sa hinaharap kay Kristo. Ito ay pinalitan ng Kaniyang ministri at kamatayan. At nakita kong lahat ito sa Biblia, at naunawaan ko itong malinaw tulad ng kristal!”

Pansamantalang nanahimik si Lorna, bagamat sa pakiwari niya ay

noon lamang siya nakarinig ng gayong katawatawang bagay sa buong buhay niya. At pinasigla pa niya si Clarice na ilahad lahat ang mga kamaliang natutuhan niya. Sa paraang ito, dahilan ng ina, malalaman niya kung ano ang dapat niyang ituwid, at si Nanna ay makakatulong ding mabuti.

Makalipas ang isang oras at kalahati, sa pagtugtog ng alas-dose ng tanghali, nadama ng tatlong babaeng oras na ng pananghalian. Kung may isang bagay pang hindi magugustuhan si Paul ay matagpuang pag-uwi nito ay wala ang kaniyang asawang si Clarice kundi nagdadalaw at nagsasalita ukol sa relihiyon! Kinuha ni Clarice si Gregory mula sa kaniyang ama, at mas mabilis na umalis kaysa pagdating nila kanina.

Kailanman ay di nadama ni Lorna ang katamaran sa paghahanda ng pagkain. Matapos ito ay sinundan niya si Nanna sa sala. Sa pasimula ay walang sinuman sa kanilang nagsasalita. At si Lorna, kasabay ng pagpahid ng luha sa mata, ay tumingin kay Nanna at nagwika, "Nanay, mula nang dalhin mo ako sa katotohanan maraming taon na ang nakalipas, lahat ng ninais ko ay makita ang aking mga anak na ligtas sa Armageddon. Si Clarice talaga ang aking itim na tupa, at ngayong halos ay maituwid ko na siya, nagdala ng ganito ang diablo upang wasakin ang lahat."

"Hindi pa wasak ang lahat ng bagay, Lorna. Ang katotohanan ni Jehoba ay tatayo sa anumang subukan, at ang mga relihiyong ito ay wala namang gaanong maiaalok. At saka, hindi pa ako nakarinig ng mga ganoong kalokohan sa aking buong buhay tulad ng paglalagay ng dalawang kautusan sa iisang kaban. Isinasaad ng Biblia ang tungkol sa pamilya ni Noe at ang mga ibon at hayop na pumasok sa daong, ngunit tiyakang walang mga aklat o mga tapyas ng batong kinasulatan ng mga kautusan, lalo na ang Sampung Utos. Talagang sa pakiramdam ko ang mga Adventistang ito ay mga taong kakatwa, ngunit hindi nila naiisip na iyon ang kanilang itinuturo!"

"O, Nanay," naibulalas ng anak, "Kahit isang saglit ay di ko naisip na talagang magiging isang Adventista del Septimo Dia si Clarice. Natitiyak kong maaalis natin ang kalokohang iyon sa kaniyang ulo. Ngunit ang kinatatakutan ko ay baka mawala ang kaniyang tiwala sa Watchtower."

"Dahilan ba sa mga petsa at nabagong aral, Lorna?"

"Oo, Nanay. Alam mo naman kung paanong si Clarice ay maingat sa isang punto. Hindi niya makita kung paanong ang Watchtower ay magbabago ng isang katotohanan, gayunman ay mananatili itong katotohanan. Nangangamba akong tatabang siya sa mga aral ng Society kung makasumpong siya ng kahit isang kamalian na itinuro ng Watchtower."

"Eh, hindi naman iisa lang, kung kayat kung iyan ang magiging problema ni Clarice, mabuti pang pasimula na nating harapin ito."

“O, Nanay, hindi naman gaano kasama ang mga bagay, hindi ba?” tanong ng anak.

“Hindi naman. Ang Watchtower ay dumaan na sa ilang patse; pero, gayundin ang bayan ng Dios mula nang ilabas sila sa Ehipto at kahit na bago pa noon!”

Tumingin si Lorna sa kaniyang relo. Oras na para siya ay kumilos, kung kayat mabilis siyang nagbihis, tinipon ang kaniyang mga aklat at magasin sa kaniyang bag, at di nagtagal ay nagmamaneho na patungo sa kaniyang unang pagsaksing pagdalaw.

Tumulong si Nanna sa pamamagitan ng pagbabantay sa nakakabatang mga anak nang magbalik itong sakay ng *school bus*, ngunit silang lahat ay nasanay na silang maghanda ng hapunan sa panahong si Lorna ay nasa labas at sumasaksi. Sa ganitong paraan, nadarama nilang sila man ay may bahagi.

Si John na asawa ni Lorna ay hindi bautisadong Saksi, ngunit kailanman ay hindi ito tumutol sa kaniya. Paminsan-minsan pa nga ay sumasama ito sa pamilya sa ilang miting at kombensyon. Alam niya kung gaano kahalaga para kay Lorna ang kaniyang relihiyon at ipnasisigla niya ito doon.

Bagamat si Nanna ay may sariling maliit na tirahan sa kapatagan mula nang ito ay mabalo, higit at higit na panahon ang ginugugol nito sa masayang kapaligiran ng tahanan ni Lorna. Sa kabila ng kahirapan ng katandaan, may maliliit na gawaing nagagampananan siya sa bahay at isang malaking tulong sa pamilya.

Pag-uwi niya nang haponng iyon, si Lorna ay nagpanukalang dumaan kay Clarice. Ngunit nang may natagpuan siyang isang pamilyang interesado ay nagtagal siya roon anupat kinailangang magmadali siya umuwi upang makahabol sa panahon ng meryenda. Ang interesadong pamilyang ito ang nagsilbing kasiglahan sa bagabag na isipan ni Lorna, at sa loob ng ilang oras ay halos nakalimutan niya ang mga naganap nang umagang iyon. Ngunit habang papauwi siya sa tahanan, ang naging kilos ni Clarice ay nagbalik sa kaniyang isipan, at nag-isip siya kung ano ang dapat gawin.

Matapos ang mga tungkulin sa gabing iyon, ipinasiya niyang mag-aral ng kasaysayan ng Watchtower. Kinuha niya mula sa estante ng aklat ang *Jehovah's Witnesses in the Divine Purpose*. Naalaala niyang nabasa na niya itong minsan, ngunit sa pagkakataong ito ay napagpasiyahan niyang gawing masinop at kritikal ang pag-aaral upang higit niyang maipagtanggol ang Watchtower.

Nang tumawag si John mula sa silid tulugan at nagtanong kung anong oras niyang balak matulog, nagulat pa siyang halos hatinggabi na pala. Gayunman, nang mahiga na nga siya, ilang oras siyang gising na nakikipagpunyagi sa kaniyang mga iniisip. ♡

2

Ang Kasunduan

Ang gawain, bagabag at kulang sa tulog nang sinundang araw ay naging mahirap para kay Lornang simulan ang panibagong araw. Gayunman, maaga siyang bumangon kaysa karaniwan, at nagpasimulang gumawang may higit na sigla hanggat maaari sa kaniyang mga gawain sa bukid. Matapos tumulong sa paggatas sa mga baka at pagpapakain sa mga baboy at manok, naghanda siya ng almusal para sa pamilya at inihanda ang mga bata patungo sa paaralan. At sinimulan niya ang mga gawaing bahay, sa panukalang mag-aaral pang higit pagkatapos.

Di nagtagal ay tumunog ang telepono. Si Clarice ang tumawag na nagtatanong kung nasa bahay ang kaniyang ina sa kinahapunan. May bisitang may planong dumalaw, paliwanag ni Clarice.

“Sino ba siya?” tanong ng ina.

“O, malalalaman mo rin, Nanay. Dinadalaw niya ang lahat ng mga tahanan dito sa distrito.”

“Iyon bang kabataang ministrong Adventistang iyon?”

“Siya nga, Inay. Pero hindi mo siya itataboy sa iyong tahanan na hindi mo muna siya pakikikingan, hindi ba?”

“Hindi nga, siguro,” buntong hininga ni Lorna. “Pero sana ay hindi niya ako guluhing kasingdali nang paggulo niya sa iyo, Clarice.”

“Nanay, kung nasa iyo ang mga sagot, maitutuwid mo siya, at kung makukumbinsi mo siya, siya ay magiging kahangahangang Saksi.”

Nang haponng iyon ay nakita ni Lorna ang isang kabataang sakay ng kotse na papasok sa bakuran. Karaniwan ay lumalabas siya upang sumalubong sa mga bisita, ngunit sa haponng ito ay iba ang kaniyang pakiramdam. Nabigyan na siyang babala tungkol sa mga lobong nakasuot tupa na gumagala at hindi nagpapatawad sa kawan. Kung si Watson ay isa sa mga ito, sa isip niya, ang pahintulutan siyang mapasok sa bakuran ay sobra na, na di na kailangang salubungin pa.

Si Bob Watson sa tingin ay mas bata pa kaysa inakala ni Lorna. Sa katunayan ay parang isang kabataan pa lamang ito, halos kasing tanda

ng kaniyang panganay na anak na lalaki. May simpleng abuhing kasuotan at may bag ng mga aklat, ngunit walang kuwelyo ng kleriko o punto ng isang mangangaral. Ang kaniyang nakakaganyak na ngiti at parang taimtim na mata ay nagbigay sa kaniya ng impresyong narito ang isang kabataang dapat na mapakitaan ng katotohanan. Marahil ay masasagip siya mula sa Kristianismo.

Pinapasok siya sa sala at ipinakilala kay Nanna.

“Ikaw ba ay Reberendo?” tanong ni Nanna.

“Ah hindi po! Sa aming iglesya ay di namin ginagamit ang bansag na iyan. Kami ay tinatawag na simpleng pastor. Ngunit ako ay anak ng magsasaka at kapag ako ay nagdadalaw sa mga komunidad ng mga magsasaka, nais kong makilala bilang simpleng Bob.”

“Kung gayon,” wika ni Nanna, “ang buong kapaligiran ay tinatawag ang aking anak na si Nanay at ako naman ay si Nanna.”

Hindi pinanukala ni Lorna na maging gayong mapagkaibigan, ngunit noon pa ay umiinit na ang kaniyang pakiramdam kay Bob, at bukod doon, alam niyang si Nanna ay mabuting tagahatol sa likas ng tao.”

“Ano ang ginagawa mo sa distritong ito, Bob?” tanong ni Lorna.

“Ako po ay nagdadalaw sa bawat bahay upang ibalita sa mga tao na ang sinasabi ng Bibliang ‘katapusan ng sanlibutan’ ay malapit nang maganap, at sinasabi ko rin sa mga tao kung paano ang paghahanda.”

“Hindi ko alam na kayo pala ay nagbabahay-bahay,” wika ni Lorna. “Sa tingin ko ay magiging mabuting kang Saksi ni Jehoba, Bob.”

“Alam ko po iyan, Inay,” tugon ni Bob, “kung mananampalataya ako sa Watchtower at matatanggap ang mga aral nito.”

“Ano ba ang nakikita mong pagkakamali tungkol sa Watchtower, Bob?”

“Upang maalaman ninyo ang buong istorya, nagpasimula ito bago pa ako isilang. Ang aking ina ay nag-aral kasama ng mga estudyante ng Biblia, tulad ng bansag sa kanila noon, at naisip na sumama sa Society.”

“Sayang hindi siya nakasama!” singit ni Lorna.

“Sumama sana siya kung nadama niyang ang mga aral ay siyang katotohanan,” patuloy ni Bob. “Lamang, nang panahong iyon binago ni Hukom Rutherford sa ilang paraan ang mga aral ni Pastor Russell, at sa kaguluhan ng magtatapos ang mga 1920, nadama ni Nanay na ang Society ay di maaaring siyang daluyan ng katotohanan ng Dios, at ng huling babala ng Dios sa sanlibutan. Sa katunayan, sa loob ng kulang sa sampung taon, mga 148 punto ng doktrina ay nabago, at kasama dito ang mga inihulang petsa na napatunayang mali. Nabuo lahat sa kaniya, lalo na sa liwanag ng Mateo 24:24, na nagbababala laban sa mga bulaang hula sa sanlibutan sa mga huling araw, na kailangang hanapin niya ang katotohanan sa ibang dako. Kalaunan ay nasumpungan niya ito sa mga

***Jehovah's Witnesses in the Divine Purpose*, p. 73-75 ay nagsasabing sampung milyong kopya ng anunsyong iyo ang ikinalat upang makatulong sa pagbibili ng 850,000 edisyon ng *The Finished Mystery*.**

simpleng aral sa Biblia ng Iglesia Adventista del Septimo Dia.”

“Bob, alam ko na ang Watchtower ay nagbago sa ilang turo nito habang natatanggap nito ang lalong dakilang liwanag, pero hindi ba parang pinalalaki mo ang mga bagay-bagay upang palabuin ang larawan?”

“Hindi po. Tingnan natin ang aklat na inilimbag ng Watchtower noong 1917, na pamagat na *The Finished Mystery*. Ito ang ikapitong tomo ng serye ng ‘*Studies in the Scriptures*’ o ‘*The Millennial Dawn*,’ at ito ay sulat ng nasirang si Pastor Russell. Sa maagang 1920s ay nagbili si Hukom Rutherford ng daang libong kopya nito. Marahil ay nakita na ninyo iyon, Nanay?”

“Sa katunayan ay hindi,” kumpisal ni Lorna, “Di ko pa ito nakikita, bagamat marami na akong narinig tungkol doon, at may binabasa ako tungkol doon kagabi lamang sa isa sa pinakabagong aklat naming *Jehovah's Witnesses in the Divine Purpose*. Ang paglabas noon ay inilarawang parang ‘pagsabog ng bomba’ sa Kristianismo, at natatandaan kong ang mga kabanatang onse hanggang katorse ng aklat ay nagbabalangkas ng kahangahangang gawain ng paglilimbag ng Society

sa panahon ng muling pagkagising nito noong 1919.”

“Palagay ko ay nasa ilalim iyon ng aking baul sa bahay, Lorna,” wika ni Nanna. “Sa maraming taon ay di ko iyon nababasa; ngunit naniniwala akong isa iyon sa pinakakatangi-tanging aklat na ipinalabas ng Watchtower sa unang limampung taon ng kasaysayan nito.”

“Iyon na nga,” wika ni Bob. “Ang susing aklat na ito na ipinalabas ng Watchtower bilang katotohanan sa loob ng maraming taon ay halos itinapon na ng Society sa bawat detalye at petsa nito. Gayunman ay laging inaangkin ng Watchtower na ito ang daluyan ng katotohanan ng Dios para sa mga huling araw.”

“O, Bob, hindi naman marahil totoo iyan,” tugon ni Lorna. “Tingnan na lamang natin ang mga petsang ito, at titingnan din natin ang ilan sa mga turo nito. Napakaraming maling bagay ang nasabi na tungkol sa Watchtower anupat pinipilit kong patunayan ng tao ang bawat salita nila. At iyan ay angkop din para sa iyo, Bob.”

“Matutuwa po akong ang batas na iyan ay maangkop sa akin.”

“Sige, patunayan mo, kabataan.”

Dinampot ni Bob ang kaniyang kopya ng *The Finished Mystery* at sinimulang buklatin ang mga pahina nito. “Ang pinakamaagang petsa sa aklat na ito ay 1874, na itinakdang siyang panahon ng ikalawang pagparito ni Kristo. Mababasa ninyo ang mga tiyak na reperensya nito sa mga pahinang 54, 60, 68, 71, 368, 377, 386 at 395. Ito ay itinuro ng Watchtower bilang katotohanan sa loob ng limampung taon, at matapos ay ibinasura. Katulad na pangyayari din ang naganap sa petsang 1878, na sa loob din ng limampung taon, ay sinabing siyang panahon ng pagkabuhay na muli ng mga banal. At ipinasiya ng Watchtower na sila’y nagkamali at nagtakda ng ibang petsa ukol sa pangyayari. Ngunit ang 1878 ay mababasa sa buong tomong ito sa mga pahinang 64, 182, 453, 539...”

“Tama na para sa bagay na iyan, Bob,” wika ni Lorna habang maingat na isinusulat niya ang bawat reperensyang nabanggit sa kaniyang notebook. “At kailan mo iniisip na pinalitan ng Watchtower ang petsa ng pagkabuhay na muli noong 1878?”

“Makikita ninyo dito sa aklat na *From Paradise Lost to Paradise Regained* na kinuha ni Bob sa sariling aklatan ni Lorna. Binuklat niya sa pahina 192 at binasa ang parapo 30, habang masinop na tinitingnan ni Lorna ang bawat salita: ‘Isa sa maraming katotohanang nagpapaliwanag na kaloob ngayon ng Dios sa Kaniyang mga Saksi ay tungkol sa mga kaanib ng espirituwal na bansa ng Dios na nangamatay nang pisikal. Ito ay taong 1927. Nang taong iyon ay naunawaan ng mga saksi na ang mga patay na espirituwal na Israelita ay binuhay na mag-uli sa buhay noong 1918 kasama ni JesuKristo sa langit. Siyempre naman, iyon ay pagkabuhay na muling di nakikita.’”

Itinala din ni Lorna ang reperensya. “May ibang petsa ka pa ba mula sa *The Finished Mystery*?” tanong niya.

“Opo. Tingnan natin ang taong 1918, na inihulang panahon na wawasakin ng Dios na lahatan ang mga iglesya at ang mga milyon-milyong kaanib ng iglesya sa isang nakakatakot na rebolusyon.”

“Sa buong buhay ko ay di ko pa narinig ang bagay na iyan!” pasok ni Lorna. “Ibigay mo sa akin ang mga reperensya.”

“May sapat,” wika ni Bob. “Ilista ninyo ang mga pahinang 398, 402, 404-405, 485, 513 at 515, habang babasahin ko ang ilang sitas: ‘....ng taong 1918, nang wasakin ng Dios na lahatan ang mga iglesya at ang mga milyon-milyong kaanib ng iglesya.’ ‘...sa taong 1918 nang ang bilang isang sistema ang Kristianismo ay lulusong sa kawalan (Sheol) upang palitan ng mga rebolusyonaryong mga republika.’ ‘Ang Kristianismo ay mahihiwalay sa maikli ngunit kakilakilabot na panahong magsisimula sa 1928 A.D...’

“At nariyan din ang taong 1920,” patuloy pa ni Bob, “na inihula ng Watchtower na magtatakda ng pagkawasak ng mga republika sa isang pansanlibutang anarkiya, tulad ng paglalarawan sa mga pahinang 179, 258 at 542.”

“Mukhang pinag-aralang mong mabuti ito, Bob,” wika ni Lorna habang tinapos ang pagsulat ng mga reperensya.

“Ang pagtanggap ko kay Kristo bilang aking personal na Tagapagligtas at pagsunod sa katotohanan ay buhay o kamatayan para sa akin, Inay. Sinasabi ng Biblia, ‘Ang Aking bayan ay mapapahamak sa kakulangan ng kaalaman,’ ay maaaring iangkop sa ating lahat. Gayunman, balikan natin ang ilan sa mga petsang itong itinakda ng Watchtower.”

“Mayroon ka pa ba?” pagod nang tanong ni Lorna.

“Mayroon pa,” masiglang tugon ni Bob, “at ang mga ito ang pinakainteresanteng lahat—ang petsang 1915, na binago sa 1925, na hula sa pagtatatag ng kaharian ng Palestina. Ito ay nasa pahina 128 ng aklat na ito: “May ebidensya na ang pagtatatag ng Kaharian ng Palestina ay maaaring sa 1925, sampung taong makalipas na ating sinuma.’

“Ang hulang ito di nagtagal ay binuo sa aklat na sinulat ni Hukom Rutherford na may pamagat na *Millions Now Living Will Never Die*. Sa katunayan, may dala akong kopya nito at ipapakita ko sa inyo.”

Inilabas ni Bob sa kaniyang bag ang isang berdeng aklat habang nagsalita si Nanna, “Maraming taon na mula nang makakita ako ng isa sa mga iyan.”

“Wala ba kayo nito sa bahay mo, Nanay?” tanong ni Lorna.

“Wala,” tugon ng matandang ina. “Sinunod namin maraming taon ang lumipas ang lahat na aming mahawakan. Nakakalungkot na iyon ay nailimbag pa.”

“Bakit?” tanong ni Lornang namamangha.

Forty days after Christ's resurrection His ascension occurred. This confirms the hope of the Church's glorification forty years (a year for a day) after the awakening of the sleeping saints in the Spring of 1878. The seven days before the Deluge may represent seven years.

1878

THE TRUE REFORMATION WOE

167

1874

10:1. And I saw another angel.—"The Messenger of the Covenant," the Lord Jesus.—Mal. 3:1.

Come down from Heaven.—At the time of the Second Advent, Oct. 1874.—Rev. 3:20.

Clothed with a cloud.—"He cometh with clouds;" and

To give unto her the cup of the wine of the fierceness of [His] THE wrath.—The wine of the vine of the earth.—Rev. 14:17-20; Jer. 8:14; Isa. 51:17-20; Jer. 25:26-28; Rev. 18:6.

1920

16:20. And every island fled away.—Even the republics will disappear in the fall of 1920.

485

1918

he that escapeth in that day shall come unto thee, to cause thee to hear it with thine ears?—Also, in the year 1918, when God destroys the churches wholesale and the church members by millions, it shall be that any that escape shall come to the works of Pastor Russell to learn the meaning of the downfall of "Christianity."

the death of Abel and still continues. No doubt Satan believed the Millennial Kingdom was due to be set up in 1915; and no doubt, also, he knew that seven years prior to the time of the setting up of that kingdom the restraints upon the evil spirits would be lifted. Be that as it may, there is evidence that the establishment of the Kingdom in Palestine will probably be in 1925, ten years later than we once calculated.

1925

Ilan sa mga maling petsa at hulang masusumpungan sa aklat na *The Finished Mystery*.

Umiling si Nanna. “Itago mo na ang aklat na iyan, Bob,” samo niya. “Hindi kami talagang interesadong madinig ang sinasabi diyan. Iyan ay maraming taon nang nakalipas.”

“Ngunit, Nanay, nais kong mapakinggan,” tugon ni Lorna. “Sige, Bob, gusto kong madinig ang punot-dulo nito.”

“Kung gayon naririto. Taong 1925 ay inihulang si Abraham at iba pa ay muling bubuhayin at ang kaharian ay itatatag. Babasahin ko sa inyo. Ang mga reperensya ay nasa pahina 88-90 at muli sa 97.

“‘Ang pangunahing bagay na isasauli ay ang buhay sa lipi ng tao; at sapagkat ang ibang mga kasulatan ay nagtatakda ng katunayang magkakaroon ng pagkabuhay na muli ni Abraham, Isaac, Jacob at iba pang mga tapat noong sinaunang panahon, at sila ang tatanggap ng unang pabor, maaaring ating asahang ang 1925 ang sasaksi sa pagbabalik ng mga tapat na ito ng Israel mula sa kalagayan ng kamatayan, na muling nabuhay at lubusang naisauli sa sakdal na katauhan at ginawang nakikita at legal na mga kinatawan ng bagong kaayusan ng mga bagay sa lupa.’ –pahina 88. Dagdag pa: ‘May kompiyansang maaasahan natin ang 1925 bilang pagbabalik ni Abraham, Isaac at Jacob, at ng mga tapat na sinaunang propeta.’ –pahina 89 at 90.

“Narito ang larawan ng bahay na itinayo ni Hukom Rutherford upang estimahin sina Abraham, Isaac at Jacob, at ang iba pang mga prinsipeng kapag sila ay muling binuhay na. Tinawag niya itong ‘Beth-Sarim’ na nangangahulugang Bahay ng mga Prinsipe.’ Ito ay nasa San Diego, California, pa hanggang ngayon.” Ipinakita ni Bob kay Lorna ang larawan.

“Totoo ba ito?” tanong niya.

“Matatandaan mo ang aklat na ito, hindi ba Nanna?” tanong ni Bob, na itinaas ang aklat na *Salvation*.

“Oo,” tugon ng matandang babae, “nilimbag iyan sa pasimula halos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.”

“Narito sa pahina 312 ang isang drawing ng Beth-Sarim, na tulad ng inyong makikita na halos kapareho ng larawang ito na kinuha di pa nagtatagal. Sa ilalim ng ‘Beth-Sarim’ sa pahina 311 ay sinasabi doon ang lahat tungkol sa dakong ito, at kung paano ito ay natayo para sa mga prinsipeng maninirahan doon. Ngunit sa kasamaang-palad, ang mga prinsipeng kailanma’y di nagbalik!”


Iniabot ni Bob kay Lorna ang aklat.

“Ah, dito pala nanggaling iyan,” wika ni Lorna. “Ngayon ay pasimula nang mabuo ang mga bagay. Kagabi ay nabasa ko sa *Divine Purpose* ang tungkol sa aklat na *Millions*, at nabasa ko sa pahina 110 ang isang pangungusap tungkol sa 1925 bilang isang ‘taon ng dakilang pagsubok sa marami sa bayan ni Jehoba.’ Marami, ang wika doon, ay umalis sa Society at nagbalik sa sanlibutan.”



Sa *Salvation*, p. 311 ay inilalahad kung paanong ang Beth-Sarim, “Bahay ng mga Prinsipe,” ay itinayo sa San Diego, California, USA, upang maging tirahan ni Abraham, Isaac, Jacob at iba pang nabanggit sa Hebreo 11, kapag sila ay muling binuhay na dito sa lupa.

Sa *Millions Now Living Will Never Die*, pp. 88-90 ay inihulang ito ay magaganap noong 1925.



Gayunman, sa *The Way to Paradise*, pp. 224-228 ay sinabing si Abraham at ang mga Prinsipe ay tutungo sa Jerusalem—hindi sa California—na doo'y matatawagan sila sa pamamagitan ng telepono at maisasaayos na ang kanilang mga mahal sa buhay ay mabuhay na mag-uli upang sila ay makapagsagawa ng mga kailangang paghahanda para sa kanila.

Matapos maitayo ni Hukom Rutherford ang mansiyong ito, siya ay nanirahan dito “upang hintayin ang pagdating ng mga Prinsipe.” Namatay siya noong 1942.

“Iyon ay malaking kabiguan,” wika ni Nanna, “ngunit sa kabilang dako ay may malaking buting nagawa. Napaalis silang hindi mananatiling tapat sa Watchtower.”

“Tunay nga,” wika ni Bob. “Kung tama ang naalaala ko sa aking napag-aralan, sa mga taong iyon ay mga ikatlo sa apat na bahagi ng mga estudyante ng Biblia ay nawalan ng tiwala sa Watchtower. Sa panahong iyon din, ang aking ina, sa pagmamasid sa kaguluhan, ay nadamang hindi ang Watchtower ang daluyan ng katotohanan ng Dios, at naghanap ng isang bayang magtuturo ng dalisay na katotohanan ng Biblia, malaya mula sa mga teoriya ng tao. Ito ay kaniyang nasumpungan sa Iglesia Adventista del Septimo Dia.”

“Pero, Bob,” tutol ni Lorna, “Kailangang gamitin ng Dios ang tao bilang Kaniyang mga tagapagsalita, at sila ay mga tao lamang.”

“Lagi nating alalahanin,” tugon ni Bob, “na kapag gumamit ang Dios ng mga tao bilang Kaniyang mga bibig at labi, sila ay Kaniyang pinapatnubayan sa pamamagitan ng Espiritu Santo. At dapat nilang ibigay ang malinaw na pabalita bilang katotohanan. Ang pabalita ni Noe bago magkagunaw, ang mga pabalita ni Lot bago lumisan sa Sodoma, at mga babala ni Elias, Isaias at Jeremias ay mga maliwanag na katotohanan.”

“Ngunit ang mga lalaking iyon ay mga propeta,” sagot ni Lorna. “Sina Russell at Rutherford ay di mga propeta.”

“Ngunit sa aklat ni Marley Cole na *Jehovah's Witnesses, the New World Society*, ay inilalarawan niya si Charles T. Russell bilang ‘pangunahing propeta ng milinaryo.’”

“Ang aklat ni Marley Cole ay hindi opisyal na limbag ng Watchtower. Natitiyak kong hindi iyan inaangkin ng Watchtower.”

Muli ay dinampot ni Bob ang aklat na *The Finished Mystery*. Pagbuklat sa pahina 378 ay binasa niya na inaangkin ng Watchtower na si Pastor Russell bilang siyang katuparan ng Ezequiel 2:5: “At sila sa didinggin man nila o itatakwil man nila (sapagkat sila’y mapanghimagsik sa sambahayan), gayunman ay matatatastas nilang nagkaroon ng propeta sa gitna nila.”

“Siguro naman ay maaari ngang magkaroon ng mga propeta sa mga huling araw, tulad sa panahon ng Biblia,” wika ni Nanna. “Bagamat hindi namin karaniwang tinatawag sina Pastor Russell at Hukom Rutherford sa papel na ito, tunay namang ginamit sila ni Jehoba bilang Kaniyang Tagapagsalita sa pamamagitan ng Watchtower.”

“Um,” mahinang wika ni Lorna, “nakikita ko ang aming problema kung gayon. Kung sila nga ay mga tunay na tagapagsalita ng Dios, bakit sila nagbigay ng mga maling hula o nagtakda ng maling petsa? Iyan ba ang naging problema mo, Bob, sa pag-aaral mo ng Watchtower?”

“Opo,” wika ni Bob, “pati na ng mga aral nito.”

“Bigyan mo kami ng halimbawa ng mga aral na iniisip mong mali,” hiling ni Lorna.

“Hindi ako ang nagsasabing ang mga iyon ay mali,” tugon ng kabataan. “Ang Watchtower ang nagsasabi nito; kung hindi ay di sana iba ang kanilang itinuturo ngayon. Halimbawa na lamang, ang aklat ng ito na *The Finished Mystery*, na alam nating itinuring na pangunahin ng Watchtower. Ito ay halos komentaryo ng mga hula ng Apocalipsis at Ezequiel, ang mga pag-aangkop nito ay halos ibinasura na ng mga limbag ng Watchtower. Gayundin ang mga hula ng pyramid, at ang mga iniaangkop sa literal na pagbalik ng Israel sa Palestina, ay tinatanggihan na ngayon.”

“Iniisip mo kung gayon na ang ‘bomba’ ay sumabog na pabalik sa amin, Bob?” natatawang sinabi ni Lorna.

“Nanay, sinabi mong ako ay magiging mabuting Saksi, ngunit nais ko ng isang organisasyong may matibay na pundasyon ng katotohanan. Mula sa pagkakatatag nito ay inangkin ng Watchtower na ito ang daluyan ng katotohanan ng Dios. Ngunit ang pabalik-balik na problema sa akin ay yaong ang dating itinuro ng Watchtower na katotohanan, ay itinuturo nang kamalian ngayon. Sa kabilang dako, kung ito ay nagtuturo ng katotohanan ngayon, kung gayon ay nakapagturo ito ng maraming kamalian sa kalakhang bahagi ng kaniyang kasaysayan. Hindi ganyan ang paraan ng paggawa ng Dios.”

“Hindi ko iniisip na ang Watchtower ay nag-angkin na siyang daluyan ng katotohanan sa mga unang panahon nito, Bob,” mungkahi ni Lorna. “Noong 1919 nagsimula na ang Espiritu ni Jehoba ay humayo at gumising sa Society na magturo ng katotohanan.”

“Mainam kung gayong bigyang pansin na nang dumami ang gayong gawain, ang aklat na kanilang naipagbiling maramihan ay ang *The Finished Mystery*. Sa pahina 144 ay sinasabi ng aklat na ito, ‘ANG WATCHTOWER BIBLE AT TRACT SOCIETY ang pinakamalaking korporasyon sa sanlibutan, sapagkat sa mula sa panahon ng organisasyon nito hanggang sa gamitin ng Panginoon ito bilang Kaniyang daluyan upang ipahayag ang Mabuting Balita ng Dios.’ Ito ay isa pang kahirapang kailangang ayusin.”

“Ito ang suma ng lahat kung gayon,” wika ni Lorna, “kung maaayos ko ang mga problemang ito, magiging isa kang Saksi ni Jehoba?”

“Kung makukumbinsi mo ako na ang Watchtower ang daluyan ng katotohanan ng Dios, ng daan ng kaligtasan, at nagtuturo ng katotohanan ng Biblia, tiyak na ako ay magiging isang Saksi, Nanay,” sang-ayon ni Bob. “Sa kabilang dako, kung maipapakita ko sa inyo na ang mga Adventista del Septimo Dia ang sumusunod sa katotohanan, susunod ba kayo sa Panginoon at magiging Adventista?”

Napahalakhak si Lorna Stevens sa isipang iyon, ngunit hinangaan

niya ang sigasig ni Bob. “Bob, kung makukumbinsi mo akong taglay ng mga Adventista del Septimo Dia ang katotohanan, hindi ako magiging isang Adventista, pero bibigyan kita ng isang biik!”

“Dapat ay ang pinakamaganda mong biik na si Bessie ang ibibigay mo,” pahalakhak ding dagdag ni Nanna.

Ngumiti si Bob at tumayo na upang umalis. “Bayaan na lamang nating ang Espiritu Santo ang umakay sa atin,” wika niya, at nagpaalam na sa dalawang babae.

Nang makaalis na ang kotse ni Bob ang dalawang babae ay nakangiti sa suhestyong sila ay magiging iba kaysa sa pagiging tapat na Saksi ni Jehoba.

Dumating si John na asawa ni Lorna, na nakarinig ng huling salita ni Bob at nagtanong ito, “Ano itong nadinig ko na kayo ay magiging mga Adventista del Septimo Dia?”

“Ah, wala naman kaming gayong intensyon,” wika ni Lorna. “nakikipagbiruan lamang kami sa kanilang ministro.”

“Ah gayon pala,” wika ng lalaki.

“Maaaring may mga problema siya na maniwala sa Watchtower bilang daluyan ng katotohanan ng Dios,” wike ni Lorna, “ngunit lilinawin namin ang lahat, sapagkat nasa atin ang katotohanan, at ito; y sa pamamagitan ng Watchtower.”✍

3

1914 at Lahat Pang Iba!

Nanay, parang nagmamadali kayong makatapos sa mga gawain ninyo ngayong gabi,” wika ni Gary sa pag-upo nila sa hapunan. “Oo, anak. Kami ni Nanna ay pupunta sa kaniyang bahay ngayon para sa ilang minuto lamang,” tugon ni Lorna.

“Para ano?” dagdag ni Mary.

“Sapagkat may iniingatan si Nannang ilang aklat ng Watchtower sa kaniyang baul, at gusto niyang ibigay sa akin.”

“Ang galing, Nanay,” wika ng bunso. “Dadalhin ko iyon sa pagsama ko sa iyo sa pagsaksi mo uli.”

“Ewan ko, Anak,” bantulot na wika ni Lorna. “Siguro ay mas mabuti para sa mga tao ngayon ang mas bagong limbag natin.”

“Pero luma ang Biblia, at dinadala natin iyon,” tugon nito.

Hindi na nagsalita pa si Lorna, ngunit ang mga salitang “ang Biblia ay luma, at dinadala natin iyon” ay umaalingawngaw sa kaniyang pandinig. Naisip niya kung paanong si Jehoba na rin ang nagsabi, “Ako si Jehoba; hindi ako nagbabago.” Ngunit sa araw na iyon ay nahamon siya sa kaniyang mga sariling aklat ng Watchtower na ang mga nilalaman ay nabagong radikal sa loob lamang ng ilang maikling dekada.

Dalawang oras makalipas, nakabalik na sina Lorna at Nanna. Nakatapos na rin ang mga bata sa kanilang homework at tulog na. Si Valmai na tapos na sa pag-aaral at nagtatrabaho sa kalapit na bukid kung araw, ang sumalubong sa kaniyang nanay at lola.

“Ang dami naman ninyong dalang libro!” wika niya. Tumulong ito sa kaniyang nanay na dalhin ang mga aklat sa loob ng bahay, samantalang si Nanna ay paugod-ugod na lumakad sa tulong ng kaniyang tungkod.

“Ingatan mo ang librong iyan na nasa ibabaw, Val,” wika ni Lorna. “Iyan ang aklat na tanging sinadya ko.”

Tiningnan ni Val ang aklat sa liwanag ng ilaw sa kusina, at nabasa ang pamagat: *The Finished Mystery*. “Hindi ko naalaalang nakita ko kailanman ang aklat na ito,” sabi niya. Inilapag niya ang mga aklat sa mesa, ay nagpaalam na upang magpahinga.

Tahimik na nagsimula si Nannang maggantsilyo. Wala naman si John sapagkat dumalo sa opulong ng distrito kayat naisip ni Lornang malaya siyang makapagbabasa ng mga aklat sa gabing iyon na walang sagabal, upang makita ang lahat ng sinabi ni Bob nang hapong iyon.

Wala pang kalahating oras ang lumipas ay nadinig niya ang kilala nang tunog ng kotse ni Clarice na papasok sa looban. Sana'y mas mahabang oras pa ang naging pagbabasa niya upang kaniyang maituwid si Clarice. Ngunit, sa kabilang dako, nananabik din siyang makita ito upang makausap.

Pumasok si Clarice na masaya. Ipinaliwanag niyang si Paul ay tinawagan upang tumulong sa kalapit bukid sa gabing iyon. Tumawag siyang magbabantay sa bata upang makaalis ng mga dalawang oras man lamang.

“Kumusta, Nanay, ang usapan ninyo ni Bob kanina?”

“Mabait siyang tao at taimtim,” wika ni Lorna, “ngunit umaasa siyang maniniwala ako sa lahat niyang sinabi!”

“Hindi ba kayo naniwala?”

“Siyempre naman ay hindi ano. Ngunit tinitiyak ko lamang ang mga sinabi niya, sa mga lumang aklat na naitago ni Nanna. Kinuha namin ngayonng gabi sa kaniyang kubo ang mga ito.”

“Ano ba ang mga hinahanap ninyo?”

“Hanggang sa puntong ito ay nasumpungan kong tama ang kaniyang sinabi,” pag-amin ng ina.

“Alam mo, Inay, wala pa akong maling nadidinig sa kaniya. Dumaan siya kaninang umaga at nag-iwan sa akin ng isang aklat, at nag-usap kaming sumandali.”


“May isang bagay lamang tungkol kay Bob at sa mga petsang iyon,” pansin ni Lorna. “Napansin kong nang inililista niya ang mga hulang kaugnay ng mga petsa na sinabi niyang mali, mayron siyang sinikap na iwasang banggitin—ang 1914. Ito ay isang petsang hindi maikakaila ng Kristianismo, at ito ang pinakapundasyon ng mga aral natin sa Watchtower.

“Sa petsang 1914 ay nagwakas ‘ang kapanahunan ng mga Hentil’, ang ‘panahon ng kawakasan’ ay nagsimula, ang pagdating ni Kristo sa kaharian ay naganap, at gayundin nang si Satanas ay itapon mula sa langit. Ito ang batayan ng mga aral ng Society, hindi ang mga ibang petsang 1875 o 1925 na binanggit ni Bob. Kung kayat ang aking pananampalataya ay di natitinag.”

“Pero, Nanay, hindi ba niya ipinaliwanag sa inyo na ang 1914 ay kapwa di naganap sa kasaysayan at walang pundasyon sa Kasulatan?” tutol ni Clarice.


“Paano?” tanong ng inang di makapaniwala.

Alam ninyo kung paanong sa aklat na *Paradise* ay ipinaliliwanag na



Litratista: Deane Jackson, 1983)

Ang may-akda na hawak ang tabletang VAT 4956, sa East Berlin Museum. Malinaw na itinatakda nito ang 587/586 B.C. bilang ika-19 taon ni Nabucodonosor, nang kaniyang wasakin ang Jerusalem, at hindi 607 B.C. ayon sa itinuturo ng Watchtower Society.



Mga lathala ng Watchtower noong 1971-1941. Marami sa mga babasahing ito ang kumuha ng mahalagang papel sa kasaysayan sa aklat na ito, at ang mga huling desisyon na ginawa bilang tugon sa tanong na: "Ang Daluyan ng Katotohanan ng Dios-Ang Watchtower Ba?"

ang 2,520 taon ng ‘kapanahunan ng mga Hentil’ ay nagsimula noong 607 B.C., nang ang teokrasiya ay nagwakas at dinukit ang dalawang mata ni Zedekias na huling hari ng Juda at nadalang bihag sa Babilonia ni Nabucodonosor; at sa gayon ay nagwakas noong 1914?”

“Opo,” bantulot na tugon ni Lorna.

“Ngunit hindi ito nagsimula noong 607 B.C., sapagkat hindi 607 B.C. nadalang bihag si Zedekias tulad ng aral ng Watchtower kundi noong 586 B.C., higit na dalawampung taon makalipas. Kung kayat ang petsang 1914 na batay sa hulang 2,520 taon na aral ng mga limbag ng Watchtower ay bagsak na agad!”

“Huwag kang padalos-dalos, Clarice,” payo ng ina. “Tiyakin muna natin, at tingnan natin kung ano ang nakasulat sa aklat na iyang *Paradise*.

Matagal na siniyasat ni Lorna ang *Paradise*, hanggang sa mamarkahan niya ang mga pahina 103 at 172-173. “Naritong lahat,” wika niya habang sinisimulan niyang siyasatin ang mga pangungusap. Sinasabi dito na malinaw na tinanggal ni Nabucodonosor si Zedekias sa trono noong 607 B.C. Ano ang mali doon?”

“Hindi noong naganap, Nanay. Kundi noong 586 B.C. Bawat mapagkakatiwalaang tala ng kasaysayan ay magpapatibay noon. Nagtungo akong tangi sa aklatan upang tiyakin iyon.”

“Ang mga binasa mo marahil ay may kiling.”

“Ngunit, Inay,” dagdag ni Clarice, “isang otoridad ang nagsabing ang mga huling ebidensya ng arkeolohiyang nasumpungan sa isang tapyas na kilala bilang V.A.T. 4956 sa Berlin Museum ay nagpapatunay na walang alinlangang ang 586 ang tunay na petsa, at hindi 607 tulad ng itinuturo ng Watchtower.” Inilahad ni Clarice sa ina ang talaan ng mga reperensya at siping kaniyang itinala.

“Ako mismo ang titingin,” wika niya habang kinukuha ang kopya ng *Smith’s Bible Dictionary*. “Sa loob ng maraming taon ay ginamit namin ito sa aming mga miting ng Society upang tiyakin ang mga bagay-bagay, kayat interesado akong malaman kung ano ang sinasabi nito.”

Tiningnan niya ang seksyon ng “Zedekias.” “Narito,” inihayag niyang may tiwala, at binasa. “Si Zedekias ay dalawamput-isang taon lamang nang siya’y ilagay sa pamamahala na kahariang wasak, 597 B.C. Ang kaniyang kasaysayan ay nalalaman sa isang maikling paglalarawan ng kaniyang paghahari sa 2 Hari 24:17-25:7.’ Nakita ninyo! Hindi sinasabing 586 B.C., ngunit natitiyak kong maisasayos natin ito, at makikita nating ang petsa ay 607 B.C., kapag ating idinagdag ang mga taong naghari siya bago siya hulihin.”

“Ngunit ito ay B.C., hindi A.D., Inay,” paliwanag ni Clarice. “Tandaang kailangang magbilang tayo pabalik, at hindi pasulong.”

“Ah siya nga pala,” tanggap ng ina, “Naguguluhan ako. Kung gayon

ay maaaring nagkakamali tayo. Pero tingnan natin ang 1 Hari 25 sa Biblia at tingnan nating maingat ang bawat detalye.”

Dinampot ni Clarice ang isang maliit, kulay granateng bersyon ng King James na lathala ng Watchtower at binuksan sa kabanata. Binasa niya ang unang talata, na nagsasabing kinubkob ni Nabucodonosor ang Jerusalem sa ikasiyam na taon ng paghahari ni Zedekias, at pinansing ang Biblia ay tumututukoy sa petsang 586 B.C., sa puwang sa tabi nito. At ang mga kasunod na talata ay naglahad ng pagbagsak ng siudad dalawang taon matapos. Ang mga mata ni Zedekias ay dinukit at dinala siya sa Babilonia sa kaniyang ikalabing-isang taong paghahari.

Masinop at tahimik na siniyasat at siniyasat pa ni Lorna at Nanna ang mga pangungusap at pahayag.

“Nakita mo na, Inay,” wika ni Clarice. “Ang Smith’s *Bible Dictionary* ay naglalahad na si Zedekias ay nagsimulang maghari noong 597 B.C. at ang Biblia ay nagsasabing siya ay binihag sa kaniyang ikalabing-isang taong paghahari na tatapat sa 586 B.C. At ang Bibliang lathala ng Watchtower ay may 588 B.C. sa puwang bilang petsa ng pagkubkob sa siudad, at ito ay bumagsak dalawang taon makalipas, at ito ay sa 586 B.C.”

“Magaling namang ang dalawang lathala ng Watchtower ay magkasalungat na tulad nito!” sambitla ni Lorna. “Ano ang iniisip mo, Nanay?”

“Ano pa ang maiisip ng sinuman?”

“At hindi pa iyan ang lahat, Inay,” patuloy ni Clarice. “Ang 2,520 taon ay kinuha mula sa hula ng Daniel 4, tungkol sa ‘pitong ulit’ o pitong taong si Nabucodonosor ay nasiraan ng bait, na ang pitong taon ay may 2,520 araw, ang bawat araw ay katumbas ng isang taon. Datapwat, sa Daniel 4 ay walang kaugnayan kay Nabucodonosor at sa anumang katuparan matapos ang panahong ito, sapagkat sa Daniel 4:28 ay sinasabi ng Biblia, ‘Lahat na ito ay naganap kay Nabucodonosor.’ Kung sinasabi ng Bibliang naganap ito kay Nabucodonosor ay wala na sa Kasulatang iangkop pa ito, tulad ng turo sa atin ng Watchtower, sa isang panahon sa hinaharap, na lubusang hiwalay kay Nabucodonosor. Kung kayat ang 1914 ay kapwa mali ayon sa kasaysayan at sa Biblia.”

“O, Clarice,” wika ni Lornang halos nanlalambot na, “ano pa ang susunod na makakaharap natin? Sana ay di natin nakatagpo pa ang Bob na ito!”

“Gayunman, Inay,” wika ni Clarice, “ang aral tungkol sa 1914 kaugnay ng mga pangyayari sa ikalawang ‘pagparito’ o *parousia* ni JesuKristo sa Kaniyang kaharian, ay di rin maipagkakasundo sa mga turo ng Biblia sa di kukulangin sa anim na punto.”

“Ngayon, Clarice, ano ba ang aral ng mga Adventista tungkol sa *parousia*?” tanong ni Lorna.

“Ito ang kanilang paniniwala, Inay.” Inilabas ni Clarice mula sa kaniyang bag ang isang maliit na aklat na may pamagat na *Our Lord's Return*, na sa pabalat ay may larawan ng literal at hayag na pagbabalik ni Kristo kasama ang mga anghel sa mga alapaap ng langit. “Naniniwala silang ito ay magaganap sa Armageddon.”

“Ah, di ko mapapaniwalaan iyan!”

“Ngunit, Inay, tingnan mo ang ilan sa mga talata sa Biblia, tulad ng Apocalipsis 1:7 na nagsasabing ‘Bawat mata ay makakakita sa Kaniya’?”

“Oo nga, pero iyon ay espirituwal na mata ng pagkaunawa lamang. Nang ang *parousia* ay naganap noong 1914, ang mga espirituwal na paningin ng mga tapat na lingkod ng Watchtower ang nakakakita ng pagpapahayag ng Kaniyang presensya.”

Napasimangot at napakunot ang noo ni Clarice, at nagtanong, “Inay, kung iyan ay totoo, bakit tatlong taon makalipas noong 1917, ang Watchtower ay nagpalabas ng isang aklat na nagsasabing ang ikalawang pagparito ni Kristo ay naganap noong 1874?”

Natahimik si Lorna habang naisip niya sa ilang sandali ang *The Finished Mystery*.

“Isa pang bagay, Inay, sa Mateo 24:30 ay sinasabi ng ating Bibliang New World, ‘At ang tanda ng Anak ng tao ay makikita sa langit, at ang lahat ng mga lipi sa lupa ay dadagukan ang kanilang sarili sa panaghoy, at *makikita* nila ang Anak ng taong dumarating sa mga alapaap ng langit sa kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian.’” Hindi lahat ng lipi sa lupa ay may espirituwal na pagkaunawa, ngunit makikita nila Siya. Magtataka ka tuloy kung ito ay hindi talagang literal na pagdating.

“May isa pang sitas na isa pa ring problema. Ito ay sa I Tesalonica 4:15-17, na naglalarawan kung paano ang pagdating o presensya ng Panginoon. Siya ay bumababa mula sa langit na may tinig ng arkanghel, may malakas na sigaw, may tunog ng pakakak ng Dios, at ang mga nangamatay kay Kristo ay babangon sa sandaling iyon. Sila ay aagawin sa langit kasama ng mga natitirang buhay sa panahong iyon upang salubungin ang Panginoon sa langit. Palagay ko sa pahayag at ingay na iyon na malalaman ito ng bawat isa, at hindi maaaring ito ay naganap noong 1914.”

“Clarice, unawain mo munang ang mga binuhay noon ay ang klase ng 144,000 na dinala sa langit. At iyon ay di hayag na pagkabuhay na muli.”

“Ngunit, Inay, kung ang binuhay na muli ay ang klase ng 144,000, bakit hindi lahat ng klase ng 144,000 na nabubuhay noon sa lupa ay, ‘kasama nila....ay inagaw sa mga alapaap upang salubungin ang Panginoon sa langit’ tulad ng sinasabi sa Biblia? Biglaan sanang nangawala sila, at siyempre din, hindi ito naganap noong 1914.”

“O, Clarice,” wika ng ina, “hindi ganyan kasimple ang lahat. Dapat

na higit mo pang basahin ang mga aklat ng Watchtower, at saka mo lamang mauunawaang maliwanag.”

“Ngunit, Inay, isang taong singkad ko nang binabasa ang mga lathala ng Watchtower at walang katuturan sa Biblia akong nasumpungan, di tulad sa ilang araw na natutuhan ko sa mga Adventista. Narito pa ang isa,” patuloy ni Clarice. “Ayon sa 2 Tesalonica 2:8 ang mga masasama ay wawasakin ng ningning ng *parousia*, o pagparito. Paano nangyari iyon noong 1914?”

“Sa espirituwal uli iyon. Sa pagpapalaganap ng mabuting balita ng kaharian sa ningning at tagumpay, ang mga masasamang tumanggi nito ay napasailalim ng hatol ng walang hanggang kamatayan at wawasakin sa mabuting ‘balita’ na Kaniyang ‘presensya.’”

“Inay, iniisip mo ba talagang ang paliwanag na ito ng Watchtower ay kasiyasiya? Bukod sa katunayang hindi nila nalaman sa loob ng ilang taon matapos noong 1914 na naganap na ang presensya ni Kristo, sa ibang bahagi ng Biblia (tulad ng Lucas 17:26-30 at Mateo 24:36-39) ang ‘presensya,’ ‘pagparito,’ o ‘pagpapahayag’ ng Anak ng tao ay inihalintulad sa paglabas ni Lot sa Sodoma nang ito’y wasakin, o tulad nang si Noe ay pumasok sa daong at dumating ang Gunaw at nilunod silang lahat. Inilalarawan ito bilang biglaang pangyayari at di inaasahan ng masasama, na pumalis sa kanilang lahat na magkakasama sa pagkawasak na parang katulad ng Armageddon. Habang sinisiyasat ko ang mga talata, lalo akong naniniwalang ang mga Adventista ay tama. Natitiyak kong ang mga ito ay hindi naganap noong 1914, kundi sa hinaharap pa.”

“Bigyan mo nga ako ng listahan ng mga talatang iyan, at pag-aaralan ko pag-alis mo,” wika ni Lorna, at muli niyang kinuha ang kaniyang *notebook* at lapis.

“Bibigyan kita ng ilan pa, Inay, at mabuti pang umuwi na muna ako at baka dumating si Paul nang mas maaga sa aking inaasahan. Mabuti pa sigurong iwanan ko sa iyo ang aklat na ito at masusuri mo ang mga talatang nakasulat diyan. Ngayon, ano na ba ang nabanggit ko? Nabanggit ko na ang ‘bawat mata ay makakakita sa kaniya, pagkabuhay na muli ng mga patay at paglipat ng mga buhay, at pagkawasak ng mga masasama; lahat na ito ay magaganap sa pagparito ni Kristo, ngunit hindi noong 1914. At, may isang punto nga pala tungkol sa pagdaraos ng serbisyo ng Memorial, o ang tinatawag ng mga iglesyang serbisyo ng ‘komunyon’.

“Sinasabi sa 1 Corinto 11:26 na ang serbisyong ito ay idaraos hanggang sa dumating Siya, tulad ng sinasabi ng ating Biblia ‘hanggang sa dumating Siya.’ Kung si Kristo ay naparito na noong 1914, bakit pa natin isinasagawa ang Memorial Service sa bawat taon?”

“Ano ang reperensya niyan, at akin ding sisiyasatin,” pagod nang

wika ni Lorna.

“May isang punto na lang akong iiwan sa iyo, Inay, sa paksang ito: Kung si JesuKristo ay pasimulang naghari noong 1914, sana ay natapos na Niya ang Kaniyang gawain bilang ating Punong Saserdote ayon sa paglalarawan sa Hebreo, na ‘Siya’y laging nabubuhay upang mamagitan’ para sa atin. Tulad ng nakasulat sa ating Biblia sa Hebreo 7:25, ‘Dahil dito ay makapagliligtas siyang lubusan na lumalalpitan sa Dios sa pamamagitan niya, sapagkat siya’y laging nabubuhay upang sumamo para sa kanila.’ Kung nagpasimula Siya ng gawain ng paghahari, at natapos na ang Kaniyang gawain bilang ating tagapamagitan na sumasamo para sa atin upang iligtas tayo, kung gayon ay wala na bang maliligtas pa mula noong 1914?”

Mabilis na tumingin si Clarice sa kaniyang relos at bago namalayan ni Lorna ay nakaalis na ito.

Naiwan si Lornang nakaupong parang namamalikmata. Pinanukala niyang ituwid si Clarice, ngunit sa halip, si Clarice ay—ano na nga ba ang ginawang ito ni Clarice sa kaniya? Walang salitang iiling-iling si Nanna; at nagpaalam na upang matulog. May bagabag na puso, si Lorna ay naiwang mag-isa upang siyasating masinop ang mga talatang binanggit ni Clarice at ang mga problemang ibinigay nito.

Di nagtagal ay sinimulan niyang basahin ang aklat na iniwan ni Clarice, tungkol sa mga aral ng Adventista sa pagparito ni Kristo. Inihambing niya ang mga nilalaman sa kaniyang sariling lathala ng Watchtower. Nasumpungan niya ang sariling tunay na nagugulumihanan.

Gabi na nang bumalik si John mula sa miting, at nagpasalamat pa si Lorna, gayong pagod ang kaniyang pakiramdam. Nakita ni John ang mga aklat sa mesa at nagtanong, “Ano ang ginagawa mo sa mga aklat na ito, Mahal? Natatakot ka bang mawala sa iyo ang iyong pinakakamahal na inahing baboy?”

“Bukal sa pusong ibibigay ko ang inahin kasama ang mga biik, kung hindi na tayo guguluhin ng kabataang mangangaral na Adventistang iyon!” Sinikap niyang matapang na ngumiti.

“Magsaya ka, Mahal,” payapa na wika ni John. “hindi ko babayaang saktan ka ng mga mangangaral na Adventistang iyon!”

“Pero, John, mabait naman siyang kabataan, sa katunayan ay kagigiliwan mo siya. At ang gayong taong maraming nalalaman ay dapat na maging isang Saksi ni Jehoba.”

“Kung gayon di niya dapat ilagay ang Sampung Utos sa daong ni Noe!” patudyong wika ni John.

“Hindi pa namin siya hinaharap ni Nanna tungkol sa bagay na iyan. Itinatago pa namin, ngunit nakahanda iyan para sa kaniya.”

“Sa susunod ay itakda ninyong gabi ang miting, at nais kong kasama ako upang makasama sa kasayahan! Kahabag-habag na tao, baka

kailangang ipagtanggol ko pa siya sa inyong tatlo.” Natawa si John sa sariling biro niya, ngunit higit na seryoso ang pakiramdam ni Lorna tungkol sa bagay na iyon.

“Saan kaya ito matatapos?” tanong niya sa sarili, “at sa wakas kaya ay maitutuwid nito ang aming pananampalataya sa Watchtower?”✎

4

Narito Na o Malapit Na?

Ang pamilyang Stevens ay nabulabog ng hamon ni Watson sa kanilang paniniwala sa Watchtower. Gayunman, ang panganay na anak na lalaking si David at ang asawa nitong si Brenda, na mga tapat na Saksi, ay nakatira sa ibang distrito. Bagamat nais ni Clarice na isugo si John upang makita sila, pinigil niya, ayon sa nais ng kaniyang ina.

Si John na asawa ni Lorna ay hindi gaanong bagabag tungkol sa debate, at para sa kaniya ay hindi siya apektado. Pansamantala ay patuloy siya sa pagbibiro, bagamat ang mga ito ay di laging kinasisiyahan. Matapos marinig si Lorna at si Nanna na magsalita tungkol sa Sampung Utos na nasulat sa mga tapyas ng bato at inilagay sa daong ni Noe, si John ay nagsalita tungkol sa mga “bato” sa daong, at “bato” sa “bangka,” at sa wakas ay sa mga “adobe sa bangka”! At naging mabili naman ito sa mga bata.

“Nanay, kailan mo kukunin ang mga adobe sa bangka para kay Bob?” tanong ng mga ito. Ang buong pamilya ay nagkatuwaan sa biro, ngunit pakiramdam ni Lorna ay kailangang ituwid niya ang *parousia* at 1914 bago niya harapin ang iba pa. At ang mga “adobe sa bangka” ay magiging pangrematse na lamang.

Habang pinag-aaralan ni Lorna ang paksa sa magkabilang panig nito, nabuo sa kaniya ang isang konklusyon: Ang mga Adventista ay nagtuturong ang hayag na pagparito ni Kristo ay malapit na, samantalang ang Watchtower naman ay narito na. Kung kayat isinaayos niyang dumalaw si Bob muli upang pag-usapang masinop ang paksang ito sa kasunod na Lunes ng gabi.

Nang malaman ito ni Clarice ay tiniyak niyang siya man ay makakapunta, at si Nanna naman ay natulog ng hapon upang masiyahan siya sa kinagabihan. Kahit na si John ay nakaranas na ang kaniyang interes ay nakuha, at nagdahilan siya sa di pagdalo sa karaniwang pulong ng distrito sa gabing iyon. Nang dumating na si Bob ay nadatnan niya ang ganitong tagapakinig na nakatipon sa pabilog na mesa ng pamilya



“At kung magkagayo’y lilitaw ang tanda ng Anak ng tao sa langit: at kung magkagayo’y magsisitaghoy ang lahat ng mga angkan sa lupa, at mangakikita nila ang ang Anak ng tao sa napaparitong sumasa mga alapaap ng langit na may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian.” — Mateo 24:30.



“Sapagkat ang Panginoon din ang bababang mula sa langit, na may isang sigaw, may tinig ng arkanghel, at may pakakak ng Dios: at ang nangamatay kay Kristo ay unang mangabubuhay na mag-uli; kung magkagayon, tayong nangabubuhay na nangatitira, ay aagawing kasama nila sa mga alapaap, upang salubungin ang Panginoon sa hangin: at sa ganito ay sasa Panginoon tayo magpakailanman.” —1 Tesalonica. 4:16, 17.

sa sala.

Itinayo niya ang maliit na pisarang kaniyang dala, ipinatong ang mga aklat sa mesa, yumukod at nag-ukol ng isang panalangin. Ipinaliwanag niyang lagi niya itong ginagawa bago buksan ang Biblia, upang hilingin sa Espiritu Santong siyang magturo at pumatnubay sa buong katotohanan.

Pagtaas ng kaniyang ulo mula sa panalangin, ay nagsimula siya, “Ngayong gabi ay pinanukala nating pag-aralan ang mga paksang ukol sa ...”

“Mga adobe!” pasok ni Gary. Pinigil ni Mary ang kaniyang halakhak. Binunggo siya ni John sa ilalim ng mesa at bumulong, “sa ibang gabi!”

Upang hindi na magpaliwanag pa, idinagdag ni Lorna, “Ang *parousia*, Bob, ang pagparito ni Kristo tulad ng tawag mo doon. Ang presensya ba ni Kristo ay naririto na, o sa malapit na?”

“Iniisip ko na upang maunawaan natin ang mga pagkakaiba ng paniniwala ukol sa bagay na ito, pinakamabuti para sa ating balikan ang kasaysayan,” paliwanag ni Bob. “Ibabalik tayo nito sa taong 1844, nang inisip ng maraming taong si Jesus ay literal na babalik na, at nabigo nang hindi Siya dumating. Ang mga taong iyon ay nagkahati-hati sa maraming grupo. Mayroong iniwan na ang relihiyon. Mayroong nagpatuloy sa pagtatakda ng mga petsa. Datapwat mayroong nagpasiyang mag-aral pa kung ano talaga ang sinasabi ng Biblia tungkol sa paksa. Ngunit nakarating sila sa konklusyong tunay ngang si Kristo ay darating, ngunit walang sinumang nakakaalam ng araw ni ng oras. Napagpasiyahan din nilang ang pagtatakda ng petsa ay wala sa kasulatan. Sa patuloy nilang pag-aaral ay natuklasan nila ang mga katotohanang nawala na itinuro ng sinaunang Iglesia Kristiana. Noong 1863 ay nagtatag sila sa ngayon ay kinikilalang Iglesia Adventista del Septimo Dia. Ang mga taong ito kailanman ay di nagtakda ng petsa sa pagbabalik ni Kristo, at matatag ang kanilang paniniwalang ang pagdating ni Kristo ay magiging literal at hayag.”

“Sa kabilang dako naman, isang grupo ng ikalawang mga Adventista ay nagpatuloy sa pagtatakda ng mga petsa, na inihulang ito ay sa Oktubre 1874 bilang panahon ng pagbabalik ni Kristo. Si Pastor Russell ay dumalo sa isang pagtitipon nito, at tinanggap ang aral. Gayunman, nang si Kristo ay di dumating noong 1874, si Russell at ang grupong nagtakda ng panahon ay tunay na nabigo, hanggang sa makalipas ang dalawang taon, ay ipinaliwanag ng isang G. Barbour na si Kristo ay talagang dumating na noong 1874, na iyon ay di hayag na pagdating. Kinuha niya ang isipan mula sa *Emphatic Diaglott*, na nagsalin ng ‘pagdating’ sa Mateo 24:27, 37 at 39, bilang ‘presensya,’ mula sa Griegong salitang *parousia*.

Binasa ni Bob ang istorya mula sa *The Finished Mystery*, pahina 53

at 54, gayundin, bagamat hindi gaanong detalyado, mula sa *Jehovah's Witnesses in the Divine Purpose*, pahina 14 at 15. Tumugaygay si Lorna at Nanna mula sa kanilang kopya ng aklat.

“Ngayon,” patuloy ni Bob, “sa loob ng kasunod na limampung taon, mula sa 1874, ang Watchtower ay nagturo na ang pagdating ni Kristo ay naganap noong 1874, at Siya ay narito na mula sa panahong iyon. Ang opisyal na titulo ng lathala ng Society nang panahong iyon ay *Zion's Watchtower and Herald of Christ's Presence*. Sa katunayan, sa panahong ito, ayon sa paghahanay sa mga pahina 68 hanggang 71 ng *The Finished Mystery*, lahat ng mga tandang ibinigay ni Kristo sa mga Ebanghelyo ay sa iba pang dako sa Biblia ay iniangkop ng Watchtower upang patunayan ang presensya ni Kristo mula 1874.”

“Ngayon,” patuloy pa ni Bob upang punan ang binabanggit na kapanahunan, “sa nakaraang mga apat-na-pung taon ang Watchtower ay nagtutrong ang presensya ni Kristo ay naganap noong 1914, at ang lahat ng mga tanda ay iniangkop naman sa panahong ito upang patunayan ang kaniyang presensya sa sanlibutan. Ngayon, ang tanong ko sa inyo ay, aling turo ang tama at aling turo ang mali?”

“Ang itinuturo ngayon ng Watchtower ang siyang tama, Bob,” tugon ni Lorna. “Sa mga huling araw na ito ay nabigyan siya ng higit na liwanag. Ngayon ay nauunawaan naming mula sa 1914 si Kristo ay presensyang hindi nakikita.”

“Ngunit di ba ninyo iniisip na kakatwa na kung ang Dios ay umaakay sa Watchtower ay pahihintulutan Niya itong magturo ng kamalian sa loob ng limampung taon ng kaniyang siyamnapung taon? Gayunman, hindi lamang ito ang aking nadadamang problema, sapagkat walang lugal sa Biblia ng nagsasabi na si Kristo ay narito na, kundi ang Kaniyang presensya o pagdating ay malapit na.”

“Kung gayon ay nasa pagsasalin ng Griegong *parousia* ang problema. May ilang saling nagsasabing ito ay ‘presensya’ at mayroon namang ‘pagdating’ o ‘pagparito.’ Nag-aral ka ng Griego Bob at iba ang iyong sinasabi, samantalang ang aming mga aklat ay iba rin. Sino ang makakaalam kung alin nga ang tama?”

“Ako!” pasok ni John.

“Huwag kang magbiro, John,” wika ni Lorna. “Ni hindi ka natuto ng isang salitang Griego sa buong buhay mo!”

“Ngunit nariyan si Tony, na malapit lang ang bahay. Kababalik lamang niya mula sa Grecia. Masasabi niya sa atin. Susunduin ko siya!”

Nagpaalam sumandali si John at di nagtagal ay kasama na si Tony.

“Tony,” tanong ni John, “ano ang kahulugan ng *parousia*?”

Walang magawang nakatanaw lamang sa kanila si Tony at nagkibit ng balikat.

Isinulat ito ni Bob sa pisara sa mga letrang Ingles, at sa Griego.

Tumingin dito si Tony at naibulalas, "*Parousia!*" Medyo kakaiba ang kaniyang pagbanggit nito. "Gusto ba ninyo ng kahulugan ng salita?"

"Oo nga," tugon ni John.

"Ito ay isang bagay na kahangahanga, na nais makita ng lahat. Halimbawa, ang Reyna ng Inglatera ay darating sa Australia. Lahat ay masayang makita siyang naglalakbay sa lansangan, napakaganda at sila ay sisigaw at kakaway. Iyan ang *parousia*. Naiintindihan na ninyo ako?"

"Kung sila ay hindi, ako ay oo," wika ni John. Pinasalamatan niya si Tony at sinamahan na itong palabas ng pintuan.

"Ang paglalarawan ni Tony ay napakalapit sa isipang Adventista na pagdating ni Kristo sa kaluwalhatian, sa gitna ng mga sigaw ng tagumpay at pakakak at iba pa," pahayag ni Clarice.

"Marahil," wika ng ina, "ngunit sumasakit ang ulo ko sa mga isipan ng ganito o ganoong iglesya. Ang nais ko ay katotohanan, dalisay na katotohanan, tuwiran mula sa Biblia."

"Iyan ay mabuting bagay," sang-ayon ni Bob.

"Ngayon, ang problemang nakikita ko," wika ni Valmai, "ay pagpasiyahan kung ang *parousia* ay narito na o malapit na?"

"Ano ngang kabanata sa Biblia ang naglalahad ng mga tanda, Nanay?" tanong ni Clarice. "Kabanata 24, hindi ba?"

Lahat ay nagbukas sa kabanatang iyon sa Biblia—lahat, maliban kay John, na parang ayaw pa ring makisama.

Iminungkahi ni Bob na basahin ang Mateo 24:30, 31 kung kayat si Mary ang nagbasa mula sa kaniyang New World Bible. "At ang tanda ng Anak ng tao ay makikita sa langit, at ang lahat ng mga lipi sa lupa ay dadagukan ang sarili sa panaghoy, at makikita nila ang Anak ng taong dumarating sa mga alapaap sa langit na may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian. At isusugo niya ang kaniyang mga anghel na may tunog ng pakakak, at kanilang titipunin ang mga hinirang mula sa apat na hangin, mula sa isang dulo ng langit hanggang sa kabilang dulo."

"Wala nang lilinaw pa, na kapag si Kristo ay dumating, lahat, kasama ng masasama na walang mata ng espirituwal na pagkaunawa, ay makakakita sa Kaniyang literal sa Kaniyang kaluwalhatian na kasama ng mga anghel," wika ni Bob. Si Valmai naman ang bumasa: "Ngayon ay mag-aral kayo sa puno ng igos bilang paglalarawan ng puntong ito: Kung paanong ang mga murang sanga ay naglalagas ng kaniyang mga dahon, alam ninyong malapit na ang tag-araw. Gayundin naman, kapag nakita ninyo ang lahat ng mga bagay na ito, alamin ninyong malapit na, sa mga pintuan na lamang."

"Ano ang kahulugan ng 'lahat ng mga bagay na ito'? tanong ni John.

"Ito ay ang mga tandang inilalahad sa kabanatang ito," tugon ni Lorna.

“Eh di napakaliwanag ang buong bagay na ito na kahit ang bulag ay makakakita nito. Ang mga tandang ito ay nagpapakitang ang pagdating ni Kristo ay malapit na.” Dinampot ni John ang kopya ni Gary na New World Bible at muling siniyasat ang talata. “Sinasabi ditong Siya ay malapit na, nasa mga pintuan na lamang.”

“Iyan din ang nakikita ko, Dad,” sang-ayon ni Clarice. “Ang isang tao ay di maaaring maging presente sa ating bahay kung hindi siya dadaan sa pintuan. Ang presensya ni Kristo ay malapit nang maganap, datapwat hindi pa nangyayari; na nangangahulugang hindi ito maaaring naganap noong 1874 o 1914.”

“Isa pang punto,” dagdag ni Bob, “ay ang katunayang ang mga tanda ay ibinigay sa atin upang tayo’y makapaghanda para sa Kaniyang presensya o pagdating, tulad ng nakalahad sa mga talatang 42-44. Huli na ang mga ito kung ang *parousia* ay naganap na. At sa mga talatang 36-41 ay sinasabi sa ating magiging katulad ito ng Gunaw na biglang dumating at inanod ang lahat ng masasama sa pagkawasak. Sa katunayan, sinasabi sa ating dalawang tao ang gumigiling sa gilingan, o nasa bukid. Ang isa ay naligtas at ang isa ay naiwan o napahamak.”

Paulit-ulit na binasa ni Lorna ang mga talata ngunit hindi siya umimik man lamang.

“Maliwanag na sa akin,” wika ni John, na ang pagparito o anuman ang tawag doon ay sa hinaharap pa.”

“Sa katunayan,” wika ni Bob sa masuyong ngiti, “ang Biblia, sa kabanata ding ito, ay nagbababala sa atin laban sa mga taong sa mga huling araw ay magsasabing si Kristo ay naririto na. Tingnan ninyo ang talatang 23: ‘At kung ang sinuman ay magsabi sa inyo, “Narito! Si Kristo ay naririto na,” o “naroroon!” ay huwag ninyong paniwalaan.”’

“Tingnan ninyo ang kopyang ito ng *Awake* na aking binabasa noong isang araw,” wika ni Valmai. Inabot niya sa estante ng aklat at hinawakan ang kopya. “Tingnan ninyo, ang pangunahing artikulo ay nagsasabing ‘Si Kristo ay naririto!’ Ano ang iniisip ninyo tungkol dito?”

“Walang problema d’yan, Valmai,” wika ni Clarice. “Kadidinig mo lamang ng sagot. Sabi ng Biblia, ‘Huwag ninyong paniwalaan.”’

“Iniisip mo pala kung gayon na kami ay mali?” tanong ni Nanna kay Bob. “At bagabag ka sa aming paniniwalang si Kristo ay naririto na ngayon?”

Sa isang sandali ay tumigil si Bob, ang kaniyang malalim na malasakit ay hayag. “Para sa akin,” pasimula niya, “isang tunay na trahedya na hindi maunawaan ang dakilang katotohanan ng pagbabalik ng ating Panginoon at tagapagligtas na si JesuKristo. Ito ang dapat na maging pag-asa at kagalakan ng bawat Kristiano, na masalubong Siyang personal at mabuhay na kasama Niya sa buong walang hanggan. Gayunman, ay nababahala din akong labis na tinatanggap natin ang kamatayan ni

Kristo sa Kalbaryo bilang pangtubos sa ating mga kasalanan. Kung tinatanggap natin Siyang gayon bilang ating personal na Tagapagligtas, kung gayon sa nananahanang kapangyarihan ng Espiritu Santo, nanaisin nating tumigil sa pagkakasala, na tumigil sa paglabag sa Kaniyang kautusan. Hahangarin nating Siya'y paluguran, ang tuparin ang Kaniyang mga utos.

“Ang mga adobe, mga adobe!” bulalas ni Gary. “Sige na, Nanay. Mailalabas na natin ngayon!”

“Hindi ngayong gabi, Anak,” wika ni John na nakatingin sa kaniyang rellos. “Lagpas ka na sa oras ng iyong tulog, ngunit kung nanaisin ni Bob na magbalik sa susunod na Lunes ng gabi, titingnan na natin noon.”

“Ano bang mga adobe ang sinasabi ninyo, Dad?” tanong ni Clarice sa biruang nakikita sa pamilya.

“Ah sa Lunes na ng gabi iyan, Clarice. Saka na namin sasabihin sa iyo.”☞

5

Ang Ama sa Pagsaklolo

Linggo nang maaga pa ay tumawag si Clarice sa telepono na nagsasabing may problema siyang malaki. “Itay, kami ni Paul ay nagkagalit ngayong umaga. Sabi niya ay di niya ako papayagang sumama bukas ng gabi sa pag-aaral sa Biblia. Puede mo ba siyang kausapin ngayon? Mas nakikinig sa iyo si Paul kaysa kaninuman.”

“Anong pakinabang ko, Clarice?”

“Isang bar ng tsokolate.”

“Mas gusto ko ang isang pakete ng sigarilyo!”

“Hindi Tatay. Bibigyan lang kayo noon ng kanser sa baga. Tsokolate na lang!”

“O sige, payag ako,” patawang sabi ni John.

Si Paul ay nagkakaroon ng problema sa kaniyang mga baka, at ang produksyon ng gatas ay bumaba, kung kayat si John ay nag-alok na magsiyasat sa dahilan. Magkasamang ginaygay nila ang bukid upang tingnan ang kubol na gatasan, ang mga painuman, mga pastulan, at ang isa-isang baka. “Magkakaroon kami ng malaking katuwaan bukas ng gabi, Paul,” wika ni John habang patungo sila sa kubol na gatasan. “Ang kabataang Adventistang ministrong iyon ay bumabagabag sa ating kababaihan at ang bawat isa ay relihiyon ang pinag-uusapan. Bukas ng gabi ang pinakarematse.”

“Kawawa naman kayo, Tatay. Wala nang mas mabilis na nagpapagalit sa akin kaysa ang relihiyon sa almusal, tanghali at hapunan.”

“Okay naman ang mga Saksi, Paul,” wika ni John. “Kailangan mo lamang silang makilala at kung paano makipamuhay at gawin silang masaya.”

“Hindi nila ako napapasaya. Sa tuwing maiisip ko sila ay parang mapupundi ako.”

“Ano ang problema mo?” tanong ni John.

“Una, ito bang tungkol sa pagsasalin ng dugo. Hindi ko maiisip na ang Dios na nagpagaling sa mga may sakit at nagbangon sa mga patay

ay magnanais na ang mga walang malay na mga bata ay mamatay dahilan sa di nasalinan ng dugo.”

“Ako man ay hindi natutuwa diyan,” sang-ayon ng biyenang. “Nais kong isiping lagi na kakilanganin ito ng aking mga anak. At kung tatanggi si Lornang magbigay ng pahintulot, ako ang magbibigay. Gayunman ay hindi sapat iyan upang ikagalit sapagkat hindi naman marahil mangyayari iyan sa iyong mga anak.”

“Kumusta naman kay Clarice? Kung kakailanganin niya ang pagsasalin ng dugo at tumanggi dito, mawawalan ako ng asawa, na may maliliit na anak na palalakihin. Palagay ko ay maling sabihin na ‘kalooban ng Dios’ para sa kaniyang mamatay. Ano ang kinalaman ng pagkain ng dugo sa paglalagay ng dugo sa mga ugat upang magligtas ng buhay?”

“Para sa akin ay parang mali din iyan,” sang-ayon ni John, “gayunman ay wala kang mararating sa pakikipagargumento. Kung iyan ang pakahulugan ng Watchtower sa mga talata sa Biblia, tinatanggap nila itong walang tanong-tanong pa. Hindi ang mga tao sa organisasyon ng Saksi ang dapat sisihin. May mga mabubuting tao sa gitna nila. Ang problema ay kung ano ang sabihin sa kanila ng punong tanggapan na dapat gawin, at sinusunod nila itong walang atubili.”

“Iyan kaya ang dahilan kung bakit ipinapalagay nila ang kanilang sarili bilang pinag-uusig, Itay? Sinasabi sa kanilang sila ay tama sapagkat sila ay pinag-uusig dahilan sa kanilang mga paniniwala. Ngunit alam nating lahat na ang mga Komunista, mga nasyonalista at marami pang iba ay nangamatay dahilan sa kanilang mga paniniwala. At kung ang pag-uusig na pangrelihiyon ang subukan ng katotohanan, kung magkagayon ay kailangang maging Hudyo tayong lahat sapagkat milyon-milyon sa kanila ang pinatay ni Hitler.

“Wala akong pakialam kung ano ang mga tao o kung ano ang kanilang paniniwala. Humahanga ako sa taong may tapang na mamatay para sa kaniyang pananampalataya. Alam kong may ilang mga Saksi na ganito, ngunit iniisip kong dapat muna nilang talagang siyasating maingat kung ano ang kanilang kamamatayan.”

Sa oras na iyon ay halos kalahati na ng mga kasangkapan sa paggagatas ang natanggal ni John, sa tulong ni Paul. Sa ilang sandali ay wala silang nasabi pa, ngunit di nagtagal ay nagsalitang muli si Paul. “Sa palagay mo kaya Itay ay mayroong buti sa relihiyon?”

“A, oo, mayroon naman,” tugon ni John. “Lahat sila ay may maiaalok na mabuti, ngunit hindi ko alam kung alin ang may pinakamarami. Ang mga Saksi ang pinakamalapit na aking nasaksihan, ngunit iniisip kong sa loob ng maraming taon ay parang ‘napasayaw’ silang mabuti ng Watchtower.”

“Siyanga, ano ang ibig mong sabihin?”

“Bibigyan kita ng halimbawa,” wika ni John, habang naghihigpit ng ilang turnilyo. “Tingnan na lamang natin ang nangyayari kapag namatay ang isang tao. Halos lahat ng mga iglesya ay nagsasabing ang namamatay ay direktso sa langit o sa impiyerno. Sa palagay ko ay sila na rin ang di naniniwala sa bagay na ito, sa paraan ng kanilang pagtangis at pagluluksa gayong ang namatay na mahal sa buhay ay nasisiyahan naman sa kaligayahan ng langit! Ang mga Saksi ay may kakaibang bagay sa pagsasabing mula sa Biblia ang kamatayan ay isang pagtulog, at ang bawat isa ay natutulog sa kamatayan hanggang sa pagkabuhay na muli sa huling araw. Ngunit sila na rin ang sumisira nito sa pagdaragdag ng interpretasyon ng Watchtower dito.”

“Ano ang ibig mong sabihin, Itay?”

“Sa loob ng maraming taon ay itinuro nilang noong 1878 ang isang malaking bilang nila ay binuhay na mag-uli at pumanhik sa langit sa porma ng espiritu. Di nagtagal ay nadama nilang nagkamali sila sa bagay na ito, at binago ang petsa sa 1918. Mula noon isang klaseng makalangit ang tuwirang natutungo sa langit kapag namamatay, na sa aking opinyon ay malaking kalokohan, sapagkat ang aral na ito ay naglalagay sa mga Saksi na kahanay ng Kristianismo.

“Sa katunayan, lahat ng pagbabawas at pagbabago ng petsa ang nagbigay sa kanila ng malaking kahihiyan. Nagkatuwaan kami ni Lorna kagabi nang aking matuklasan ang isang bagay sa isang matandang aklat ng Watchtower na *The Finished Mystery*. Nakita ko roon na nang angkinin ng Watchtower na nang si Russell ay namatay ay direktso siya sa langit at mula doon ay kaniyang pinamamahalaan ang Society. Nang una ay ayaw maniwala si Lorna na iyon ay itinuturo, hanggang sa ipakita ko ang mga pangungusap sa pahina 144 at 420. Tinanong ko siya kung ano naman kaya ang naganap kung nang si Hukom Rutherford ay namatay noong 1942 at direktso din sa langit upang ipagpatuloy ang kaniyang gawain, sapagkat ang dalawang iyon ay di magkasundo. At upang palalain ang problemma, matapos mamatay si Russell ay sinimulan ni Rutherford na baguhin ang mga turo ni Russell!

“At hindi ko napigilan siyang tanungin kung paanong si Russell ay nakapanhik sa langit noong 1916 gayong pinasyahan ng Watchtower noong 1927 na ang pagkabuhay na mag-uli ay naganap noong 1918. Ayon sa kanilang mga lathala, si Russell ay nasa langit na noon ng dalawang taon!

“Kawawang Lorna, hindi ko sana ginawa iyon sa kaniya. Sa loob ng linggong ito ay halos nabukulan na siya.”

“Ano ba ang sinabi niya?” tanong ni Paul.

“O, sinabi lamang niyang, ‘John, anuman ang iyong gawin, isara mo na lang ang iyong bibig, at huwag mong sasabihin sa mangangaral na Adventistang iyon ang iyong natagpuan.’ Gayunman, palagay ko ay

wala akong masasabi kay Bob tungkol sa Watchtower pa hindi na niya alam. Sinabi niyang siya ay magiging isang Saksi kung ang lahat ng itinaturo ko ay katotohanan, at nakakatiyak siyang hindi.”

“Parang alam ng kabataang mangangaral na ito ang kaniyang itinaturo!” nawika ni Paul.

“Bakit hindi ka magpunta sa amin bukas ng gabi at isama mo si Clarice? Darating siya, at ayon kay Lorna at Nanna ay ‘sasabunin nila siya’ tungkol sa isa o dalawang punto. Sapagkat di ko pa siya nakitang natalo sa isang punto, magiging kawili-wili ang susunod na pag-uusap.”

“Ngunit sinabi ko sa kaniya ngayong umaga na hindi ko siya papayagang pumunta.”

“Kalimutan mo na iyon, Paul,” tawa ni John. “Masisiyahan kang lubha at makakabuti sa inyong dalawa.”

“O sige, usapan natin iyan,” kaniyang sang-ayon, at lumapit upang kunin ang timba ng gatas na susubukin ng kaniyang biyenang.

Nang magbalik na sila sa bahay para sa tanghalian, binati sila ni Clarice, “Sana ay gutom na gutom na kayong dalawa.”

“Gutom? Wala akong ibang gusto kundi isang bar ng tsokolate!” sabi ng ama.

“Napagtrabahuhan mo ba iyon, Itay?”

“Tiyak!” May kislap sa kaniyang mata.

Nang umuwi si John nang gabing iyon, sinabi niya kay Lornang may panukala si Paul na sumama sa pag-aaral at kasama rin si Clarice.

“Kahangahanga!” masiglang wika ng asawa. “Natutuwa akong si Paul ay paparito. Natitiyak kong ilalagay namin ni Nanna si Bob sa kaniyang puwesto, at malalaman nating lahat na ang pinanggagalingan ng katotohanan ay ang Watchtower. 🍀

6

Mga Adobe sa Bangka

Inay, ngayong gabi mo ba kukunin ang mga adobe sa bangka?" tanong ni Gary habang nag-aalmusal.

"Tama ka, Anak," wika ni Lorna. Ngunit huwag mong ipagsasabi kaninuman—nadidinig mo?"

"Pagdating namin mula sa eskwela ay tutulong kami sa iyo, Inay, upang makatapos tayong maaga ngayong gabi," boluntaryo ni Mary.

"Handa ka na ba sa iyong boxing gloves ngayong gabi, Nanna?" tukso ni John.

"Sa isip ko ay lagpas na ako sa aking kasusuntok ngayon, John, ngunit si Lorna ay walang kaparis kapag siya ay nag-init," tugon ng matanda.

"Sa wakas ay dumating na ang dakilang sandali, ang lahat ay nakaupo na, handa upang mag-aral. Si Bob ay pinaupo sa kabisera ng mesa, at si Lorna at Nanna ay halos nasa kabilang dulo, at ang buong pamilya ay kalat sa magkabilang panig maliban kay Paul at John na piniling maupo sa dalawang malaking upuan malapit sa mesa. "Ito ang galerya ng mga tagapanood," paliwanag ni John.

Nag-ukol si Bob ng maikling panalangin ukol sa patnubay, at bago makapagsalita ang sinuman, si Lorna ang nanguna. Mahalaga ang gabing ito; hindi niya dapat pakawalan ang pagkakataon.

Bagamat natigatig ang tiwala ni Lorna sa Watchtower, nakakatiyak pa rin siyang ang mga Saksi ang siyang tanging bayan ni Jehoba at walang ibang organisasyon ang maaaring siyang tama. At alam din niyang niwalang bisa na ni Kristo ang Sampung Utos. Inakala niyang kapag napatunayan niya ang puntong ito lahat na ng mga aral ng Adventista ay babagsak, at muli ay maitatayo ang katotohanan ng mga aral ng Watchtower.

"Bob, ngayong gabi ay pag-aaralan natin ang Sampung Utos mong ito, na sinabi mong nasulat sa mga tapyas ng bato at nalagay sa arko. Hindi ba?"

"Opo, tama iyan."

"At sinabi mo rin kay Clarice na mayrong ibang dibisyon ng kautusan

na nasulat sa isang aklat at nalagay sa tabi ng arko. Tumatayo ka pa rin ba sa mga salitang iyon?"

"Tiyak pa rin po."

"Kung gayon," wika ni Lornang halos may pagkaawa ng isang ina, "nalulungkot akong ikaw ay lubhang nagkakamali, sapagkat wala sa alin mang bahagi ng Biblia—kami ni Nanna ay nagsaliksik ukol dito sa loob halos ng dalawang linggo—na masusumpungan mo na may ibang ipinasok sa arko ni Noe maliban sa pamilya ni Noe na walong katao, mga hayop, ibon at pagkain!"

Nagpasimulang magtawa si Clarice, at may sasabihin sana si Bob nang pigilin siya ni Lorna.

"Teka muna, Kabataan, ngayon ay gabi ko. Inakusahan mo ang Watchtower na nagtuturo ng mga aral na hindi suportado ng Biblia, ngunit narito ang isa sa iyong isipang Adventista, at wala nang higit pang katawatawa akong napakinggan kaysa rito."

"Ngunit, Inay," pasok ni Clarice.

"Anong ngunit, Inay. Ito ay problema ni Bob, at siya ang bahalang lumusot dito."

"Kasama ng mga batong adobe," dagdag ni Gary.

Magsasalita na sana si Bob nang magtanong si Paul kung ano ang kinalaman doon ng 'adobe.'

"Isa lamang iyan sa mga tukso ni John," paliwanag ni Lorna. "Nang una naming marinig na ang mga tapyas ng bato ay inilagay sa arko, tinawag ito ni John na 'mga bato sa arko' at sa huli ay naging 'adobe sa bangka.'"

"Ikinalulungkot kong biguin kayong lahat ngayong gabi," wika ni Bob, "ngunit kailanman ay di nagkaroon ng 'mga adobe sa bangka.' Sa halip, ang mga bato ay nasa loob ng isang kahon. Gayunman, ang kahon ay isang arko, na kilala bilang 'kaban ng tipan.' Natatandaan ninyong may dalawang arko na binabanggit sa Biblia."

"Ow," himutok ni Gary.

"Sabi ko nga ba't mayroong magiging katulad nito," sabi ni Nannang may himutok.

"Sa paraan ng pagsasabi ni Clarice na ang mga tapyas ng bato ay 'inilagay na maingat sa arko,' nagkaroon ako ng larawan sa isipang ito ay mahigpit na itinali ni Noe sa daong," paliwanag ni Lorna, upang hindi ito mabasag habang ang daong ay inihahampas ng mga alon dahilan sa bagyo. At nang sabihin niyang ang aklat ay 'nasa tabi ng arko' ang akala ko sa paraang ito ay maiingatan ito sa mga daga at kambing na maaaring kumain dito."

"Ang ganda niyan, Paul," wika ni John, sabay tapik sa balikat nito. "Istorya itong maibabalita mo sa iyong mga apo!"

"Gusto ko pa ring makita mula sa Biblia," giit ni Lorna, "na si Jehoba

ay mayroong dalawang dibisyon sa Kaniyang dakilang kautusan ng tipan. Bukod dito, kung ang unang dibisyon ay natapos nang si Kristo ay namatay, ngunit ang isa ay nananatili upang tuparin, nais kung makita na ito ay patunayang kapwa sa Luma at Bagong Tipan.”

Inilabas ni Bob mula sa kaniyang bag ang isang tsart at isinabit ito sa dingding. At inilagay niya sa mesa ang isang tapyas ng pinakinis na bato na kumakatawan sa Sampung Utos, at isang maliit na balumbon ng papel na may nakasulat na “Ang Batas ni Moises.”

“Ano kaya ang tutunguhin ng mga ito?” bulong ni Paul kay John.

“Ang mga Saksi ay hindi naniniwalang dapat pang tuparin ngayon ang Sampung Utos, ngunit ang mga Adventista ay naniniwala.”

Tumango sa pagsang-ayon si Paul, habang nagsimula naman si Bob: “Ngayon ay bubuksan natin ang ating mga Biblia sa Deuteronomio 5. Makikita natin sa kabanatang ito na ang Sampung Utos ay hiwalay na kautusang isinulat ni Jehoba sa mga tapyas ng bato.”

“Puede bang ang gamitn natin ngayon gabi ay ang New World Bible?” tanong ni Lorna.

“Sa palagay ko ay higit na makabago ito at higit na superyor na salin.”

“Kung mas nais ninyo iyon,” sang-ayon ni Bob. “Ngunit minsan sa mga araw na ito ay may ipapakita ako sa inyo tungkol sa saling iyan na pinangangambahan kong magpapabago ng inyong opinyon tungkol diyan. Gayunman, iyan ang gamitin natin ngayon gabi.”

Nagpatuloy siya: “Sa mga talatang 7-21 ay makikita ninyo ang talaan ng Sampung Utos. Ngayon ay puede bang may bumasa ng talatang 22.”

“Ang mga salitang ito ay sinalita ni Jehoba sa lahat ninyong kapisanan sa bundok sa gitna ng apoy, ulap at makapal na kadiliman, sa malakas na tinig, at wala na siyang idinagdag pa; at matapos ito ay isinulat sa dalawang tapyas ng bato at ibinigay sa kanila.” Tumigil sumandali si Lorna habang binalikan niya ang talata, at binasa sa sarili, *‘at wala na siyang idinagdag pa.’*”

“Ang mga ito ay tinawag na mga tapyas, o tulad ng nakasulat sa inyong Biblia mga ‘tapyas ng Patotoo,’” wika ni Bob. “Ngayon ay basahin natin ang Exodo 31:18 sa salin ng New World: ‘Matapos na siya’y magsalita kay Moises sa Bundok ng Sinai ay ibinigay niya kay Moises ang dalawang tapyas ng Patotoo, mga tapyas ng batong sinulatan ng

daliri ng Dios.’ Ngayon sa Exodo 40:20 ay mababasa nating ang Patotoo, sa ibang salita, ang Sampung Utos ay inilagay sa loob ng kaban.”

Binasa ni Valmai ang talata: “Matapos na tanggapin niya ang Patotoo at ilagay ito sa loob ng Kaban, at inilagay ang takip sa ibabaw ng Kaban.”

“Ang isa pang kautusan,” paliwanag ni Bob, “ay isinulat hindi ng Dios, kundi ni Moises, na isinulat ito sa isang aklat, at inilagay iyon sa

tabi ng Kaban, hiwalay sa mga kautusan na nasa loob ng kaban. Mababasa ninyo iyan sa Deuteronomio 32:24-26.”

“Mukhang nakakawili ito,” wika ni Lorna. “Babasahin ko. ‘At nangyari na matapos maisulat ni Moises ang mga salita ng kautusang ito sa isang aklat, na pasimulang nag-utos si Moises sa mga Levita, ang mga tagapagdala ng kaban ng tipan ni Jehoba, na nagsasabi: Sa pagtanggap ninyo ng aklat na ito, ay dapat ninyong ilagay ito sa tabi ng kaban ng tipan ni Jehobang inyong Dios, at ito ay magsisilbing isang saksi doon laban sa inyo.’”

Isang katahimikan ang sumunod, at nagbuntong hininga si Lorna, “Hindi pa naman tayo matanda upang matuto, at nakikita ko, Bob, na mayroon kang punto diyan. Ngunit sa Bagong Tipan ay iisang utos lamang, na marahas na sinikap ni Pablong alisin, sapagkat ito ay niwalang bisa na ni Kristo.”

“Sa Bagong Tipan ay idiniin ni Pablong walang sinumang magtatamo ng kaligtasan sa pagtupad sa kautusan,” tugon ni Bob. Paulit-ulit na kaniyang itinuro na ang tanging paraan na maliligtas ang isang tao at magiging matuwid ay sa pananampalataya sa dugo ni Kristong nabuhos. Ngunit, upang ang mga tao ay di maakay sa pagsasabing walang kautusang dapat pang tuparin ang Kristiano ngayon, kaniya ring sinabi na ang tunay na pananampalataya, sa halip na magpawalang bisa sa kautusan, ay nagpapatatag pa nito sa buhay ng mananampalataya. Ang Roma 3:31 ay isa sa mga talatang may ganitong pabalita.” Nang masumpungan na ng lahat ang talata ay kaniyang binasa: “Niwawalang kabuluhan baga natin ang kautusan dahilan sa pananampalataya? Huwag nawang mangyari! Sa kabaligtaran, pinagtitibay pa natin ang kautusan.”

“Hindi ko pa rin maunawaan,” wika ni Lornang umiiling, “sapagkat sa Roma 10:4 ay sinasabi ni Pablong si Kristo ang katapusan ng kautusan, at para sa akin ang kahulugan ay tapos na ang lahat.”

“Alam na alam ko ang talatang iyan,” pagsang-ayon ni Bob. “Sa saling King James ay sinasabi, ‘Si Kristo ang katapusan ng kautusan ukol sa katuwiran nilang nananampalataya.’ Ang ‘katapusan’ (*telos*) sa paggamit sa talatang ito ay nangangahulugan ng ‘mithiin’ o ‘adhikain.’ Ang dalawang katagang ukol ‘sa katuwiran’ ang magbibigay sa atin ng susi sa talatang ito, at iyon ang nais kong sabihin. Ang pagtupad sa alin mang kautusan ay hindi pagpapaging matuwid sa iyo, at lagi na lamang nilabanan ni Pablo ang isipang ito bilang huwad na paraan ng kaligtasan. Sa kabilang dako, kailangan nating alalahanin na pinanatili pa rin niya ang kautusan bilang pamantayan ng pagpapahayag ng banal na karakter ng Dios. Ito ang dahilan kung bakit sa Roma 7 ay sinasabi niyang ang kautusan ay banal, matuwid mabuti, at sinasabi pa niyang ito ay espirituwal. Ang mga taong espirituwal ay nalulugod na tumupad ng kautusang espirituwal, ngunit si Kristo ang tanging katuwiran nila.”

“Hindi nangangahulugan ito, Bob, ng anumang partikular na utos. Saklaw na nito ang lahat kapag iniibig natin ang Dios at ang ating kapwa,” mungkahi ni Lorna.

“Sang-ayon ako,” wika ni Bob, “ang pag-ibig na iyon ang dapat magpakilos ng ating pagsunod, ngunit kakailanganin pa rin natin ang mga tiyakang utos bilang depinisyon ng kalooban ng Dios, kundi ay magkakamali tayo sa ating kawalang muwang. Sa Roma 7 ay sinasabi ni Pablo na hindi niya alam na mali pala ang mag-imbót hanggang sa makasagupa niya ang utos na nagbabawal sa pag-iimbót.”

“Paano mo kung gayon malalaman na kasama dito ang lahat ng Sampung Utos, at hindi ang mga utos patungkol sa mga sakripisyo at seremonya na ibinigay din ni Moises?”

“Dito ay kailangan natin ang higit na pagkaunawa, Inay. Sa Bagong Tipan ay may makikita tayong niwalang bisa na, ngunit mayroon ding nananatiling matatag. Sa paglipat mula sa Lumang Tipan hanggang sa Bago, makikita ninyong ang mga dugong sakripisyo at mga seremonya ng batas ni Moises ang itinigil, ngunit ang Sampung Utos ay nananatili pa rin. Kung hindi, isang kalunoslunos na kontradiksyon ang mahahayag sa Bagong Tipan.

“Sa Galacia 5:2, 3, ay mababasa nating may isang utos na di dapat nating tuparin; kung hindi ay hiwalay na siya kay Kristo. Pakinggan ninyo ito: ‘Tingnan ninyo! Ako, si Pablo ang nagsasabing sa inyong kung kayo ay tuli, si Kristo ay walang kabuluhan sa inyo. Bukod dito, ako ay sumasaksing muli sa bawat taong nagpapatuli na siya ay nasa ilalim ng obligasyon ng buong Kautusan.’”

“Ngayon ay basahin natin ang Santiago 2:10 at 12: ‘Sapagkat sinumang tumutupad ng buong Kautusan gayunma’y lumalabag sa isa ay nagkakasala sa lahat. Sapagkat siyang nagsabing: “Huwag kang mangangalunya,” ay siya ring nagsabing: “Huwag kang papatay.” Kung ngayon kung di man nangangalunya datapwat pumapatay, ikaw ay nagiging tagalabag ng kautusan. Magpatuloy kang magsalita at gumawa sa paraang silang gumagawa ay kakatulan ng kautusan bilang isang bayang malaya.’

“Kayat nariyan—ang *buong* kautusang nagtataglay ng pagtutuli at mga seremonyang di na dapat pang tuparin. At mayroon tayong *ibang* kautusan na naglalaman ng mga kautusang moral na nagbabawal sa pangangalunya at pagpatay, na ninanais nating tuparin sa bawat punto ng pusong may pag-ibig, at tayo ay hahatulan dito. Sinasabi sa atin ng Biblia, ‘hinatulan ng kautusan ng isang bayang malaya.’ Ang katotohanan ang magpapalaya sa atin, at ang katotohanan ang naghahayag sa atin na ang Sampung Utos ay pagpapahayag ng walang hanggang kautusang moral ng Dios. Sa Gawa 15:5 ang kautusang nag-uutos ng pagtutuli ay tinatawag na kautusan ni Moises. Babasahin ko

sa inyo: ‘Gayunman, ilan sa kanilang sekta ng mga Pariseo na naniwala na at tumayo mula sa kanilang pagkakaupo at nagsabi: “Kailangan pa ring magpatuli at atasan silang tuparin ang mga batas ni Moises.”’”

“Masasabi mo kung gayon,” wika ni Lorna, “na ang pagtutuli at iba pang mga batas ni Moises ay di na kailangan pa, ngunit ang pagtupad ng Kautusan ay kailangan?”

“Iyan nga ang nais ni Pablong ipahatid sa atin sa 1 Corinto 7:19: ‘Walang anumang saysay ang pagtutuli, at ang di pagtutuli ay wala ring kabuluhan, kundi ang pagtupad ng mga kautusan ng Dios.’”

“Kapag natutuhan ninyo ang katotohanang ito sa paksa ng kautusan sa Bagong Tipan, mawawala na ang mga salungatan. Bawat bagay ay malalagay sa angkop na lugal bilang marapat lamang sa katotohanan ng Dios. Ngunit tandaan na tinutupad natin ang mga utos na ito sapagkat mahal natin ang Dios, hindi sapagkat kailangan nating tumupad nito o nadarama nating kailangan ito sa kaligtasan. Kapag lubusang tinanggap natin si Kristo bilang ating personal na Tagapagligtas sa kasalanan, nanaisin nating tumigil sa pagkakasala, at nangangahulugan ito na ang ating mga buhay ay itinutugma natin sa mga kautusan.”

“Kailan ba ito natuklasan ng mga Adventista?” tanong ni Nanna.

“Hindi sila ang nakasumpong nito. Itinuro na ito ng mga Repormador maraming daang taon ang nakalipas. Sa Inglatera nong 1562, ipinalabas ng Iglesia Anglicana ang *The Book of Common Prayer*. Sa ikapitong artikulo ay sinasabi: ‘Bagamat ang kautusan ay ibinigay ng Dios sa pamamagitan ni Moises, tungkol naman sa mga seremonya at ritos, ito ay hindi na mabisa pa sa mga taong Kristiano....walang Kristianong sa anumang paraan ay ligtas na sa pagsunod sa mga kautusang tinatawag na Moral.’ Noong 1771 sa aklat ni John Wesley na *Fifty-three Sermons*, pahina 339 at 340, nakahanay ang mga aspeto ng kautusan bilang ‘seremonyal’, ang kautusan ni Moises, at ‘moral’ na pinananniwalaan nating nilalaman sa Sampung Utos. Ang Iglesia Presbyteriana sa kaniyang *Shorter Catechism* ay nagtuturo din na ang tungkulin ng tao ay ingatan ang kautusang ‘moral’, na ‘nabubuo sa Sampung Utos.’”

“Hindi sapagkat itinuro ito ng Kristianismo sa maraming daan taon ay paniwala na agad ako,” wika ni Lorna.

“Huwag kayong mabagabag, Inay, na itinuturo ng Kristianismo ang Sampung Utos,” wika ni Bob. “Totoo ngang itinuturo nila, ngunit iilan lamang ang tumutupad sa kanila.”

“Wala akong pakialam kung sino ang nagtuturo nito, o tumutupad nito!” protesta ni Nanna. “Sa kabila ng lahat mong nasabi bilang pagtatanggol sa Sampung Utos, alam kong itinuturo ng Bibliang napako na sa krus ang mga Kautusan nang mamatay si JesuKristo.”

“Wala kayong masusumpungang reperensya ukol diyan sa Biblia,” giit

ni Bob.

“Mayroon!” wika ni Lorna. “Ang aming aklat, *Let God Be True*, ay may magaling na kabanata tungkol diyan, sapagkat kung kailangang tuparin ang Sampung Utos, kailangan ding tuparin ang ikapitong araw na Sabbath. Sapagkat alam kong ang bawat pangungusap sa aklat na ito ay may suportang talata sa Biblia, alam kong may makikita ako dito.” Binuksan niya sa kabanatang may pamagat na, “The Sabbath: In Shadow and Reality.”

“Ang makikita lamang ninyo diyan ay kung ano ang itinuturo ng Watchtower, hindi ang kung ano ang sinasabi ng Biblia,” babala ni Bob. “Masusumpungan ninyo ang mga reperensya patungkol sa pagtutuli at mga sakripisyo ng dugo ng mga hayop na inalis na sa Kalbaryo, at sa simbulo ay ipinako sa krus. Ngunit walang reperensya sa buong Biblia na nagsasabing ang Sampung Utos ay nagwakas na sa krus. Dapat pa ring tuparin ng mga Kristiano ang Sampung Utos.”

Gayunman ay di mapigilan si Lorna. Maingat niyang tiningnan ang bawat parapo para sa malinaw na pangungusap na ang mga kautusan nga ay natapos na sa krus.

Sa wakas ay nakasumpong siya ng kaniyang hinahanap. “Narito,” anunsyo niyang masigla, at sinimulang basahin: “Sapagkat inalis na ng Dios ang tipan ng kautusang Hudyo pati na ang Sampung Utos sa pagpapako nito sa krus na kinamatayan ni Jesus, ang mga Kristiano ay dapat tumupad, hindi sa mga anino ng tipanan-kautusan, kundi sa katoninayan nito.” (Pahina 164, edisyong 1946.)

“Ngayon, ibigay mo ang reperensya niyan sa Biblia,” susog ni John.

“Wala dito, Dad,” wika ni Clarice, na bumasa rin sa kaniyang sariling kopya ng aklat.

“Wala nga dito, ngunit maghintay kayo, at hahanapin ko,” wika ni Lorna habang tinutugaygayan ang pahina.

Tiningnan din ni Lorna ang kasunod na kabanata ng aklat. Nakita ang mga talatang. nagpapakitang ang mga batas ni Moises ay nagwakas na. Nakita niya kung paanong sinikap ng Watchtower na isama pati rito ang Sampung Utos. Ngunit wala pa ring talatang nagsasabing ang Sampung Utos ay inalis na.

Karaniwan ay may malinaw na talata siyang naibibigay sa bawat pangungusap niya, at alam niyang ang kaalamang ito sa Biblia ay ipinagmamalaki ng buong pamilya. Ngunit ngayon ay alam niyang kulang siya, at higit pa rito, ay nakadama siya ng takot na baka sa maraming mga taon ay kamalian ang naituro sa kaniya. Ipinasiya niyang ang pinakapantas na magagawa ay baguhin ang paksa upang makuha niyang muli ang opensa.

“Bakit ba kayong mga Adventista ay lubhang nababagabag tungkol sa mga kautusan? Dahilan ba sa ipinangingilin ninyo ang Sabbath at di

Mga Utos ng Dios

Ang Kautusang Moral



Bago ang Kasalanan Nagpapaliwanag ng Kasalanan

Kautusang Moral (10 Utos)

- 1 Sinalita ng Dios Deut. 4:12
- 2 Isinulat ng Dios
Exo. 31:18; Deut 10:3,4
- 3 Sa Bato Exo. 31:18; Deut.10:3, 4
- 4 Itinago sa Kaban Deut. 10:1-5
- 5 Kumpleto Deut. 5:22
- 6 Walang hanggan Aw 111:7, 8
- 7 Banal, matuwid at mabuti Rom. 7:12
- 8 Nagtuturo sa Kasalanan
1 Jn 3:4; Rom 7:7
- 9 Hindi masisira Mateo 5:19
- 10 Espirituwal Roma 7:19
- 11 Sakdal Awit 19:7
- 12 Batas ng kalayaan Sant. 2:11
- 13 Kaluguran Aw 119:77, 17
- 14 Pinalawak ni Kristo Isa. 42:21
- 15 Lilipas ang langit at lupa
Mateo 5:18
- 16 Pamantayan ng paghuhukom
Sant. 2:12
- 17 "BUONG UTOS" na tutuparin ng
mga Kristiano Sant. 2:10-12

Batas ni Moises

Ang Kautusang Seremonyal



Matapos ang Kasalanan Nagpapaliwanag ng mga Lunas

Batas Seremonyal

- 1 Sinalita ni Moises Lev. 1:1-3
- 2 Isinulat ni Moises
Deut. 31:9
- 3 Sa isang Aklat Deut. 31:24
- 4 Itinabi sa Kaban Deut. 31:26
- 5 Idinagdag Lev. 1:1-3; 4:1-3
- 6 Pansamantala Heb. 7:12
- 7 Laban sa atin Col. 2:14
- 8 Nagtuturo sa Tagapagligtas
Lev. 4:27-31; Jn 1:29
- 9 Hindi dapat tuparin Gawa 15:24
- 10 Karnal Heb. 7:16
- 11 Walang pinasasakdal Heb. 7:19
- 12 Pamatok Gal. 5:1
- 13 Pabigat Gawa 15:10
- 14 Inalis ni Kristo Efe. 2:15
- 15 Hanggang dumating ang binhi
Gal. 3:19
- 16 Hindi ginagamit sa paghatol
Col. 2:16, 17
- 17 "BUONG UTOS" na di kailangang
tuparin ng mga Kristiano Gal. 5:1-3

nadadamang ang ikapitong araw, tulad ng ibang mga araw sa paglalang ay 7,000 taon? Di ba ninyo nalalamang nabubuhay pa tayo sa kapanahunang ito?”

“Nangangamba akong iyan ay isa pa ring turo ng Watchtower na wala ring suporta ng Biblia!” tugon ni Bob.

“Pero kababasa ko pa lamang sa *Let God Be True*, at natitiyak kong may patibay sa Biblia ukol dito.”

Habang iniaabot ni Lorna ang kopya ng kaniyang aklat, kinuha din ni Clarice at Bob ang kanilang mga kopya. Sina Mary at Valmai ay nagsitabi kay Clarice upang tumingin din sa aklat, samantalang si Bob ay tumabi kay John at Paul, na ngayon ay may malaki nang interes sa mga nangyayari.

Magkasamang binasa nila ang ilan sa mga unang pahina ng kabanatang “The Sabbath: In Shadow and Reality.” Sa ikalawang parapo ay nabasa nila: “Sa pagsukat ng tagal ng ‘ikapitong araw,’ na noon ay tumigil ang Dios sa paggawa at nagpaginhawa, bawat isa sa mga araw na ito ay 7,000 taon.” At naghanap sila ng reperensya sa Biblia upang patunayan ito, ngunit muli ay napatunayang tama si Bob: walang ganoong talata.

“Mahal, sa palagay ko ay wala ito rito,” wika ni John sa asawa.

Malungkot na nasabi Lorna na may luha sa mga mata, “Bigo na naman ako.”

“Tapos na ako,” panangis niya na dinampot ang aklat na kaniyang binabasa at inihagis ito sa dingding. “Tapos na ako kailanman sa relihiyon at sa lahat pang kaugnay dito.”

Biglang tumayo si Nanna. “Huwag mong gawin iyan, Anak. Alam ko ang paghihirap na dinaranas mo. Parang ang lahat ng ating sinampalatayanan at minahal ay gumuguho sa ating mga paa, ngunit may katugunan tayong makikita.”

“Mahal,” wika ni John na may pagmamalasakit, “mula sa aking nakita, hindi ang Dios o ang Biblia ang dumaya sa iyo, kundi ang Watchtower!”

Pailing-iling si Lornang di makapaniwala habang pinapahid ang kaniyang mga luha. ☹

Dalanging Tinugon

Sa loob ng dalawang araw ay tumanggi si Lornang mapayapa. Ayaw niyang hawakan ang Biblia o anumang aklat. Para bang sa kaniya ay namatayan sila sa pamilya. Napansin din niyang ang mga kaanib ng pamilya ay ayaw bumanggit ng anuman tungkol sa relihiyon, kundi sinikap na normal na gumanap ng mga gawain na parang walang nangyari. Ngunit nang ikatlong araw ay binalikan niya ang kaniyang mga aklat at Biblia.

“Hindi ka pa rin pala nawawalan ng pag-asa, Mahal?” wika ni John na may ngiti.

“Hindi ko na matagalan pa,” wika ni Lorna.

“Natutuwa ako. Alam mo ba Lorna na hindi ka maaaring mabuhay na walang relihiyon. Bakit hindi ka magrelaks at bayaan mong malagay sa lugal ang lahat ng bagay?”

“Paano ka magrerelaks gayong ang iyong kaligtasan ang nakataya, at pati na ng iyong buong pamilya? Ako ang espirituwal na lider ng pamilya, hindi ba?”

Sa nakaraan ay di gaanong nananalanging gayon si Lorna. Sumasama siya sa mga pananalangin ng Society, ngunit ang panalangin ay di naging personal na bagay para sa kaniya. Gayunman, nabasa niya sa ebanghelyo ni Lucas na si Kristo ay lumuhod at dumalangin sa Ama sa oras ng Kaniyang krisis, at nadama niya kung paanong kailangan niya ng higit na tulong sa kaniyang sariling krisis. Nang Huwebes ng gabing iyon ay gumugol siya ng mga oras sa pananalangin, humihiling ng patnubay upang makagawa ng tamang desisyon. Dapat ba siyang tumupad sa kautusan o hindi?

Kinaumagahan, nang makaalis na ang mga bata, si Lorna ay naupo sa almusal taglay ang mga aklat samantalang si John ay nagbasa ng pahayagan. Biglaan, ang kamay ay nakapatong sa Biblia, umusal siya ng maikli at desperadong panalangin: “Panginoon, tulungan mo akong matagpuan ang katotohanan!” At binuksan niya ang Biblia sa walang tiyak na talata at nagsimulang magbasa sa nabuksang pahina, sa Roma 8:

“Sapagkat ang isipan ng laman ay pakikipag-alit sa Dios, sapagkat hindi nga ito napapasakop sa kautusan, at hindi rin nga maaari. Anupat silang kaayon ng laman ay hindi makakapagbigay lugod sa Dios. Gayunman, kayo ay kaayon hindi sa laman kundi sa espiritu, kung tunay ngang ang espiritu ng Dios ay nananahan sa inyo.”

Dagliang nakadama siya ng kagalakan. Parang may liwanag na biglang tumanglaw sa pahina. “John, nakita ko na! Alam mo kung paanong ako ay bagabag tungkol sa Sampung Utos, at kung bakit hindi makita ng mga Saksi ang katotohanang ito? Pakinggan mo ito!” At malakas na binasa niya ang mga talata. “Ito ay nagsasaad ng pagbabagong nagaganap sa buhay ng isang tao sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Ayon kay Jesus ito ay ‘pagkapanganak na muli.’ Upang maligtas, dapat maranasan ng tao ang pagbabagong ito mula sa karnal, o makalaman, tungo sa espirituwal. Ito ang pakahulugan ng Biblia sa pagsasabing, ‘Ang laman at dugo ay di makapagmamana ng kaharian ng Dios.’

“Dagdag pa rito, sinasabi ng talatang kung di pa ito nararanasan ng isang tao ay di niya nanaising tuparin ng kautusan ng Dios, o maaari man niyang tuparin. Kaming mga Saksi ay tinuruang tanging ang klase ng 144,000 ang kailangang ipanganak na muli. Hindi ko makita kung paanong ito ay maglalapat, at taglay ko na ang tugon!”

Napabuntong hininga sa ginhawa si John. “Sana ay matapos na agad ang iyong pakikipagpunyagi,” wika niya.

“Tulog pa si Nanna pero kailangang magtungo ako kay Clarice at ipakita sa kaniya ang aking natagpuan,” nagmamadaling wika niya. Iniwan na ang mga pinggan sa mesang siya ay lumabas ng bahay.

Nang makarating si Lorna sa bahay ni Clarice ay walang naabutang tao roon. Ngunit pumasok siya, natagpuan ang Biblia ni Clarice, binuksan ito sa Roma 8. Nag-iwan siya ng sulat upang sabihin kay Clarice na basahin iyon.

Pagbalik niya sa bahay, si Nanna ay gising at bihis na, kung kayat nagmadali itong ibahagi ang kaniyang nasumpungan, upang makatanggap lamang ng tunay na kabiguan. Nang matapos na niyang masabi ito kay Nanna, ay naguguluhan pa rin siya.

Pagkapananghali, may kumatok sa pintuan. Iyon ay si Bob. Agad ay ibinalita ni Lorna dito ang kaniyang natagpuang tugon sa kaniyang dalangin. “Ano sa palagay mo?” tanong ni Lorna.

“Hindi ako nagtataka man lamang,” tugon ni Bob. “Ang ganitong bagay ay di madalas nangyayari, ngunit may alam akong ibang mga kaso na ang Panginoon ay dramatikong tumugon agad sa taimtim na panalangin. Hindi naman patay ang Dios, hindi ba?”

“Ngunit ano ba ang nasa kabanatang iyan?” tanong ni Nanna.

“Ito ang tugon sa inyong dalangin, bilang mga Saksi ni Jehobang naghahanap ng kaligtasan,” tugon niya. “Nang sabihin ni Jesus kay

Nicodemo, 'Kailangang ikaw ay ipanganak na muli,' naglahad Siya ng katotohanang angkop sa bawat kaluluwang maliligtas. Kung ang Espiritu Santo ay gagawa ng Kaniyang gawain sa ating mga buhay, tayo ay ipapanganak na muli. Kung hindi, maging sino ka man, ikaw ay mawawaglit. Ngayon, kung ikaw naman ay naipanganak nang mag-uli, nasa iyo na ang makalangit na pag-asa, sapagkat ang lahat ng ligtas ay may makalangit na pag-asa."

"O hindi, wala sila noon," salungat ni Nanna. "Mangangahulugang isang malaking karamihan ang papasok sa langit."

"Iyan ang eksatong turo ng Biblia, Nanna. Sa Apocalipsis 7:9 ay makikita ninyo ang malaking karamihan sa langit na hindi mabilang. Sila ay nakatayo sa harapan ng trono."

"Maaaring nakatayo nga sila sa harapan ng trono, ngunit nasa lupa pa rin sila. Ang lupa ang Kaniyang tuntungan," tugon ni Nanna.

"Walang alinlangan para sa atin ang pakahulugan ng Biblia, sapagkat mababasa natin sa Apocalipsis 19:1, sa King James: 'Pagkatapos ng mga bagay na ito ay narinig ko ang gaya ng malakas na tinig ng isang *makapal na karamihan sa langit* na nagsasabi, Aleluya; kaluwalhatian, at kapangyarihan, ay nauukol sa ating Dios.' Ang 'makapal na karamihan' ay siya ring salita sa Griego na isinaling 'malaking karamihan' sa Apocalipsis 7:9.

"Pero King James ang iyong binasa. Ano ang sinasabi sa New World Bible?"

"Nangangamba akong di rin ito makakatulong sa iyo, Nanna," tugon ni Bob. "Sa katunayan nililiwanag pa nga nito ang bagay na ito sa paggamit ng 'dakilang karamihan' sa dalawang talatang binanggit nating nmasa langit sa Apoclaipsis 7:9."

"Pero hindi ba sinasabi sa Apocalipsis 19:1 'na isang malakas na tinig sa langit ng makapal na karamihan?'" giit pa ni Nanna.

"Hindi po. Pakibasa nga ninyo sa atin," tugon ni Bob.

Natagpuan ni Nanna ang talata at binasa, "Pagkatapos ng mga bagay na ito ay narinig ko ang isang malakas na tinig ng isang makapal na karamihan sa langit."

Nasa langit nga sila, Nanna," wika ni Lorna, ngunit ang matandang babae ay tahimik lamang at di nagsalita.

"Sa akala mo ba silang binabanggit sa Lumang Tipan ay paparoon din sa langit?" tanong ni Lornang nagugulumihanan. "Idinidiin ng Watchtower na walang nabuhay bago kay Kristo na makakarating sa langit!"

"Si Elias ay nauna na roon. Nasa 2 Hari 2:11 ang paglalarawan kung paano siya dinala ng ipo-ipo sa langit. Gayundin si Enoc—sinasabi sa Bibliang siya ay "inilipat upang di na makatikim pa ng kamatayan."

"Saan iyan mababasa?" tanong ni Nanna.

"Sa Hebreo 11:5."

“Kailangang matingnan ko iyan sa aking Biblia.”

“Basahin ninyo kung gayon, Nanna,” suhestyon ng anak.

Kinuha ng matandang babae ang kaniyang Biblia, tinunghayan ang talata, “Basahin mo kung nais mo!”

Dinampot ni Lorna ang kaniyang Biblia at nagbasa: “Sa pananam-palataya si Enoc ay inilipat upang huwag niyang makita ang kamatayan; at hindi siya nasumpungan, sapagkat siya’y inilipat ng Dios: sapagkat bago siya inilipat ay pinatotohanan sa kaniyang siya’y naging kalugodlugod sa Dios.’ Kung hindi siya namatay at siya’y inilipat mula sa lupa, maaari ngang nasa langit na siya.”

“Tama ka,” sang-ayon ni Bob. “At habang nasa kabanatang ito na rin lang tayo, tingnan ninyo ang mga ibang talatang nagsasabi tungkol kay Abraham, Isaac at Jacob na mayroong makalangit na pag-asa. Sa mga talatang 9 at 10 at mababasa nating: ‘Sa pananampalataya siya (Abraham)...ay nanirahan sa mga toldang kasama ni Isaac at Jacob, mga tagapagmana ng pangakong kasama niya. Sapagkat siya’y naghihintay ng isang siudad na may tunay na saligan, na ang nagtayo at gumawa ay ang Dios.’”

“Kung sila ay naghihintay ng isang siudad na Dios ang nagtayo, kung gayon ito ay mas mainam kaysa Beth-Sarim!” nakangiting wika ni Lorna.

Ngunit ang matandang babae ay di nasisiyahan. “At saan naroroon ang siudad na ito ng Dios, sa langit ba o sa lupa?”

“Mula sa iyong Biblia, Nanna, ay kukunin ko ang tugon,” wika ni Bob. “Sa kabilang pahina lamang sa Hebreo 12:22: ‘Datapwat kayo ay nagsilapit sa Bundok ng Sion at sa siudad ng buhay na Dios, sa makalanmgit na Jerusalem, at sa laksang mga anghel.’ Ito ang tugon, Nanna. Isang ‘*makalangit na Jerusalem,*’ at ang mga anghel ay naninirahan din doon.”

“Eh sa anong porma naman sila pupunta doon, aber?” tanong ni Nanna na di makapaniwala.

“Ngayon ay babasahin naman natin ang Filipos 3:20 at 21: ‘Datapwat para sa atin, ang ating pagkamamamayan ay nasa langit, na doon ay naghihintay na may pananabik ang ating Panginoong JeuKristo, na siyang magbabago ng ating katawan ng kahihiyan upang makatulad ng kaniyang maluwalhating ayon sa paggawa ng kaniyang kapanig-yarihan, upang lahat ng bagay ay mapasailalim sa kaniya.’ Nariyan, si Kristo ay babalik mula sa langit na may isang katawan,, at kaniyang babaguhin ang ating mga katawan. Tandaan, hindi ito mga espiritu; may mga katawan sila, tulad ng katawan ni Kristo.”

“Hindi ba si Jesus na nabuhay na muli ay espiritu, na pumanhik sa langit sa gayong anyo?” ang kasunod na tanong ni Nanna.

“Hindi. Basahin natin ang Lucas 24:37-39: “Datapwat sapagkat sila ay natakot, inakala nilang nakakita sila ng espiritu. Kayat sinabi niya sa

kanila: “Bakit kayo natatakot, at bakit may alinlangan sa inyong mga puso? Tingnan ninyo ang aking mga kamay, at mga paa, na ako nga; hawakan ninyo ako at tingnan, sapagkat ang espiritu ay walang laman at buto tulad ng nakikita ninyo akong mayroon noon.” Hindi ba ito maliwanag?”

“Ngunit iniisip kong ang katawang tinaglay ni Kristo nang Siya ay nagpakita sa mga alagad, upang di matakot ang mga ito sa Kaniya, at isinantabi Niya bago siya nakarating sa langit, maaaring natunaw at naging gas, upang makapasok Siya sa presenya ng Ama bilang isang espiritu.”

“Sa *Emphatic Diaglott*,” wika ni Bob, “inilarawan ng mga tagasalin na ang pagpasok na ito ni Kristo sa langit ay sa laman! May kopya ba kayo diyan? Ang reperensya ay nasa Hebreo 10:20.”

Binuksan ni Lorna ang talata at binasa, “Sa pamamagitan ng daang bago at buhay na itinalaga sa atin, sa pamamagitan ng TABING, samakatuwid baga’y sa kaniyang LAMAN.’ Mantakin mo iyan!” dagdag pa niya, “at ang salitang laman ay malalaking titik pa! Nangangahulugang si Kristo Jesus ay isang TAO sa langit?”

“Ngunit higit pa Siya riyan, datapwat nanatili ang Kaniyang pagkatao,” paliwanag niya. “Sa 1 Timoteo 2:5 ay inilalarawan ng Biblia ang kaniyang gawain sa langit sa mga salitang ito: “May isang Dios, at isang tagapamagitan sa Dios at sa tao, ang taong si JesuKristo.”

“Naniniwala ka kung gayun na sa pagbabalik Niya ay Siya pa rin ang Personang tulad nang siya ay pumanhik sa langit?” tanong ni Nanna.

“Mula sa mga talata, wika ni Lorna, itinuturong si Kristo ay may katawan. Siya ay nabuhay na muli at pumanhik sa langit na may isang katawan, na taglay dion Niya sa Kaniyang pagbabalik—isang sakdal, maluwalhating katawan. At Kaniyang babaguhin ang ating mga katawan upang maging katulad ng sa Kaniya; at tayo ay magiging handa upang tumungo sa langit na kasama Niya.”

“Ah di ko mapapaniwalaan iyan!” tutol ni Nanna. “Okey lang sa iyo kung maniniwala ka, ngunit ang gusto ko ay manatili na lamang sa lupa at hindi na tutupad pa sa mga kautusan.”

“Nanna,” wika ni Bob na seryoso, “umaasa ako at mananalangin na darating ang araw na nanaisin mong magtungo sa langit at masumpungan mo ang kagalakan ng pagtupad sa mga kautusan.”

Tumingin siya sa kaniyang orasan. Lumalakad ang oras, at nag-ukol siya ng isang panalangin at nagpaalam hanggang sa susunod na Lunes ng gabi.

Nang makaalis na si Bob, nadama ni Lorna ang isang tunay na kapayapaan ng pag-iisip, ngunit panandalian lamang. Habang naghahanda sila ng hapunan, ay ibinangon ni Nanna ang lahat ng problema at tutol na natutuhan niya sa mga taong nasa Society sila. ☺

8

Isang Debate

Kasunod na Linggo ng umaga, isinaayos ni Nanna na ang lingkod ng kongregasyon at ang asawa nito ay dumalaw sa kaniya. Giliw si Lorna sa mag-asawang ito. Halos magkapareho lamang sila ng edad, at sa paglakad ng mga taopn ay naging magkaibigan sila. Nang dumating sina Ron at Joan Roberts ay malugod silang tinanggap ni Lorna.

“Hindi kami makapagtatagal,” paliwanag nila. “Naisip lamang naging dumalaw sa inyo at makita ang inyong kalagayan.”

“Natutuwa akong dumating kayo,” wika ni Lorna, “sapagkat may kabataang ministrong Adventista na dumadalaw sa amin, at ako ay naguguluhan.”

“Tulad ng?” tanong ni Ron.

“Marahil ang pinakanakakabagabag sa akin ay kung dapat ba o hindi tuparin pa ang Sampung Utos.”

“Ah, huwag kayong mabahala diyan. Mga dalawang talata lamang at maaayos na iyan. Kailan ba siya muling dadalaw?”

“Bukas ng gabi.”

“Kung papayag kayo ay darating kami.”

“Kailanman ay di pa natalo si Ron sa debate,” wika ni Joan, “kung kayat may maaasahan kayo bukas ng gabi.”

Matapos ang ilang salita tungkol sa bukid at sa panahon at ang mag-asawa ay umalis na tungo sa kanilang kakatagpuin. Nagtungo si Lorna sa kubol na gatasan at sinabi kay John ang magaganap.

“Bibigyan mo ba ng babala si Bob?” tanong niya.

“Hindi na siguro,” dahilan ni Lorna. “Kung nasa kaniya ang katotohanan, hindi na niya kailangan pa ang babala.”

Nang hapong iyon ay nakatagpo ni John sina Norm at Betty Anderson, ang mag-asawang Adventista, at sinabi sa kanila ang isinaayos para sa kasunod na gabi. “Kahabag-habag na Lorna ay hindi alam ang paniniwalaan,” wika niya. “Isang araw ay nakumbinsi siya ni John na tama ang mga Adventista; pero si Nanna naman ay nagsingit ng kaniyang

mga argumento ng Watchtower. Sa palagay ko ay naniniwala siyang talaga na kayong mga Adventista ay tama, ngunit ang kaniyang katapatan ay nasa Watchtower Society pa. Bukas ng gabi ay mapapagpapasiyahan ito sa paghaharap ni Ron Roberts at kabataang si Bob.”

Nang dumating si Bob Lunes ng gabi sa *Blue Gums*, napansin niya ang dagdag na dalawang upuan sa silid. “May mga bisita pa ba tayo ngayong gabi?” masayang tanong niya. Walang sumagot, at ang usapan ay nasentro sa pagbubukid at ang mga pinsalang nagagawa ng mga kangaroo sa mga pastulan.

At narinig nila ang tunog ng isang kotseng papasok ng bakuran.

“Inanyayahan ko ang mag--asawang Ron at Joan Roberts ngayong gabi,” wika ni Lorna, at lumabas upang salubungin ang mga ito.

Sinalubong din ni Bob ang mga bisita at nagpaalam sumandali upang magtungo sa kaniyang kotse. Nahulaan ni John at Lorna na nais nitong gumugol ng ilang sandali sa panalangin.

Nang magbalik na si Bob, kinuha ni Lorna ang pansin ng lahat. “Inanyayahan ko si Ron at Joan ngayong gabi upang ipagtanggol ako.” Tumingin siya kay Bob.

“Ano ang nais mong pag-aralan?” tanong ni Ron Roberts.

“Ang kautusan,” diin ni Lorna sabay ng pukpok sa mesa. “Nais kong ang bagay na ito ay mapagpasiyahan nang paminsanan.”

“Sapagkat si Bob ang nangunguna sa pag-aaral dito, mainam na siya ang magpasimula,” mungkahi ni Rion.

Lumapit si Bob sa aklatan na taguan ni Lorna ng mga aklat ng Watchtower at pinili ang aklat na *Enemies*. “Naniniwala akong dapat na tuparin ang Sampung Utos, at magkasundo tayo kung ano ang aral ng Watchtower sa pahina 94 ng aklat na ito. At sapagkat hindi ko ito maihahayag na mas maliwanag pa, babasahin ko na lamang sa inyo: “Kung magkagayon ay ibinigay ng Dios sa mga Israelita ang Kaniyang kautusan sa pamamagitan ni Moises na angkop sa lahat na nagnanais na gumawa ng matuwid, at ang una sa kaayusan at una sa kahalagahan ng kaniyang mga kautusan at mga saligang batas ay ito.’ At patukoy na sinitas ang Exodo 20:1-6,” paliwanag niya, “na siyang unang bahagi ng Sampung Utos. Ngunit pakinggan ninyo ang kasunod, ‘Ang kautusan ng Dios kailanman ay di nagbabago, sapagkat ang Dios kailanma’y di rin nagbabago (Malakias 3:6). Ang kaniyang kautusan ay nagtuturo ng daan tungo sa walang hanggang buhay. Walang nilalang na pagkakalooban kailanman ng buhay na walang hanggan na kusa, o talagang lumalabag sa kautusan ng Dios....Sapagkat ang paglabag ng tao sa saligang kautusan ng Dios ay nangangahulugang inilalagay ng tao ang kaniyang sarili sa panig ng diablo, na siyang aakay sa kaniyang pagkawasak.”

“Nadinig ninyo!” anunsyo ni Bob. “Isang maselan na bagay ang

intensyonal na labagin ang mga utos na ito.”

Si Ron Roberts ay isang malaking lalaki na may mamula-mulang mukha at buhok na pumuting maaga sa panahon. Ngunit matapos bumasa si Bob mula sa aklat ng arin ng Watchtower, ang mukha ni Ron ay mapulang-mapula, at ang kaniyang asawa naman ay di mapalagay sa kaniyang tabi.

“Iyan ay lumang aklat na,” wika niyang may pagkadisgusto. “Hindi na namin itinuturo iyan. Iyan ay nalimbag noon pang 1937.”

“Kung ito ay naiturong katotohanan noon, bakit ngayon ay kamalian na?” tanong ni Bob.

“Sapagkat may mas dakila kaming katotohanan ngayon, at alam naming ang Sampung Utos ay napako na sa krus.”

Tumingin ang kabataang tuwiran sa mata ng nakakatanda at nagtanong, “Sabihin mo sa akin, Mr. Roberts, ano ba ang ayaw ng Watchtower tungkol sa Sampung Utos?” Nais ba ninyo ng ibang Dios kaysa kay Jehoba, yumukod sa mga imahen, o lapastanganin ang Kaniyang pangalan?”

“Hindi!”

Nilagpasan ni Bob ang ikaapat na utos at nagpatuloy sa iba. “Dahil ba sa ayaw ninyong igalang ang inyong mga magulang, o nais ninyong pumatay, o mangalunya, o magnakaw, o magsinungaling o mag-imbot?”

“Hindi. Sang-ayon kaming lahat diyan.”

“Nasaan kung gayon ang problema?” tanong ni Bob.

“Ang Sabbath na iyan!” nasambitla ng nakakatanda.

“Kung magkagayon, upang maalis lamang ang Sabbath ay nais ninyong wasakin ang buong kautusan, tulad ng pagpaslang ni Herodes sa mga sanggol sa pagsisikap na wasakin ang Kristo?”

“:Hindi,” tugon ng nakakatandan, “kundi sapagkat ityon ay ibinigay lamang para sa mga Hudyo, at nang namatay si Kristo ay natapos na rin iyon. Tayo ay wala na sa ilalim ng kautusan kundi sa biyaya. At gayundin, ay wala pang kautusan bago ito nasulat sa mga tapyas ng bato at nabigay kay Moises.”

“Marahil ay mainam na patunayan natin ang mga pangungusap na ito sa pamamagitan ng Biblia,” maamong wika ni Bob.

“Ito ang nais ko,” wika ni Lorna, “ang kaso para at kaso laban dito.”

“Una, tingnan natin ang Roma 5:12-14, na doon ay sinasabi ni Pablong may kautusan mula kay Adan hanggang kay Moises. Ang argumento niya ay: May kamatayan na sa panahong iyon, at iyon ay bunga ng kasalanan. Ngunit kung may kasalanan na, dapat ay mayroon ding utos na nilabag!”

Binasa nila ang mga talata, at ang lahat ay tatango-tango sa pagsang-ayon.

“Gayunman,” argumento ni Ron, “ang utos na iyon ay hindi ang

kautusan. At tiyak na wala doon ang Sabbath.”

“Nangangamba akong mapapatunayan kayong mali na naman,” wika ni Bob.

“Tingnan natin ang Exodo 16, na doon ay makikita nating ang Israel ay pinakin ng manna bago sila nakarating sa Sinai. Babasahin natin ang talatang 4.

“Sa anong Biblia?” tanong ni Nanna.

“Mas nanaisin ko ang King James Version sapagkat ang New World ay inilimbag ng Watchtower taglay ang kanilang natatanging pananaw. Gayunman, gamitin natin ang New World kung ito ang nais ninyo,” pagsang-ayon ni Bob.

Kinuha ni Nanna ang pagkakataon at nagpasimulang magbasa: “At sinabi ni Jehoba kay Moises: Narito ako’y magpapaulan ng tinapay sa inyo mula sa langit; at ang bayan ay lalabas at pupulot ng kaniyang sukat para sa araw na iyon, upang mailagay ko sila sa subukan kung lalakad sila sa aking kautusan o hindi.”

“Nariyan ang katunayan na mayroon nang kautusan bago pa sa Sinai, na doo’y nasulat ang mga ito sa mga tapyas ng bato,” patibay ni Bob. “Ngayon ay masusumpungan natin ang isa sa mga kautusang iyan ay ang pangangailin ng ikapitong araw na Sabbath.

“Naalaala ninyong may sukat silang pupulutin sa bawat araw; ngunit sa ikaanim na araw ay dobleng sukat ang kanilang pupulutin, sapagkat walang ibibigay sa kanila sa araw ng Sabbath. Gayunman, nang Sabbath na iyong sila ay pinagbilinan tungkol sa manna, mayroon lumabag at lumabas upang maghanap nito. Ang Dios ay nagalit sa kanilang pagsuway. Mababasa natin iyan sa mga talatang 27 at 28.

Isinuot muli ni Lorna ang kaniyang salaming pambasa at nagbasa: “Gayunman, ay nangyari sa ikapitong araw na ang bayan ay lumabas upang mamulot noon, ngunit wala silang nasumpungan. At sinabi ni Jehoba kay Moises: “Gaano katagal na ang bayan ay tatangging sumunod sa aking mga kautusan at palatuntunan?”

“Nakita na ninyo!” pahayag ni Bob. “Walang pagkakamali dito na ibinilang ni Jehoba ang utos ukol sa Sabbath bilang bahagi ng Kaniyang kautusan. Mainam ding pansinin na matagal na itong alam ni Jehoba sapagkat ang tanong Niya ay ‘*Gaano katagal?*’

“Pero kapanahunan ito ni Moises,” wika ng lingkod ng kongregasyon.

“Marahil ay maipapahintulot natin iyan, ngunit kung mayroon ngang ganiyang utos, ay hindi ito nalaman mauna pa doon.”

“Alam nila noon!” tugon ni Bob. “Pakibasa lamang po ang Genesis 26:5.”

Binasa ni Clarice. “Sapagkat dininig ni Abraham ang aking tinig at nagpatuloy na tuparin ang kaniyang mga obligasyon sa akin, ang aking

mga utos, mga palatuntunnan, at aking mga kautusan.”

“Kung kayat si Abraham ay tumupad ng ‘aking mga utos.’ At kung babasahin natin ang Exodo 16:4, sinubok Niya sila sa kanilang kaugnayan sa pangangilin ng Sabbath, isang bahagi ng ‘aking kautusan.’”

“Iyan na ang nagbigay ng liwanag sa akin!” naipasiya ni Lorna.

“Gayunman, si Abraham ang ama ng mga Hudyo, kung kayat maaasahan lamang natin iyan. Ang Sabbath ay ibinigay sa mga Hudyo, at sa kanila lamang; hindi ito iniukol para sa mga Hentil!” pasanggang wika ni Mr. Roberts.

Iminungkahi ni Bob na buksan sa Isaias 56, at pasimulang binasa niya ang talatang 2. “Maligaya ang taong mortal na gumaganap nito, at ang anak ng tao na nanghahawakan dito, na ipinangangilin ang Sabbath upang di ito madungisan, na nag-iingat ng kaniyang kamay upang di ito makagawa ng anumang kasamaan.” “Mairam na isipiong si Jehoba ang nagsasabing ang taong nagingilin ng Sabbath ay maligaya. At sinabi pa ring ang karapatang ito ay ukol din sa mga Hentil o tagaibang lupa na sasanib din kay Jehoba. Marahil ay nais ni Nannang basahin ito sa talatang 6.”

Bagamat may edad na, ang tinig ni Nanna ay matatag at malakas: “At ang mga tagaibang lupang dumaing kay Jehoba upang maglingkod at magmahal sa pangalang Jehoba, upang maging mga lingkod niya, lahat nilang nangingilin ng Sabbath upang hindi ito madungisan at nanghahawakan sa aking tipan.”

“Salamat po, Nanna,” wika ni Bob.

“Ngunit ito ay nasa Lumang Tipan,” pagtutol pa ni Mr. Roberts.

“Sinabi mo na ang Sabbath kailanman ay di para sa mga Hentil, at ipinakita ko na hindi gayon. Ngayon ay ipapakita ko ang katulad na bagay mula sa Bagong Tipan. Una ay basahin natin ang Gawa 17:2 at 4: “Kung kayat ayon sa kaugalian ni Pablo ay pumasok siyang kasama nila, at sa loob ng tatlong sabbath ay nakipagkatuwiran sa kanila mula sa mga Kasulatan.” ‘Bilang bunga ang ilan sa kanila ay naging mananampalataya at nakisama kay Pablo at Silas, at malaking karamihan ng mga Griego na sumasamba sa Dios at ng marami ding kababaihan.’ Nariyan ang mga Hentil, isang malaking karamihan. Narito ang isang sitas sa Gawa 18:4: Gayunman, ay nagsalita siya sa sinagoga bawat sabbath at hinihikayat ang mga Hudyo at Griego.’ At sa talatang 11: “Kung kayat nanatili siya nang isang taon at anim na buwan, na nagtuturo sa kanila ng salita ng Dios.’ Ang kabuoang larawan nito ay ang pangangilin ng sabbath ng kapwa mga Hudyo at Hentil, hindi ba, Mr. Roberts?”

“Malabo! Si Pablo ay walang respeto sa anumang araw. Nasumpungan lamang siya sa isang regular na kongregasyon sa sinagoga kung sabbath, kung kayat nagtungo siya roon.”

“Nangangamba akong ang inyong argumentong iyan ay guguhod din,” wika ni Bob na nakatitiyak. “Kung babasahin natin ang Gawa 16:13, ‘At sa araw ng sabbath ay lumabas kami sa pintuan ng siudad sa tabi ng ilog, na iniisip naming doon ay makakapanalangin kami; at nagsiupo kami at nagsimulang mangusap sa kababaihang nagkakatipon doon.’”

“Ngayon, pansinin muna nating ito ay sa Filipos, isang kolonya ng Roma, at walang sinagoga doon, datapwat si Lucas na manunulat, maraming taong matapos mamatay si Kristo ay tinawag ang araw na ito bilang ‘araw ng sabbath.’ Makikita natin si Pablong talagang lumabas mula sa kaguluhan ng siudad sa tahimik na dakong ito ng pananalangin, sapagkat noon ay araw ng sabbath.”

“Napakaliwanag, hindi ba, Inay?” tanong ni Gary.

Upang di masaktan ang kalooban ni Ron at Joan ay hindi sumagot si Lorna. Isang kakaibang katahimikan ang sumunod, hanggang magsalita muli ang lingkod ng kongregasyon.

“Ang isipang ito ng lingguhang sabbath ay buntot lamang ng tradisyong Hudyo, ngunit sa pagkadama ng mga Kristiano sa katotohanang ang kapanahunan ng sabbath ay 7,000 taon, ay nadama nilang kailangang bawat araw ay ipangilin nila para sa Panginoon, hindi lamang alin mang araw sa pito.”

Tumutol si Bob. “Hindi itinuturo ng Biblia na ang sabbath ay kapanahunan ng 7,000 taon o alin mang araw ng paglalang.

“Ngunit natitiyak kong alam mo, Bob,” giit ng nakakatanda, “na ang isang ‘araw’ ay maaaring higit sa dalawampung-apat na oras. Sa maraming pagkakataon ang ‘araw’ ay patungkol sa mahahabang panahon.”

“Opo, alam ko. Ngunit sa tuwing ang araw ay may bilang sa unahan nito, tulad ng ‘unang’ araw, o ‘ikalawang’ araw, kailanman ay di ito nangangahulugan ng panahong bukod sa dalawampung-apat na oras. Sa *concordance* ay maraming reperensya ukol sa ‘araw’ ngunit hindi bilang eksepsyon dito... Sa Genesis 1 ang hapon at umaga bilang ‘unang araw,’ ay maliwanag na dalawampung-apat na oras.

“Kung ang mga araw ay 7,000 taon katagal, at may hapon at umaga, ay 3,500 taon kung gayon ang liwanag at 3,500 taon ang kadiliman. Di maaaring tumubo ang pananim na nilikha ng ikatlong araw, at di rin maikakalat ng mga bubuyog at mga ibon ang binhi nito sa maraming libong taon. Higit pa ryan, sinasabi ng Biblia na nagsalita ang Dios at nalikha ang bawat bagay, at di kinailangan ng Makapangyarihan sa lahat ang mga libong taon upang gawin iyan.”

“Ngunit,” giit ng lider ng Saksi, “ang sinalita ni Jehoba ay kailangang tumubo at yumabong, upang ang lahat ay maging handa para sa taong ilalagay sa lupa. Higit sa dalawampung-apat na oras ang kakailanganin diyan.”

“Hindi, G. Roberts,” tugon ni Bob. “Nang si Adan ay lalangin, siya

ay ganap nang tao, hindi sanggol na lalaki pa. Gayundin, lahat ng nilalang sa kalikasan ay ganap na rin. Ang damo ay lumabas sa pamamagitan ng salita na mayroong binhi, at mga punong nagkakabunga.”

“Ron,” wika ni Lorna, “may makikita ka bang talata sa Biblia na nagsasabing ang isang araw ay 7,000 taon? Iyan ang sinikap kong hanapin noong isang linggo ngunit wala akong makita.”

“Hindi tuwirang sinasabing 7,000 taon,” atubiling sagot ni Ron. “Ngunit sinasabi doong ang isang araw ay isang libong taon, at ang pitong araw ng paglalang ay may sumang 7,000 taon.”

“Teka muna,” wika ni John. “Mali yata iyan; bawat araw ay kailngang maging 7,000 taon ang tagal, at ang isang linggo ay may sumang 49,000 taon. Iyan ang nabasa ko sa *Let God Be True*. ”

“Oo nga, alam ko, John,” namumulang wika ni Ron. “Ngunit ang simulain lamang ng pagbilang ang aking sinasabi, na may diin sa araw bilang isang mahabang panahon—hindi ang aktuwal na suma ng tagal nito.”

“G. Roberts,” wika ni Bob, “sinabi mong ‘ang isang araw ay isang libong taon,’ ngunit ito ay maling sitas sa Kasulatan. Basahin natin ang 2 Pedro 3:8, at masusumpungan mong nakaligtaan mo ang salitang *tulad ng*, anupat hindi maaaring maging batayan ng pagbilang ng panahon.”

May pasiyang hindi patalo, ang lingkod ng kongregasyon ay nagbangon ng isa pang argumento: “Ang katunayang ang sabbath ay mahabang panahon ng 7,000 taon ay napapatunayan sa Hebreo 4:9 na doo’y sinasabing, “kung kayat may natitira pang pangiling sabbath para sa bayan ng Dios.”

“Kung sisiyasatin ang talatang iyan sa Griego at sa konteksto nito,” tugon ni Bob, “sa halip na patunayang ang sabbath ay panahong 7,000 taon, pinatutunayan nitong ang sabbath ay dapat pa ring ipinangingilin ng bayan ng Dios.

“Tingnan natin iyan sa ating *Emphatic Diaglott*, Ron,” mungkahi ni Lorna.

Nakita nila ang pahina at maingat na binasa ang salitang Griego sa tapat ng talata: “May natitira pa kung gayong pamamahingang sabbath para sa bayan ng Dios.”

“Walang alinlangan sa katunayang dapat nga nating ipangilin ang sabbath,” wika ni Lorna. “Kung ano ito ang dapat na lamang nating malaman.”

“Walang problema diyan,” wika ni Bob. “Kung lalong malapitang titingnan ang salitang ukol sa ‘pangingilin ng sabbath’ ay makikita ninyong ito ay *sabbatismos*, na may kahulugang kapahingahang Sabbath o pangingilin ng Sabbath. Anupat ang bayang nangingilin ng Sabbath ay tinatawag na *Sabbatista*.

“Inay, maliwanag ko nang nakikita ito,” wika ni Lorna.

“Nanay, tingnan mo ito,” biglang wika ni Clarice. “Sa talatang 4: ‘Sapagkat sa isang dako ay binanggit doon ang tungkol sa ikapitong araw: ‘At nagpahinga ang Dios sa ikapitong araw sa lahat niyang ginawa.’” Hindi sinasabi ditong Siya ay ‘nagpapahinga,’ na parang 7,000 taon na Siyang nagpapahinga, kundi isang bagay na natapos na sa nakaraan: “Nagpahinga ang Dios.’ Pansinin ding ito ay patungkol sa ikapitong araw na Sabbath.”

“Pero tingnan ninyo ang talatang 10,” dagdag ni Valmai. “‘Sapagkat ang taong pumasok sa kapahingahn ng Dios ay nagpahinga rin sa kaniyang mga gawa.’ Muli ay narito ang panahong pangnakaraan: Ang Dios ay nagsagawa nito.” Kadugtong ito ng talatang 9, na ang sabbath na ito ay sa ikapitong araw ipangingilin: ‘Tulad ng ginawa ng Dios’ na sitas sa talatang 4, na tumutukoy sa ‘ikapitong araw.’”

“Kung babasahin pa ninyo ang kasunod na talata,” dagdag ni Bob na nakangiti, “walang alinlangan na ito ang ikapitong araw ng mga kautusan. May binabanggit dito na ‘pagsuway,’ at ang ikapitong araw ang taning iniutos sa ating ating tuparin.”

Patuloy na nagbasa si Valmai, “‘Gawin natin kung gayon ang ating pinakamabuti upang pumasok sa kapahingahang iyon; na baka tayo ay mahulog ding tulad ng naging pagsuway nila noon.’”

“Kung bubuuin natin ang mga talatang ito,” wika ni Bob, “ang manunulat ng Hebreo ay nagsasabi sa ating marami sa mga Israelita ang hindi nakapasok sa Canaan dahil sa kanilang pagsuway at kakulangan ng pananampalataya. Gayundin ito ang panganib para sa mga Kristiano, na sila ay di maliligtas sa wakas sa kaharian ng Dios dahil sa kanilang pagsuway at kawalang pananampalataya. Hindi бага nakakapagtata kang ang Hebreo ay iniugnay ito sa pangigingilin ng ikapitong araw ng Sabbath na niyuyurakan ng karamihan sa mga Kristiano, pati na ng mga Saksi?”

“Maaari bang huwag mo kaming ikabit sa mga Kristiano,” tutol ni Ron.

“Maraming kahangahangang mga tao sa mga iglesya sa Kristianismo, gayundin sa mga Saksi ni Jehoba, na naniniwalang nagbibigay lugod sila sa Dios. Gayunman ay di nila binibigyang pansin ang subukan ng relihiyong sinuma ni Jesus sa pagsasabing, ‘Kung Ako’y inyong iniibig, tutuparin ninyo ang Aking mga utos.’”

“Ang utos lamang sa Sabbath ang di namin sinusunod, pero ang iba pa ay tinutupad namin,” tutol ni Ron.

“Sa Marcos 2:28 ay inaangkin ni Kristo na Siya rin ang Panginoon ng Sabbath, at ang kailangan natin dito at ngayon ay tanggapin Siya at ibigin Siya ng buong puso. Sa gayon ay iibigin din natin at igagalang ang Kaniyang tanging araw. Nagtitiwala akong ito ang magiging karanasan ng lahat sa atin ngayong gabi,” nakangiting wika ni Bob.

“Aalis na kami,” wika ng lingkod ng kongregasyon, habang nakatingin sa kaniyang orasan. “Nakakapagtataka kung paanong mabilis ang paglipas ng panahon kung nakasubsob sa pag-aaral ng Biblia.”

Sinamahan sila ni Lorna sa paglabas. Kinamayan nila si Lorna at nagsabi, “Ikinalulungkot namin Lorna, na hindi ka namin natulungan ngayong gabi. Sa tagal namin sa Society ay ngayon lamang kami nakatagpo ng ganito!”

Maraming isipan ang bumagabag kay Lorna nang gabing iyon. “Ano na ang aking gagawin?” tanong niya sa sarili. 🙌

9

Ang Desisyon

Ano na kaya ang nangyari kagabi sa *Blue Gums*, wika ni Betty Anderson sa asawa pagkatapos ng kanilang mga gawain ng umagang iyon. “Natitiyak kong makapangyarihang nailahad ni Bob ang katotohanan ng Biblia, pero si Ron Roberts ay may reputasyon sa pagiging isang tunay na kampiyon ng Watchtower.”

“Kailangan din lang na pumunta ako ngayon doon,” wika ni Norm. “Ipinangako ko kay John na pahihiramin ko siya ng aking tractor at kay Lorna naman ay dagdag pang mga kamatis. Marahil ay may matututuhan ako tungkol sa debate.”

Pinaandar ni Norm ang kaniyang tractor mga ilang milya tungo sa bukid ng mga Stevens, at tumigil sa likurang bahay. Lumabas si John upang sumalubong at nag-alok na ihahatid ito sa kaniyang bukid.

“Okay lang, John, maglalakad na lang ako pabalik para di ka maabala pa. Nais ko rin lang tingnan ang mga bakod sa hanggahan, sapagkat parang nakakapasok doon ang mga kangaroo.

“Mula nang tag-araw na ito na kakaunti ang mga damuhan, hindi sapat ang anim na talampakang bakod para di sila makapasok sa ating mga bukid,” wika ni John.

“Siyanga pala, narito ang naipangako ko kay Lorna kahapon,” sabay dampot sa bag ng mga kamatis.

“Pumasok ka na at ikaw na ang magbigay sa kaniya,” tugon ni John. “Sapagkat naibalita ko sa iyo ang plano para kagabi, mabuti na ring maalaman mo ang lahat na nangyari.” Kasunod na pumasok si Norm sa loob ng bahay.

“Mabuti at narito ka, Norm,” bati ni Lorna. “Maupo ka.”

Naupo si Norm sa isang malaking upuan.

“Sana ay narito ka kagabi,” simula ni Lorna. “Alam mo pinapunta namin dito si Ron Roberts upang maituwid kaming lahat. Wala akong ibang intensyon malibang maging isang Saksi ni Jehoba, at nabagabag ni Bob ang aking pag-iisip sa maraming bagay.”

“E ano ba ang nangyari?”

“Nangyari! Hindi pa ako nakakita ng gayong bagay sa buong buhay ko. Hindi ako makapaniwalang mangyayari iyon sa isang lingkod ng kongregasyong tulad ni Ron, kung di ko pa nakita sa aking sarili. Pinalis lahat ni Bob ang bawat argumento ng Watchtower, at kung minsan ay hindi makapagsalita si Ron!”

“Talagang napakahusay, Norm,” sang-ayon ni John.

“Sa katunayan,” patuloy ni Lorna, “sa buong pag-uusap walang naibigay si Ron na isang puntong hindi napatunayang mali ni Bob sa Biblia.”

“Napakaliwanag ng paglalahad ng kabataang si Bob,” dagdag pa ni John. “Nagbigay siya ng patibay sa Biblia sa bawat pangungusap na kaniyang ibinigay.”

“Ano ba ang pinag-usapan?” tanong ni Norm.

“Ang kautusan,” paliwanag ni Lorna. “May mga dosenang bagay na nais ko sanang maituwid, ngunit inisip kong iyon ang pinakamahalaga. Kung kailangang tuparin ang Sampung Utos, isang seryosong bagay kung gayon na ito ay di natin pansinin. Sa paglalahad ng magkabilang panig nito, nais kong makita kung sino ang nagtuturo ng katotohanan at ng kamalian.”

“Sa palagay mo kung gayon ay mas kumbinsido ka sa paglalahad ni Bob? tanong ni Norm.

“At lahat ay nanggaling sa Biblia,” dagdag pa ni Lorna. “Biblia pa nga namin ang ginamit ni Bob, na hindi namin nasulat upang suportahan ang Sampung Utos at ang Sabbath!”

“Eh ano na ngayon ang inyong gagawin?”

Sa ilang sandali ay naging tahimik si Lorna. Ito ang problemang mula pa kagabi ay kaniyang binubuno, at alam niyang kailangan siyang magdesisyon.

“Palagay ko’y isang bagay lamang ang aking magagawa kundi maging tapat sa aking mga kombiksyon,” tugon ni Lorna. “Dapat kong tanggaping lubusan si Kristo bilang aking personal na Tagapagligtas sa kasalanan at tumigil na sa pagkakasala.” Tumingin siya kay Norm. “Alam kong sinabi ni Jesus, ‘Kung ang sinuman ay susunod sa akin, ay tanggihan ang sarili at pasanin ang krus at patuloy na sumunod sa akin.’ Ngunit mahirap bang karanasan ang mangilin ng Sabbath?” tanong niya.

“Hindi naman,” patawang wika ni Norm. “Alalahaning sinabi din ni Jesus. ‘Ang Aking pamatok ay madali at ang Aking pasan ay magaan.’ Masusumpungan mo matapos mong simulang mangilin ng Sabbath na magtataka ka kung paanong nakatagal na hindi natatamo ang pagpapala nito sa bawat isang linggo.”

“Talagang kinaluluguran naman ang Sabbath; ito ay araw ng tanging pakikisama kay Kristo. Sa bawat linggo ay ito ang inaasam namin,” kasiguruhang wika ng kapitbahay. “Kung lubusan mong tatanggapin si

Kristo, magiging dakilang kagalakan din ito para sa inyo!”

“Magpapasiya ka rin bang kasama ko para kay Kristo, John?” tanong ni Lorna sa asawa.

Nag-atubili si John, at matapos ay nagwika, “Kasama mo ako, mahal!” Naluha si Lorna sa kagalakan.

“Paano na ang ibang kaanib ng pamilya kasama si Nanna?” tanong ni Norm.

“Ang pamilya ay parang masigla din,” sagot ni Lorna. “Maliban kay Nanna. Siya ay napakatahimik kagabi nang siya ay matulog. Palagay ko’y hindi siya masaya sa mga pangyayari, ngunit hindi mahalaga sa akin iyon basta’t nagpasiya na ako.”

“Mayroon ba kayong kapilya, Norm?” tanong ni John.

“Mayroon! Nais ba ninyong dumalo sa Sabbath na darating?”

“Kagabi ay binasa sa amin ni Bob na si Pablo ay nagtungo sa dako ng pagsamba tuwing Sabbath. Kaya kung gayon ding marapat na bagay ang aming gagawin, mabuting pasimulan na namin,” paliwanag ni Lorna.

“Natutuwa ako,” wika ni Norm. “Mula nang kami ni Betty ay nalipat sa distritong ito apat na taon na ang nakakaraan, kami ay masikap na nanalangin para sa inyo. Una ay isinugo namin si Bob kay Clarice, at diyan nagpasimula ang lahat ng bagay.”

“Norm, nang si Betty ay nagpunta dito minsan isang Biyernes, sinabi niyang kailangan siyang umuwing maaga upang ‘makapaghanda sa Sabbath.’ Ano ang ibig niyang sabihin?”

“Sa Biblia, ang Biyernes ay tinatawag na ‘araw ng paghahanda.’ Mababasa ninyo iyan sa Lucas 23:54-56. Gayunman ay ganito ang ating gagawin—isasama ko dito si Betty mamayang gabi, at sasabihin naming lahgat sa inyo ang tungkol sa aming mga serbisyo sa iglesya. Gayundin, magdadala ako ng isang aralin na aming pinag-aaralan sa bawat linggo, at maipapaliwanag ni Betty kung paano niya inihahanda ang pagluluto at ang bahay kung Biyernes upang maging malayang maipangilin ang Sabbath. Ito ang pinakamabuti, pinaka kaayaayang araw sa buong isang linggo sa aming tahanan.”

“Napakainam niyan,” tugon ni Lorna. “Wala kaming gagawin ngayong gabi, ngunit may bibilhin ako sa ciudad, kayat mauuna na ako sa inyo.” At si Lorna ay umalis upang magbihis, at ang mga lalaki ay nagbalik sa traktora.

Nang makarating si Lorna sa ciudad, nagparada siya sa punong lansangan at hindi pa niya ito nasasara ay kung bakit nakita pa niya si Joan Roberts.

“Kumusta ka na, Joan,” bati niya, “kumusta ka na ngayong umaga?”

“Huwag mo akong tanungin, Lorna. Alam mo namang hatinggabi na nang umalis kami sa inyo kagabi. Tunay na bagabag kami kung kayat naipasiya naming pag-aralan ang sinabi ni Bob at halos alas-sinko ng

umaga na kami nakatulog—at hindi pa rin kami makatulog!”

“Kami ni John ay hindi rin makatulog agad,” kumpisal ni Lorna. “Talagang pinag-isip niya tayo.”

“Alam mo, Lorna, kung ang sinasabi na kabataang iyon ay totoo, kung gayon ay mali tayo! Talagang ‘nayanig’ si Ron.”

“Sa palagay mo kaya’y matitinag si Ron mula sa Society?” tanong ni Lorna. Naisip niya ang mga taong kaniyang ipinagsanggalang, ang mga aral nito at ang mga pag-uusig na kaniyang dinanas para dito, lalo na noong ikalawang digmaang pandaigdig.

“Baka hindi,” ang tugon. “At saka hindi namin maisip na may ibang organisasyong siyang tama maliban sa Watchtower, sa kabila ng maaaring ipakita ng sinuman sa amin.”

“Kung ang isang bagay ay mali, dapat itong iwaksi, at kung tama naman, ay dapat nating tanggapin,” patunay ni Lorna. “Ang katapatan sa Watchtower ay di makapagliligtas sa sinuman.”

Hindi na nagtagal pa si Lorna sa siudad higit sa kailangan. Sa pag-uwi niya, kinausap niya si Nanna tungkol sa kaniyang desisyon. Gayunman, si Nanna ay hindi masaya tungkol doon. “Kahit na nawalan ka ng pananampalataya sa Watchtower, hindi mo naman kailangang sumanib sa Iglesya Adventista,” wika nito sa anak. “Para sa akin, ang aking katapatan ay nasa Society pa rin.”

Nang dumating ang mga Anderson nang gabing iyon, si Nanna ay natulog na, na di nais na makipag-usap sa kanila tungkol sa relihiyon.

Lubos silang nasiyahan sa gabing iyon, at si Lorna ay masiglang nanabik sa kaniyang pinakaunang Sabbath at pagdalo sa iglesya. Naisip din niyang kahangahanga ang pag-aaral ng liksyon na lingguhan upang lalong maging masigla sa pag-aaral ng Biblia.

Nang malaman ni Clarice ang pasiya ng kaniyang mga magulang, siya ay tunay na nagalak. “Inay, alam kong iyon ang katotohanan sa unang pagkakataong dalawin ako ni Bob. Lahat ay naging simple at lohikal para sa akin mula sa Biblia, at hindi sa mga aklat na pinag-aaralan sa Watchtower. Ngunit di ko inakalang kayo ay magbabago.”

“Gayundin ako,” ngiti ng ina, “ngunit si Nanna ay kailangan pang tarabahuhin. Kailangang sabihan ko si David at Brenda. Kailangang pagtulungan natin siya.”

“Oo nga, Inay. At di pa natin alam ang lahat tuingkol sa mga Adventista, hindi ba?”

“Hindi nga, ngunit hindi ako bagabag sa maliliit na detalye. Natitiyak kong ang lahat ay malalagay sa lugal. Lahat ng malalaking bagay ay tama, at habang sinisiyasat ko ay lalong nagiging malinaw sa akin.”

Hindi halos makapaghintay si Clarice na magbalita kay Paul nang ito ay umuwi kinagabihan. Bagamat ito ay nasisiyahang lumisan sa Watchtower, sinabi rin nitong sana ay makaanib sila sa isang higit na

“respektableng’ iglesya kaysa sa Iglesya Adventista del Septimo Dia. Nang sabihin niyang nais niyang sumama sa kaniyang mga magulang sa darating na Sabbath, matigas nitong sinabing hindi niya ito pipigilan, ngunit hindi niya maisasama ang mga bata.

Mula nang Lunes ng gabi ay walang balita si Bob mula sa *Blue Gums*, kayat hindi niya alam ang mga nangyayari. Inisip ni Norm at Betty Anderson na magiging magandang sorpresa ito para kay Bob, kayat pinabayaan na lamang nila na gayon.

Kung kayat nangyari na nang si Bob ay nakaupo sa Sabbath School umaga ng Sabbath, na nagulat ito na makita si Norm at Betty Anderson na nauuna kay John, Lorna, Valmai, Mary at Gary, kasunod si Clarice sa upuan. Matapos ang serbisyo, habang nagtitipon ang ang kapulungan sa balkonahe ng maliit na kapilya sa baryo, hinanap ni Lorna si Bob sa karamihan at binati ito. “Narito na kami,” nakangiting wika niya. “Sinabi mo sa aming kung kami ay taimtim ay magiging mga Adventista kami!”

Kinamayan ni Lorna si Bob na may malalim na damdamin. “Alam mo, mula nang magdesisyon ako sa linggong ito, nagkaroon ako ng kagulatgulat na kapayapaan sa aking kaluluwa na kailanma’y di ko naranasan. Ang bawat bagay ay nagkakalapat, at ako’y lubos na maligaya.”

Si John ay nakatayo sa kaniyang tabi, ngunit parang hindi makapagsalitang halos maluha, at ano pa nga ba ang kaniyang masasabi.

“Nasaan si Nanna?” tanong ni Bob na may halatang malasakit.

“Ayaw niyang sumama. Marubdob ang katapatan niya sa Watchtower, at ang mga kaibigan niya ay naroon din,” paliwanag ni Lorna. “Ngunit sa kaibuturan ng kaniyang puso ay alam niyang ito ang totoo, at naniniwala kaming di magtatagal ay sasama din siya. Si Nanay man ay taimtim sa Dios.”

Inanyayahan ni Norm at Betty Anderson ang mga Stevens sa pananghalian. Sapagkat si Clarice ay kailangang makauwi kay Paul at mga bata, inayos niyang dadaanan si Nanna upang dalhin sa kanilang bahay sa pananghalian. Giliw na giliw si Nanna kay Clarice at ang ilang oras na makasama ang mga apo ay kaluguran sa kaniya.

Habang naglalakbay sila, ibinalita ni Clarice ang kahangahangang panahong ginugol nila sa iglesya nang umagang iyon, at nagtanong, “Ano ang ginawa mo, Nanna?”

“Kung sasabihin ko sa iyo ang buong istorya, ipangako mo sa aking hindi mo sasabihin sa iyong ina. Alam mo naman kung gaano kapilit ang Nanay mo, at ayaw kong basta itinutulak sa isang bagay.”

“Hindi ko sasabihin,” pangako ni Clarice.

“Nagpasimula akong manahi, pero parang hindi ako mapakali. Naggantsilyo ako, pero di ko rin maipagpatuloy. Parang may nagsasabi sa akin, ‘Ito ang Sabbath ng iyong Panginoong Jehoba.’ Nabuwisit ako

at nanghimagsik, pero nang hawakan ko ang aking Biblia at basahin ito ay saka lamang ako nakasumpong ng kapayapaan.”

“Nanna, nakikita kong sasama ka rin sa amin,” wika ni Clarice. “Naalaala ko ang isang talatang ganito ang sabi, ‘Ang iyong sariling mga tainga ay makakapakinig sa likuran mo na magsasabi: Ito ang daan, Lumakad ka dito.’”

“Pero ang sabi d’yan ay lumakad, hindi tumakbo, at sapagkat mabagal na ako sa paglakad ngayon, hindi ako magmamadali. Gayundin, marami pa akong tanong sa ibang mga turo ng mga Adventista.”

Sa tahanan ng mga Anderson, sinamahan ni Lorna si Betty sa kusina sa paghahanda ng pananghalian. Namangha si Lornang makita ang isang kaakit-akit na pananghaliang naihanda na kahapon pa. Masaya ang usapan sa hapag sapagkat maraming pag-uusapan. Napakaraming tanong na agad-agad ay gustong masagot!

Magdadapit-hapon na nang sila ay makaalis sa tahanan ng mga Anderson. Nang lumulubog na ang araw at ang kadiliman ay kumakalat na sa mga burol sa kanluran, nagpasalamat sila sa Dios sa kanilang pinakaunang maligayang Sabbath. Ito ay patikim lamang ng langit na rin, ngunit para sa kanila ay isang karanasang hindi matututuhan sa mga aral ng Watchtower. 🙌

10

Paraisong Naisauli

Sa pag-aaral sa kasunod ns Lunes ng gabi, hiniling ni Lornang ibalangkas ni Bob ang mga pangyayaring kaugnay ng 1,000 taon ng “milinaryo.” “Alam kong sumandaling nadaanan mo ito nang dumalaw ka noong isang araw,” wika ni Lorna, “ngunit naririto ang lahat, at nais kong ihanay mong muli.”

Inilabas ni Bob ang isang tsart at nirepaso ang katunayang ayon sa Biblia ang *parousia* ni Kristo ay “malapit na,” datapwat sa hinaharap pa. At ipinakita niya ang isang tsart na naglalarawan kay Kristo sa mgha alapaap sa langit na napapalibutan ng mga anghel. Sa isang sulok ay nakalarawan ang pagkawasak ng mga makasalanan at ang Armageddon, at sa kabila ay ang tanawin ng pagkabuhay na mag-uli. Isang anghel ang nakatayo sa libingan, habang ang lahat ng binuhay na muli ay inagaw sa mga alapaap upang salubungin ang Panginoon sa hangin.”

“Magkakaroon lamang ng dalawang uri sa pagbabalik ni Kristo,” pagbubuo ni Bob. “Silang maliligtas at silang mapapahamak. Sa Biblia ay tinatawag silang ‘tupa’ at ‘kambing,’ ‘trigo’ at ‘panirang damo,’ ‘pantas’ at ‘mangmang’—isang uri ay ligtas, ang isa ay waglit.

Sa talinhaga ng trigo at panirang damo, ang trigo ay tinipon sa isang bangan, at ang panirang damo ay sinunog. Sa Juan 14:1-3 ay sinasabi ni Kristong sa kaniyang pagbabalik ay dadalhin Niya ang Kaniyang bayan sa tahanan ng Ama, kung kayat alam nating ang maliligtas ay dadalhin sa langit.”

“Bakit di natin ito maiangkop sa 144,000 lamang, Bob?” tanong ni Nanna.

“Una ay dahilan na rin sa konteksto ng kabanata,” tugon ni Bob. “Sa talatang 15 ay sinasabing ang umiibig sa Kaniya ay tutupad ng mga utos, at ipagkakaloob sa kanila ang Mang-aaliw, na siyang Espiritu ng katotohanan o ang Espiritu Santo.

“Alam natin na ang Espiritu Santo ay hindi limitado para lamang sa 144,000, gayundin ang obligasyon ng pagsunod sa kautusan. Gayundin, ang pag-asa sa kalangitan ay di rin para lamang sa 144,000, kundi sa

lahat ng tatanggap ng Espiritu Santo at maliligtas.

“Katugma iyan ng nasumpungan ko sa Roma 8,” wika ni Lorna. “Silang inaakay ng Espiritu Santo ay nababago mula sa karnal tungo sa espirituwal, o ‘ipinanganak na muli.’ Ang mga taong ito ay magnanais na tumupad ng kautusan ng Dios, at ang kabanatang iyon ay nagsasabi tungkol sa ‘makalangit na pag-asa’. Ang pagbasa ng isang 144,000 sa mga kabanatang ito ay aral ng Watchtower, datapwat hindi pakahulugan ng Biblia.”

“Ngayon ay pag-usapan natin ang mga maliligtas,” patuloy ni Bob. “Sa pagbabalik ni Kristo, may matitirang buhay sa lupa at may natutulog sa kamatayan. Ang 1 Tesalonica 4:13-17 ay naglalarawan kung paano bababa si Kristo mula sa langit na inaanunsyo ng mga pakakak, at ang mga ‘nangamatay kay Kristo’ ay unang mabubuhay na muli. Ang mga ito ay aagawin sa langit kasama ng mga buhay, upang salubungin ang Panginoon sa hangin. At ang lahat ay sasaPanginoon magpa-kailanman.”

“Tiyak na silang buhay na nasa lupa ay di dadalhin sa langit sa kanilang kalagayan?” tanong ni John.

“Hindi,” sagot ni Bob, “silang nabubuhay pagbabalik ni Kristo ay mababago sa isang sandali, sa isang kisapmata, sa pagtunog ng pakakak. Mababasa natin ito sa 1 Corinto 15:51-54. Binasa nilang magkakasama ang mga talata.

“Mayroon namang mga waglit,” patuloy ni Bob. “Una sa lahat, ang mga makasalanang patay ay hindi bubuhaying muli, sapagkat sinasabi ng Biblia na sila lamang na ‘nangamatay kay Kristo’ ang bubuhaying muli. At sa 2 Tesalonica 2:89 ay sinasabi sa ating ang mga masasama ay mawawasak sa ningning ng Kaniyang pagparito o *parousia*. Ang Lucas 17:26-30 at Mateo 24:38, 39 ay inihahalintulad ang pagkawasak ng makasalanan sa Gunaw, at gayundin sa pagkawasak ng Sodoma sa mga kaarawan ni Lot.”

“Sino ang matitira sa lupa kung gayon, kung lahat ng ligtas ay nasa langit at ang mga makasalanan ay patay na lahat?” tanong ni John na may malaking interes.

“Wala siguro,” patapos na wika ni Gary.

“Tama!” sang-ayon ni Bob. Ang paglalarawan ng Biblia sa Jeremias 4:23-27 ay isang lupang walang laman. Ang mga siudad at mabungang dako ay nawasak sa presensya ng Panginoon at sa Kaniyang matinding galit. Ang buong lupa ay *walang laman*. Gayunman, sinasabi din ng Biblia na di pababayaang ng Dios na ito ay manatiling gayon ang kalagayan.”

Sa paggamit kapwa ng New World at King James ay patuloy na pinag-aralan ng grupo ang mga talata.

“Ano ang mangyayari sa mga tao sa lupa?” ang isa pang tanong.



Armageddon
Pagparito ni Kristo
Unang Pagkabuhay



Walang laman ang lupa
1,000 taon
Tinalian si Satanas



Bababa ang siudad
Ikalawang pagkabuhay
Makasalanan Winasak



Lupa binago
Ang trono ng Dios
Paraiso Isinauli

“Mananatili silang parang basura sa kalaparan ng lupa, *mula sa isang dulo hanggang sa kabila*,” tugon niya. “Sa lenguahe ng Jeremias 25:33, hindi sila tataghuyan man, o titipunin o ililibing.”

“Hindi pala natin ililibing ang mga buto nila sa loob ng pitong buwan,” wika ni Clarice na may dakilang ginhawa. “Iyan ang lagi kong kinatatakutang isipin matapos ang Armageddon.”

“Talagang hindi mo na magiging problema pa,” sang-ayon ni Bob. “Sinasabi ng Biblia na walang mananaghoy para sa kanila, o magtitipon man o maglilibing man sa kanila,” paliwanag ni Bob. “Sa Apocalipsis 20 ay titingnan natin ang mga sitas na ito mula sa Jeremias at Ezequiel. Ang unang mgaha talata ay nababalita ng isang anghel na bumababa mula sa langit tungo sa lupang ito na magulo—isang kalaliman o ‘balong walang ibaba.’ Dito ang diablo ay natatalian upang hindi makapandaya sa loob ng 1,000 taon, sapagkat walang sinumang natitirang buhay para kaniyang tuksuhin. Ngunit sa katapusan ng panahong iyon ay pawawalan siyang muli sa maikling panahon.

“Inilarawan ni Jeremias ang lupa na walang sinumang madadaya, at nauna sa gabing ito ay nabasa natin sa Bagong Tipan kung paano ito naganap: Ang mga ligtas ay nasa langit, ang mga makasalanan ay patay. Kayat sa piitang ito na walang tao, si Satanas ay gapos sapagkat walang matutukso.

“Sa panahong ito sa talatang 4 ay ibinibigay sa atin ang paglalarawan ng mga ligtas sa langit kasama ni Kristo. Lalo na ay binabanggit silang

naging martir kahit na sa maliit na katotohanang kanilang tinanggap, at alam nating ang bilang na ito ay higit pa sa 144,000, kundi siyang malaking karamihan na di mabibilang ng sinuman.

“Talatang 6 ay nagsasabi sa ating ang mga nabuhay na muli sa unang pagkabuhay ay di na mamamatay pa sa ikalawang kamatayan. Gayunman, sa talatang 5 ay binabanggit ang mga makasalanang patay, na hindi binuhay na muli hanggang sa lumipas ang 1,000 taon.”

“Babasahin kong muli ang talatang iyan, “ wika ni Lorna: “Ang iba sa mga patay ay hindi nabuhay hanggang sa matapos ang isang libong taon.’ Nakakagulat ito, sapagkat sa mga huling kabanata ng *Paradise* ay itinuturo ng Watchtower na ang mga makasalanang patay ay muling binuhay sa *panahon* ng 1,000 taon. Maliwanag sa Biblia na ang mga patay ay hindi nangabuhay hanggang sa *matapos ang 1,000 taon!* Napakaliwanag nito sa akin.”

“Kung ang mga makasalanang ay muling bubuhayin matapos ang 1,000 taon, ano ang magaganap pagkatapos?” tanong ni John, na gustong maalaman ang mga pangyayari.

“Eksakto ayon sa iyong maiisip. Si Satanas ay pasimula muling mandaraya at mangunguna sa rebelyon,” wika ni Bob. “Pero basahin natin sa Biblia sa mga talatang 7-9.”

“Pagkatapos ng isang libong taon, si Satanas ay pinawalan sa kaniyang piitan, at lalabas siya upang dayain ang mga bansang ito sa apat na sulok ng lupa, sa Gog at Magog, upang tipunin sila sa dakilang digmaan. Ang bilang ng mga ito ay kasing dami ng buhangin sa dagat. At sila ay ay nagmartsa sa kalaparan ng lupa at pinalibutan ang kampo ng mga banal at ang mahal na siudad. Ngunit bumaba ang apoy mula sa langit at tinupok sila.”

“Narito ang Gog at Magog sa wakas,” pansin ni Lorna. “Nakikita ko na ang Ezequiel 39 ay di tuwirang iniaangkop ang Gog at Magog matapos ang Armageddon na ang kanilang mga buto ay nakalibing sa loob ng pitong buwan, sapagkat inilalarawan sila dito bilang mga masasamang ‘kasing dami ng buhangin sa dagat’ na lilipulin matapos ang isang libong taon.”

“Tama,” wika ni Bob. “Nakita ninyo kung gaano kasimple at kaliwanag ang Biblia? Ito ay makakatulong din sa ating maunawaan kung paano ihahambing ang malaking karamihan sa “isang maliit na kawan”

“Saan manggagaling ang siudad na ito. Paanong basta na lamang itong lalabas sa isang lupang walang laman taglay ang mga ligtas sa loob nito?” tanong ni Nanna.

“Paano natin malalamang ang mga ligtas ay kabilang dito,” tanong ni Clarice.

“Sapagkat sinasabi ng Biblia ang ‘kampo ng mga banal’ o ang ‘kampo ng mga taong banal,’ batay sa inyong salin.”

“Bakit *kampo*? Ito ba ay pansamantalang tirahan nila?”

“Opo,” tugon ni Bob. “Ngunit sasagutin muna natin ang tanong ni Nanna. Sa Apocalipsis 21, ang mga unang talata ay nagsasabi sa ating ang siudad na ito ay bababa mula sa langit mula sa Dios. Kayat masusumpungan natin ito sa lupa. Natural lamang na kapag nakita ni Satanas ang siudad na ito, ay ikakatuwiran niya sa mga makasalanan sa buong kapanahunan, na kaya nilang kubkubin ito. Sa kaniyang muhi sa Dios at sa Kaniyang bayan ay gagawin niya ito.”

“Habang pinapalibutan ng masasama ang siudad ay nakita nila ang bagay na nawala sa kanila dahil sa kanilang pagsuway, at sa sandaling ito ay ipagkakaloob sa kanila ang huling pahayag ng paghatol. Dito ay ‘nakatayo ang lahat sa hukuman ng Dios’ at ang ‘bawat tuhod’ ay luluhod, at ‘bawat labi’ ay magkukumpisal na si JesuKristo ang Panginoon.

“Sa panahon ding ito bababa ang apoy mula sa Dios sa langit at tutupukin sila. Sa pangungusap ng Malakias 4:1-3, ang pagkawasak ay di mag-iiwan ng ugat o sanga. Matutupok silang parang dayami at magiging abo. Sa kamatayang ito tayo ililigtas sa kamatayan ni Jesus sa krus.

“Ang apoy ding ito ang maglilinis sa lupa at ibabalik ng Panginoon sa kagandahan ng Eden. Ang mga pangako ng Isaias 65:21-25 ay matutupad sa pagtatayo ng mga naligtas ng kanilang mga tahanan at paninirahan doon, at magtatanim ng ubasan at kakainin nila ang bunga niyaon.

“Lahat ng nawala sa Eden ay isasauli, ngunit sa panahong ito ang Siudad ng Dios ay mapapasa lupa. Ang trono ng Dios at ng Kordero (Kristo) ay malalagay dito, ayon sa Apocalipsis 21:3: ‘Ang Dios na rin’ ang tatahang kasama nila.”

“Parang di kapanipaniwala, tungkol sa siudad na itong bababa mula sa langit at ang Dios ay tatahang kasama ng sangkatauhan,” wika ni Nanna.

“Alam ng Dios na ang tao ay mangangatuwirang tulad niyan. Kung kayat inatasan Niya si Juan Revelador na idagdag ang talatang 5: ‘Isulat mo, sapagkat ang mga salitang ito ay tapat at totoo.’ Ang mga ito ay hindi kathang isip o talinhaga. Lahat ay totoo, at magaganap na tapat yaon sa pagkakalarawan.”

“Dapat kong upuan at basahin ang mga huling kabanatang ito ng Apocalipsis muli,” wika ni Lorna. “Ang napakinggan natin sa gabing ito ay kamanghamangha, at napakalinaw at tuwirang mula sa Biblia.”

“Paano natin matitiyak na ang siudad na ito ay tunay?” tanong ni Nanna.

“Nabasa na natin ang sagot mula sa Biblia,” wika ni Bob. “Ngayon naman ay tingnan natin ito sa ating kakayahan ng lohika. Kunin natin ang puno ng kahoy ng buhay sa hardin ng Eden—naniniwala ba kayong

iyon ay totoong puno?"

"Siyempre."

"Naniniwala ba kayong ang punong kahoy ng buhay sa isinauling Paraiso ayon sa Apocalipsis ay magiging tunay na puno?"

Syempre naman."

"Naniniwala ba kayong ito ay tutubo sa magkabilang pampang ng isang tunay na ilog?"

Sa palagay ko."

"Kung gayon, narito ang isang tunay na puno na tumutubo sa magkabilang pampang ng isang tunay na ilog, na umaagos mula sa totoong trono ng Dios na nasa gitna ng ciudad. Paano ngang ang ciudad ay hindi magiging totoo? Sinabi ni Jesus, 'Sa bahay ng aking Ama ay maraming dakong kalalagyan, kung hindi gayon ay di ko sana sinabi sa inyo.' Iyon ay totoo, lahat ng mga ito."

"Habang natututuhan natin ang malinaw na katotohanang ito ng Biblia, ay lalo namang nagiging kahangahanga," wika ni Lorna. "Bakit ba hindi natin ito natutuhan sa nakaraang mga taon pa?"

"Ang problema, Lorna," wika ni John, "minsang nadinig mo ang mga aral ng Watchtower ay ayaw mo nang tumingin pa sa kabila noon. Sa tuwing may ituturo sa iyo mula sa Biblia, ay bibigyan mong palagi ng interpretasyon mula sa liwanag ng aral ng Watchtower."

"Ano ang iniisip mo sa lahat ng ito, Dad?" tanong ni Clarice.

"Sa wakas ay may katuturan, Clarice," tugon niya. "Sa loob ng maraming taon ay naisip kong mayroong maiaalok ang Watchtower, at dahil doon ay sumama ako sa inyo sa mga pulong at kombensyon. Ngunit kailanma'y hindi ako umanib sapagkat may nadadama akong parang hindi tama. Sobra ang interpretasyon ng tao, at hindi sapat mula sa Biblia."

"Kung magiging Adventista ka, John," wika ni Nanna, "kailangang iwanan mo ang paninigarilyo."

"Kung may halaga ang isang bagay, magagalak akong iwanan ang paninigarilyo dahilan doon," tugon ni John na hindi natigatig. "At kailan ba ninyo ako huling nakitang nanigarilyo, Nanna? Nais kong sabihin sa inyo ang isang lihim: Iniwanan ko na ang paninigarilyo, at naniniwala akong ipagkakaloob sa akin ni Kristo ang pananampalataya upang di na muling magbalik doon."

Nakadama si Lorna ng gayong kagalakan na naglandas ang luha sa kaniyang mga mata. Kahangahangang lahat, di kapani-paniwala. Ito ay isa pang tugon sa kaniyang dalangin.

"Ito ang katotohanan, at ang kapangyarihan ng ebanghelyo," nasabi niya sa sarili, "isang kapangyarihang kailanman ay di ko natutuhan sa mga aral ng Watchtower."✠

11

Isang Dios o Dalawa?

Nang itaas ni Lorna Stevens ang kaniyang ulo, nakita niyang papasok ang kotse ni Clarice at nagmadaling sumalubong dito. “Inay, narinig mo na ba ang pinakahuli?” masiglang wika ni Clarice. “Sinabi ng mga Saksi na huwag pakinggan si Bob kung dadalaw ito sa kanila sapagkat siya ay manlilinlang, isang lobo sa kasuotang tupa!”

“Hindi nila magagawa iyan!”

“Sa katunayan ay alam ko, nakatagpo ko si Bob sa bayan ngayon, at sinabi niyang ayaw siyang pagbuksan ng pintuan ng mga Saksi. Di nagtagal ay nakausap ko rin ang dalawang Saksi, at sinabi sa kanila ng lingkod ng kongregasyon na huwag na huwag man lamang titingnan ang isa sa mga aklat ni Bob o bayaan siyang bumasa sa kanila ng Biblia. Sinabi din niya na nakatagpo niya si Bob dito at lubusan niyang binubuwag ang bawat pangungusap na sinabi nito.”

“Kailanman ay di ko pa narinig ang ganitong bagay,” wika ni Nanna na nagagalit. “Sa maraming taon ko sa Society ay nasabi kong ang katotohahan ni Jehoba ay makakatayo sa anumang subukan. Naging masaya kaming makipagtagpo sa sinuman. Sabihin ninyo kay Bob na dumalaw kay David at Brenda bago sila mapagsabihang huwag siyang papasukin sa kanilang tahanan.”

“Nanna!” namamanghang wika ni Lorna. “Sino ba ang pinaglalaman mo? Alam ko ba’y siniskap mo kaming lahat na manatili sa Society.”

“Iba na ito,” hindi maitago ni Nanna ang inis. “Kinamuhian ko ang mga ministrong Kristiano sa pagtuturo sa kanilang kawan na huwag tayong papasukin sa kanilang mga pintuan, ngunit di ko inakalang darating sa aking buhay ang pagkakataong ang Society naman ang gagawa nito.”

“Marami nang mga Saksi ang nadalaw ni Bob sa kaniyang pagbabahay-bahay, at marami na rin sa kanila ang nawawalan ng tiwala sa Watchtower,” wika ni Clarice. “Ang kaalaman niya sa kasaysayan ng Watchtower at aral nito ay nakapagpapabuwag, tulad ng naging

karanasan natin. At may nakakita sa ating pumasok sa Iglesia Adventista noong Sabbath, at ito ay nakabagabag na higit sa kanila.”

“Kung nalaman nilang nagtungo tayo sa Iglesia Adventista mula noong debate, iyon ay patunay kung paano ngang nasagot ni Ron Roberts ang mga aral ng Adventista!” wika ni Lornang nakangiti. “Gayunman, sang-ayon ako kay Nanna. Hindi tayo dapat mag-aksaya ng panahon sa pagsasabi kay David at Brenda kung ano ang nangyari. Dapat silang magsiyasat ng lahat at magpasiya sa kanilang sarili. Kung pupunta ka sa ciudad, Clarice, maaari mo ba silang daanan?”

“Ito ang pagkakataong hinihintay ko,” tugon ni Clarice. “Pupunta ako ngayong hapon at sasabihin ko sa kanila ang ating bagong pananampalataya.”



Nang si Bob ay dumalaw kay David at Brenda dalawang araw makaraan, nasumpungan niyang katatapos lamang ni David na punan ang kaniyang buwanang ulat sa Society. Tulad ng kaniyang ina, masigasig siya sa mga oras ng pagsaksi at pamamahagi ng mga babasahin. Magkapareho pala sila ng edad na dalawa, at di nagtagal ay masinop na nag-aaral tungkol sa Trinidad. Nakatingin si Brenda habang nag-aalaga ng sanggol.

“Naniniwala akong may nag-iisang nilalang mula sa walang hanggan—ang Dios Jehoba, ang Manlalalang at Tagapagpanatili ng sansinukob at lahat ng bagay,” paliwanag ni David kay Bob. “Si JesuKristo ay ‘isang dios,’ ang ‘pasimula ng paglalang ni Jehoba at bugtong na anak ng Ama.’ Ang Espiritu Santo ay isang aktibong puwersa at tiyak na hindi isang persona.”

“Alam mo, David,” pasimula ni Bob, “nauunawaan ko kung paanong dumating ka sa mga konklusyong iyan, sapagkat ako man ay nag-aral na malalim ng mga libro ng Watchtower—*Let God Be True* at iba pa. Ngunit ang aral na ito ay hindi lohikal o nasa Biblia man. Laban ito sa sinisikap na ituro ng Watchtower!”

“Paano na iyan?” tanong ni David, na may pagkagulat sa mukha.

“Una sa lahat, idinidiin ng Watchtower na mayroon lamang na iisang Dios, at sang-ayon ako sa pangiungusap na iyan. Ngunit kung sisiyasatin natin ang mga aral ng Watchtower, makikita nating may dalawang Dios, at hindi iisa lamang. Nariyan ang Dios Jehoba, ang Ama, na Dios na Makapangyarihan sa lahat: at sa salin ng New World ng Isaias 9:6 ay makikita nating nasa hula na si Jesus ay ‘Makapangyarihang Dios.’ Kung kayat mayroong ‘Dios na makapangyarihan sa lahat,’ at ‘Makapangyarihang Dios.’

“Narito ang pagkakasalungat ng aral ng Watchtower sa Biblia, sapagkat sinasabi sa Isaias 43:10 na walang Dios na nalikha bago o

matapos ang Dios, at tiyak na hindi Siya maaaring maging ikalawang Dios. Ang aral ng Watchtower ay higit na nakakagulo kaysa alin mang inaangking pananaw ng Kristianismo sa Trinidad.

“Kung lubusang maikakaila natin ang pagkaDios ni Kristo na siyang sinikap na gawin ng Watchtower, mapapasimple nito ang mga bagay-bagay. Ngunit itinuturo ng Kasulatan na si Kristo ay Dios. Tingnan natin ang Mateo 1:23; Juan 20:28; Filipos 2:6-11; 1 Timoteo 3:16; Tito 3:4 at Hebreo 1:8. Hindi natin basta maikakaila ang pagkaDios ni Kristo, dahilan sa malililaw na talatang ito ng Biblia.”

“Naniniwala ka pala na ang Ama at si Kristo ay kapwa namatay sa krus, at sila ding kapwa ay nabautismuhan ni Juan sa Ilog Jordan?” tanong ni David.

“Malayo diyan, David. Kayo ni Brenda bilang mag-asawa ay ‘iisa,’ gayunman ay magkahiwalay kayong persona. Gayundin, ang Ama at ang Anak ay kapwa Dios, ngunit dalawang magkahiwalay na Persona, bagamat kabilang sila sa isang Kadiosan.”

“Naniniwala ka bang ang Espiritu Santo ay isa ring persona at kabilang sa Kadiosan?” tanong ni David.

“Tiyakan,” wika ni Bob. “Tingnan natin ang Roma 8. May magagandang masasabi sa iyo ang iyong ina tingkol sa kabanatang ito.”

“Naniniwala ako,” sang-ayon ni David. “Talagang interesado akong siyasatin ang kabanatang ito ngayon, ngunit puede bang ang aking New World Bible ang aking gamitin?”

“Sige, ngunit nais kong paalalalanan ka na kung mayroong isang dahilan kung bakit inilimbag ng Watchtower ang New World Bible, ito ay upang ikaila ang pagkaDios ni Kristo o ang Trinidad. Gayunman, ang katotohanan ay nasa pagkakasalin pa rin niyan, tulad ng makikita mo sa ating gagawing pag-aaral. Basahin natin ang talatang 34 ng Roma 8, sa iyong salin ng Biblia!”

“Sino ang hahatol? Si JesuKristo ang namatay, siya ring binuhay sa mga patay, na nakaupo ngayon sa kanang kamay ng Dios, na siya ring *sumasamo* para sa atin.”

“Naniniwala ka bang ang isa ay maaaring sumamo para sa atin na hindi isang persona, David?” tanong ni Bob.

“Siyempre hindi,” sang-ayon ni David, “ngunit ano ang kinalaman niyan sa Espiritu Santo?”

“Sa talatang ito ay sinasabi rin, ‘*na siyang ring sumasamo para sa atin.*’ Agad sa talatang ito ay may sinasabing iba pang Persona na sumasamo para sa atin, kung kayat si KristoJesus ay binabanggit na sumasamo ‘din’ para sa atin. Sa talatang 26 ang Personang ito ay ang Espiritu Santo. “Sa katulad na paraan ang Espiritu ay katulong din sa ating kahinaan; sapagkat hindi natin alam kung ano ang ating idadalangin, datapwat ang Espiritu na rin ang sumasamo para sa atin sa mga daing

nating hindi masambitla.”

Binasang muli ni David ang talata at nagwika, “Tingnan mo na lamang. Hindi ko ito nalaman kundi ngayon lang.”

“Narito pa ang isang talatang dapat tandaan, na nagpapatunay na ang Espiritu Santo ay isang Persona: Efeso 4:30. Sinasabi ditong ang isang tao ay maaaring ‘makapighati’ sa Espiritu Santo. Hindi mo maaaring pighatiin ang isang puwersa, maaari mo lamang pighatiin ang isang personang may damdamin at mga sangkap ng personalidad.

“Tingnan mo rin ang Juan 16:13 na doon si Jesus ay nagsabing ang Espiritu Santo ay aakay sa buong katotohanan at magtuturo. Siya ay magsasalita, hindi tungkol sa Sarili. At ang Gawa 13:2 na doon ay tinatawag ng Espiritu Santo ang “sarili.” Ito ay ilan lamang sa mga reperensya.”

“Mabuti na ring pasimula iyan,” sang-ayon ni David. “Maipapakita mo ba sa akin ang talatang nagsasabing ang Espiritu Santo ay ‘Dios’?”

“Oo, sa Gawa 5:3 at 4 at inakusahan ni Pedro si Ananias na nagsinungaling sa Espiritu Santo, sa pagpapaliwanag na ito ay pagsisinungaling sa ‘Dios.’”

“Ngayong maitatag mo nang ang Espiritu Santo ay Persona, may sinasabi pa rin ba sa Bibliang ang tatlong ito ay siyang bumubuo ng Kadiosan na tulad ng iyong nabanggit?”

“Sinasabi ditong ang Espiritu Santo ay hindi maihihiwalay na kaugnay sa Ama at Anak sa pamamagitan ng isang pangalan, tulad ng mag-asawang gumagamit lamang isang apelyido. Sa pangalang ito binabautismuhan ang mga tao. Tingnan natin ang Mateo 28:19 na doo’y sinasabing sa ‘pangalan,’ hindi sa ‘mga pangalan,’ ng Ama, Anak at Espiritu Santo.

“Naiiba yata iyan. Madalas na ako’y nag-iisip paano at bakit mayroong isang pangalan lamang na binabanggit sa talata. Pero ngayon, hindi ba may tatlong Dios na tayo? Hindi ba lalong napasama pa kaysa dalawang itinuturo ng Watchtower?” Talagang naguguluhan siya.

“Hindi,” ngiti ni Bob. “Dito bumabangon ang kaguluhan tungkol sa Tirinidad. Ang bawat persona ay hindi ‘isang’ Dios, ang tatlong persona ang Dios, o bumubuo ng Kadiosan. Tulad ng pagkakaroon ng isang pamahalaang may maraming bilang. Walang isang sangkap nito ang pamahalaan, kundi lahat ng mga sangkap ang bumubuo ng pamahalaan.

“May halimbawa ba sa Lumang Tipan,” tanong ni David na tunay na naintriga na, “na may higit sa isang persona ang binabanggit kaugnay ng ‘Elohim’?”

“Mayroon, sa Genesis 1:26: “At sinabi ng Dios: “Lalangin *natin* ang tao sa *ating* wangis, ayon sa *ating* larawan.”” Kung kayat sa paglalang, ang ‘Dios’ ay higit sa isang Persona. Mahalagang mapansing ang bagay

na ito ay ipinakilala sa pinakaunang kabanata ng Biblia.”

“Nasusundan klita, ngunit may ilan pa akong katanungan. Ano ba sa palagay mo ang pangalan ng Dios—ito ba ay Jehoba?”

“Hindi natin matitiyak,” tugon ni Bob. “Ang Watchtower ay gumawa ng maraming bagay tungkol sa pagsambit niyan, ngunit makakatiyak tayong ito ay ang apat na titik na YHWH. Ang mga ibang letra ay kailangang isingit, na nangangahulugang ang pangalan ay maaring nasambit sa ibang porma. Gayunman, kung mahalaga ang pagsambit sa pangalan, hindi ba ito dapat nabanggit ni Jesus, upang hindi tayo mag-alinlangan pa?”

“Sa pakiramdam mo ba ay hindi mahalaga ang pangalan?” tanong ni David.

“Mahalaga ang pangalan, ngunit tandaan nating ang mahalagang bagay ay hindi ang tunog ng pangalan, kundi ang kahulugan nito. Maaaring ang pangalan ng tao ay Jones, Brown, Smith—walang gaanong halaga dito. Kundi ang katatayuan noon ang mahalaga. Sa Dios, hindi ang tiyak na pagsambit ng pangalan, kundi ang likas, otoridad, dominyon at pamahalaan. Hindi tayo dapat mailihis ng pangalan ng Dios, habang isinasakabuhayan ang lahat ng kahulugan ng pangalang iyon.”

“Ito marahil ang dahilan kung bakit hindi natin alam ang tiyak na pangalan ng Dios,” mungkahi ni David.

“Oo nga,” dugtong ni Bob, “kahit na matiyak pa natin ang pangalan ng Dios, hindi ko iniisip na babanggitin itong madalas. Sa mga bansang British, alam nila na ang pangalan ng Reyna ng Inglatera ay ‘Elizabeth,’ datapwat ang karaniwang tawag natin sa kaniya ay ang ‘Reyna’ o ‘Kaniyang Kamahalan.’ Malibang ipinakilala natin kung sino siyang reyna, ang paggamit ng kaniyang pangalan ay hindi kailangan o mainam. Gayundin sa isang pamilya. Ang anak na tumatawag sa ama sa kaniyang pangalan ay kawalang galang. Sa Dios, na ating Hari at ating Ama, at tayo bilang Kaniyang mga alagad at mga anak, ay dapat na bumanggit sa Kaniyang pangalan sa sukdulang ingat at paggalang.”

“Tama ka,” sang-ayon ni David. “Sa hinaharap palagay ko’y hindi ko na gaanong babanggitin ang pangalang ‘Jehoba.’ Ang kasunod kong tanong ay nakasentro sa dalawang talata: Apocalipsis 3:14 at Colosas 1:15. Hindi ba pinatutunayan ng mga ito na si Kristo ay nilalang? Siya ang ‘pasimula ng paglalang ng Dios’ at ang ‘panganay ng lahat ng nilalang.’ Hindi mo ito pinaniniwalaan, gayong napakalinaw ito sa Biblia. Bakit?”

“Walang problema sa talata,” paliwanag ni Bob. “Sinasabi sa Apocalipsis 3:14 na si Kristo ag ‘pasimula ng paglalang ng Dios,’ at hindi siyang unang nilalang, kundi Siyang may kapanagutan sa pasimula ng paglalang ng Dios. Alam mo kung paanong iminungkahi ng alkalde natin, at sinundan ng panukala at pagtitipon ng pondo ang pagtatayo ng

ating ospital? Ngayon ang alkalde ay tinatawag na ‘pasimula’ ng bagong ospital—siya ang nagpasimula nito. Hindi siya ang unang batong inilagay, hindi rin ang unang pasyente dito; kundi siyang taong nagbalikat noon. Gayundin kay Kristo, ang Manlalalang.”

“Si Kristo, ang Manlalalang?” tanong ni David.

“Oo, sa Juan 1:3 at Colosas 1:16 at 17 ay idinidiin ng Biblia na ang bawat bagay ay inilalang ni Kristo. Walang anumang bagay na nalalang na hindi Siya ang lumalang. Ito ay mag-aalis ng isipang Siya ay nilalang.

“Ngayon ay tingnan natin ang Colosas 1:15, na nagsasabing si Kristo ay ‘panganay’ ng lahat ng nilalang. Sa katunayan ang talatang ito ay nagpapaliwanag sa ganang sarili. Ang ‘panganay’ ay di nangangahulugang isinilang o naunang nilalang, kundi *Siyang pangunahin sa lahat*, tulad ng nahahayag sa talatang 18. Sa Awit 89:27 at iba pa ay mababasa din natin ito.”

Kapwa binuksan ng dalawang kabataan ang talata sa Biblia.

“Ang talatang ito,” patuloy pa ni Bob, “ay nagsasabing ang Dios ay gagawin si David na ‘panganay’ kaysa lahat ng mga hari sa lupa. Ngunit ang Dios ay di literal na Ama ni David, o si David man ang siyang panganay na anak. Kundi siya pa nga ang bunso sa magkakapatid. Ang ‘panganay’ dito ay nangangahulugan na siya ay magiging pangunahin, sa lahat ng mga hari.”

“Gayundin sa Jeremias 31:9, si Ephraim ay magiging ‘panganay’ bagamat si Ruben ang tunay na panganay na anak ni Jacob, ayon sa tala ng Genesis 46:8. Sa Exodo 4:22 ang Israel ay tinatawag na ‘aking panganay.’

“Sa huli, ang pagiging ‘panganay’ dito ay di nangangahulugan ng ‘unang lumabas’ o ‘unang nilalang’ kundi ‘pangunahin,’ ay maliwanag sa Colosas 1:18. Dito Siya ay ‘panganay sa mga patay, upang siya’y maging pangunahin sa lahat ng bagay.’ Si Kristo ang naglagot ng tanikala ng libingan, at lahat ng muling mabubuhay ay nakasalig sa Kaniya bagamat sa punto ng panahon, hindi si Kristo ang unang nabuhay na muli.”

Maingat ding siniyasat ni David ang mga reperensyang ito, at nagwika, “Nabanggit mo na ikaw ay naniniwalang si Kristo ang Manlalalang. Isa ba ito sa mga aral ng mga Iglesya Adventista?”

“Oo. Tiyakan sa Biblia ang bagay na ito. Sa Juan 1:3; Colosas 1:16, 17 at Hebreo 1:2 ay pinatutunayan na nilalang ng Dios ang lahat ng bagay sa pamamagitan ni Jesukristo.

“Sapagkat alam natin mula sa Hebreo 11:3; Awit 33:6, 9 at Genesis 1 na ang lahat ay sinalita at nalalang, si Kristo ang nagsagawa ng lahat ng mga ito, at ginawa Niya ito sa kapakanan ng Ama. Kapag binabanggit Siya bilang Dios, mauunawaan natin sa Biblia na ang binabanggit ay ang Anak. Sa Genesis 1:16 ay isinaalang-alang ng Dios Ama at Anak

ang paglalang ng tao, at ang Anak ang nagsagawa ng paglalang.

“Sa susunod ay pag-aaralan natin ang ikapitong araw ng Sabbath. Ipapakita ko na sapagkat si Kristo, o ang Dios Anak, ang lumalang sa anim na araw, Siya rin ang ang nagpahinga sa lahat ng paggawa at nagtatag ng Sabbath. Ito ang dahilan kung bakit ito ang ‘Sabbath ng Kristiano’ at kung bakit inaangkin ni Kristo na ito ay Kaniyang araw.

“Hanggang dito na muna tayo ngayon, Bob,” wika ni David. “Kailangan na akong magtrabaho, pero marami kang naibigay sa aking dapat kong ‘bunuin’, ngunit parang hindi ko pa matanggap ang mga sinabi mo. Kailangan ko pang makumbinsing mabuti.”✎

12

Sino si Jehoba?

Nang muling dumalaw si Bob kasunod na linggo, si David ay handa na sa kaniyang mgaha tanong. “Bob,” pasimula ni David, “sa loob ng nakaraang linggo ay nagsimula akong mag-isip sa iyong mga sinabi. Sa iyo ba ay si Kristo rin ang tinatawag na ‘Jehoba’?”

“Tiyakan!” wika ni Bob. “Sapagkat ang Ama at Anak at Espiritu Santo ay may iisang ‘pangalan’ (Mateo 28:19), iyan ay totoo. Kung paanong ang iyong apelyido ay Stevens, gayundin ang iyong asawa at ang iyong anak. Ikaw Brenda, at ang iyong anak, ay maangkin din ang pangalang ‘Stevens’ o kaya ‘Ang apelyido ko ay Stevens.’”

“Nauunwaan ko kung paanong ang aking apelyido ay ‘Stevens,’ at ukol din ito sa aming tatlo. Ngunit si Jehoba ay di maaaring bumanggit ng Kaniyang pangalan at iangkop ito sa ‘Amin.’”

“Iyan nga ang ginawa ni Jehoba,” wika ni Bob. “Tingnan mo ang Genesis 3:22 at basahin natin ang iyong Biblia. Tandaang ang ‘Elohim’ ay maramihang patungkol sa ‘Dios’ na ating pinag-aralan noong isang linggo. ‘At sinabi ni Jehoba: Narito ang tao ay naging katulad natin.’”

“Di ko pa nakita iyan kailanman,” wika ni David.

“Narito pa ang isang reperensya—Genesis 11:6 at 7: “Pagkatapos ay sinabi ni Jehoba;... “Parito, *Tayo* ay bumaba.”

“Kung gayon,” wika ni David na pilit na inaalaala ang napag-aralan na, “nangangahulugan itong maaangkin ni Kristo ang pangalang Jehoba gayndin ng Ama at ng Espiritu Santo.”

“Tama ka. Sa Lumang Tipan ang Espiritu Santo ay tinatawag na ‘Espiritu ni Jehoba,’ at nabanggit kaugnay ng mga lalaking sina Gideon, Samson, Elias, Saul, Zacarias at iba pa. Nanalangin si David na ang ‘Espiritu Santo’ ay huwag alisin sa kaniya.

“Tungkol naman kay JesuKristo, nang Siya’y naparito sa lupa upang mamatay bilang ating Tagapagligtas, Siya ay pinanganlang ‘Jesus,’ na nangangahulugang si ‘Jehoba ay Tagapagligtas.’ Tulad ng itinuturo ng *Let God Be True* sa pasimula ng ikatlong kabanata, ‘Ang pangalang *Jesus* o *Jeshua* ay pinaikling porma lamang ng Hebreong *Jehoshua* na

nangangahulugang si *Jehoba ang Tagapagligtas.*'''

"Ihambing natin ngayon ang mga reperensya tungkol sa Jehoba sa Lumang Tipan, at makikita nating ang mga ito ay iniangkop kay JesuKristo sa Bagong Tipan. Ihambing ang Isaías 44:6 sa Apocalipsis 1:8 at 17; 2:8; 22:12 at 13—'Una at huli.' Ihambing ang Deuteronomio 32:3, 4, 18 sa 1 Corinto 10:4—ang 'Bato.' Ihambing ang Isaías 40:3 sa Mateo 3:3—'ang landas ni Jehoba.' Tingnan ang Awit 45:6; 102:24-27 at Hebreo 1:8 at 10-12—ang turo ng Dios at walang hanggang buhay ay patungkol kay Kristo. Ihambing ang Isaías 6:1-3 sa Juan 12:41—ang 'kaluwalhatian ni Jehoba.' Pansinin ang Ecclesiastes 12:14 at 2 Corinto 5:10 at Juan 5:22—ang 'hukom.' Kapwa ang Exodo 20:10 (unang bahagi) at Marcos 2:28 ay patungkol sa 'sabbath' ni Jehoba. At marami pang iba.

Inihambing ni David ang bawat talata sa dalawang bersyon ng Biblia, at gayundin ang Bagong Tipan sa *Emphatic Diaglott*. Nang maihambing niya ang Hebreo 1:8 sa New World Bible at sa *Emphatic Diaglott*, nawika niya, "Nasabi mong 'pinalabo' ng Watchtower ang kahulugan ng maraming talata, ang isang ito ay halos 'ginutay.' Sa katunayan, napansin ko na ito noong isang linggo pa nang ating pinag-aaralan ang pagkaDios ni Kristo. Sa King James ay mababasa, 'Datapwat sa Anak ay sinabi, ang Iyong luklukan, O Dios, ay magpasawalang hanggan.' Sa *Emphatic Diaglott* naman ay 'Datapwat sa anak, "Ang Iyong luklukan O Dios ay sa kapanahunan.'" Ngunit sa New World ay, 'Ngunit patungkol sa anak: "Ang Dios ang iyong luklukan magpasawalang hanggan.'" Parang katawatawa na ang Dios ay isang luklukan!"

"Kung alam mo ang Griego at Hebreo, lalo kang mainis sa paraan ng pagkasalin ng New World sa talatang ito at sa iba pa," pahayag ni Bob. "Kapag may isang tiyak na aral ang Watchtower na nais nitong itaas, nakakagulat kung ano ang ginagawa nila sa pagasasalin sa Biblia. Ngunit sa kasamaang palad, ay karaniwang may isa o dalawang talata na nakakalusot sa kanila. At doon nakikita ang tunay na kontradiskyon."

"Iyan ang sinabi ni Inay noong isang gabi," wika ni David. "Makapagbibigay ka pa ng ilang halimbawa? Itatanong ko ito sa kanila sa susunod na pulong namin ng Society."

"Oo," wika ni Bob. "Parang medyo nalihis tayo ngunit marahil na minam na maalaman mo ito sa ating pag-aaral. Sa kalakhang bahagi ay New World ang aking ginagamit sa iyong mga kasama, kapag kanilang naipapasiyang ang Watchtower ay di nagtuturo ng katotohanan. Kung kayat hindi nakasalalay sa kung anong bersyon ang gagamitin. Ngunit isang bagay ang tiyak: ang saling New World ay hindi isang saling higit na tama.

"Ngayon, sa atin nang napag-aralan, natutuhan nating ang lahat ay nilalang ni Kristo. Ngunit, sapagkat itinuturo ng Watchtower na si Kristo

na rin ay isang nilalang, makikita mo sa Colosas 1:16 at 17 na isiningit ng Watchtower ang salitang *iba* na apat na beses upang palabasing si Kristo ay siyang nilalang na una; at pagkatapos ay nilalang naman Niya ang iba pang mga bagay. Tsekin mo iyan sa *Emphatic Diaglott* at iyong masusumpungang ang katagang *iba* ay wala sa tekstong Griego.

“Sa pamamagitan nito ay sasalungatin ng Biblia ang kaniyang sarili, sapagkat sa Juan 1:3 ay nakaligtaan nilang isingit ang salitang ‘iba.’ Basahin natin, ‘Lahat ng bagay ay nilalang sa pamamagitan niya, at hiwalay sa kaniya ay walang bagay na nalalang. Ang anumang bagay na nalalang....’

“Narito pa ang isang halimbawa: Sa Genesis 1 at 2 ay makikita mong ang panahong ginamit sa mga araw ng paglalang ay patuluyang panahon. Sa halip na sabihing ‘Sinabi ng Dios’ ay mababasa mong ‘Patuloy na sinabi ng Dios.’ Ito ay upang ibigay ang impresyong ang bawat araw ay di karaniwang araw, kundi isang mahabang kapanahunan. Nang dumating sila sa ikapitong araw, sa Genesis 2:1-3, sa halip na ‘nagpahinga ang Dios sa ikapitong araw’ ay ‘nagpatuloy ang Dios na magpahinga sa ikapitong araw.’ Gayundin, na ‘siya ay nagpapahinga,’ anupat kung ang ikapitong araw ay 7,000 taon, sa gayon ang Dios ay nagpapahinga pa at tayo ay nasa sabbath pang iyon. Sa Bagong Tipan, sa Hebreo 4:4 at 10 nakalimutan nilang baguhin ang panahon. Bagamat ito ay reperensya ng Genesis 2:3, mababasa nating ‘Nagpahinga ang Dios sa ikapitong araw.’ Sa talatang 10, tungkol sa pamamahinga ng Dios sa kaniyang mga ginawa, ay mababasa natin, ‘tulad ng ginawa ng Dios.’ Kung kayat makikita mo ang kontradiskyon na ang Dios ay nagpapahinga pa, o nagpahinga nga sa ikapitong araw!”

Maingat na itinala ni David ang mga talatang ito.

“Kailangang itanong ko ang mga ito sa susunod na pulong ng Society, sapagkat sinabi sa aming higit na tama ang salin ng New World kaysa alin mang salin, lalo na sa King James,” wika ni David. Sa kasamaang palad ay hindi ko alam ang Griego o Hebreo, o ng sinuman sa kongregasyon. Ito marahil ang dahilan kung bakit naniniwala kaming ito ang pinakatamang salin. May pagtitiwala pa rin akong ang mga nakakatandang kapatid sa Society ay makakasagot sa aking mga tanong.”✍

13

Mga Katanungan!

Ilang linggo ang lumipas, nagkatagpong muli ni Bob si David. “Kumusta ka na,” bati ni Bob.

“Nahirapan ako,” pagtatapat ni David. “Marami akong itinanong sa aming pulong ng Society, at karamihan ay di nila masagot at sa halip ay sinabihan akong dapat kong higit na pag-aralan ang mga aklat ng Watchtower... Ang ilan sa nakakatandang kapatid sa kongregasyon ay umiiwas sa akin, sapagkat ayaw nila ang aking mga katanungan. Parang walang sinumang makapagpaliwanag kung bakit itinuturo ng Watchtower na ang bawat isa ay muling bubuhayin sa katapusan ng 1,000 taon, gayong itinuturo ng Apocalipsis 20:5 na ang ‘iba sa mga patay’ ay hindi nangabuhay hanggang sa matapos ang isang libong taon.

“Itinanong ko kung bakit sa Isaias 66:22, 23 ay binabanggit sa New World ang pangingilin ng Sabbath sa bawat isang linggo, samantalang ngayon ay nilalabanan nila ang Sabbath?”

“Problema din para sa kanila si Enoc sapagkat sa Hebreo 11:5 ay sinasabing siya ay inilipat ng Dios, at siya ay hindi nakatikim ng kamatayan. At siya ay wala dito sa lupa ngayon, pero itinuturo ng Watchtower na walang sinumang pupunta sa langit bago sa panahon ni Kristo. Nang itanong ko ang mga ito at iba mula sa Biblia, at mga tanong tungkol sa kasaysayan at turo ng Watchtower, nasumpungan ko ang aking sariling parang ipinupuwera na. Tinatawag nila ako bilang ‘gumagawa ng pagkakabahabahagi,’ bagamat iyon ay malayo sa aking intensyon.

“Bob, may malaki akong problema. Hindi ko nais na maging isang Adventista del Septimo Dia, at magiging mahirap para sa akin kung gustuhin ko man. Kung minsan ay kailangan akong magtrabaho kung Sabado. Naging kapatas na ako at doble na ang aking kita kaysa karaniwang manggagawa.

“Bukod dito, nang ako ay mabautismuhan ay napanood pa ito sa telebisyon sapagkat noon ay sinimulan ng Saksi ang kanilang programa sa TV. Sa palagay ko ay nasaksihan ng libu-libong trabahador sa

kompanya ang aking bautismo, at ito nga ay kanila pang pinag-usapan! Kung aaminin kong ako'y nagkamali ay tiyak na ako'y pagtatawanan at tutuksuhin!"

Patuloy na dinalaw ni Bob si Brenda hanggat madalas niyang magagawa, at minsan sa kaniyang pagdalaw ay nasabi ni David sa kaniya, "May pasiya ako, na kung matatagpuan ko ang katotohanan sa Iglesya Adventista, na susundin ko ito. Ngunit kawawasak pa lamang ng aking tiwala sa isang organisasyon, at nag-aalinlangan akong magkakaroon ako ng sapat na pananampalataya sa iba."

Di nagtagal ay higit na nakumbinsi si Brenda kaysa kay David na ang mga Adventista ay tama, kung kayat nang nagpasiya itong dumalo sa isang kapilyang Adventista, ay magalak siyang sumama. Sa una ay paminsan-minsan lamang ang kanilang pagdalo, sa kapasiyahan ni David na huwag magmadali sa anumang bagay. Gayundin, madalas na siya ay may trahabo kung Sabado. Ang iglesyang kanilang dinaluhan ay hindi iyong malaking malapit sa kanila, kundi ang maliit na kapilya sa baryo na dinadaluhan ng iba pang kaanib ng pamilya ni David. Sa panahong ito, kasama na ring dumadalo si Nanna, pati ni Clarice at ng mga bata. Si Paul na asawa ni Clarice, ay nagsabi na rin na hindi naman pala talagang "kakatwa" ang mga Adventista, at nasisiyahan siya sa mabuting pagbabago sa buhay ni Clarice.

Isang Lunes ng gabi, si David at Brenda ay nagtungo sa *Blue Gums* upang sumama sa regular na pag-aaral doon. Nawika ni Lorna, "Kung minsan ay naiisip kong sana'y hindi na akong naging Saksi ni Jehoba sapagkat napakarami kong dapat alisin sa aking natutuhan."

"Hindi ko sasabihan iyan, Inay," wika ni Bob. "Maraming katotohanan din ang itinuturo ng Watchtower. Kung hindi, ay hindi sana ito makakahikayat ng maraming taimntim na kaluluwang tulad ninyo. Marami ang kapag natutuhang ang katotohanan ng walang malay na pagtulong ng mga patay ay nag-iisip na ang pahayag na ito ay katotohanan ding itinuturo ng Watchtower."

"Nakikita ko ngayon na kahit na nga iyan ay di pa nila maituwid, at nagtuturong ang mga patay ay nagtutungo na sa langit sa anyong espiritu mula pa noong 1918," tugon niya.

"Kahit paano, sa pagkaalam ninyo na ang kamatayan ay isang pagtulog ay nakatulong sa inyong maalaman ang katotohanan." paamo ni Bob.

"At may mga bagay pang ni hindi itinuturo ng Watchtower," wika niya.

"Ano ang ilan sa mga iyon?" tanong ni David sa ina.

"Ang pagsusuot ng mga perlas at iba pang mga panggayak;" tugon niya.

"Saan itinuturo sa Biblia iyan?"

"Sa 1 Timoteo 2:9,10 at 1 Pedro 3:1-4," tugon niya.

“Ano ang iyong iniisip tungkol sa Pasko, Bob?” tanong ni David.

“Katulad din ng pananaw ng Watchtower tungkol sa Linggo,” tugon ni Bob. “Alam nating ang dalawang araw na ito ay patungkol sa dios na araw, na sinamba ng mga sinaunang pagano. Gayunman ay hindi pinapansin ng Watchtower ang bahagi ng Linggo ng isyung ito at Linggo ang ipinangingilin sapagkat ito ay kombinyente sa pagpapalaganap ng kaniyang mga turo, sapagkat nakatanaw ang mga tao dito bilang isang araw ng relihiyosong pagtitipon. Bakit hindi rin gawing ganito ang pakikitungo sa Pasko?”

“Ayon sa pananaw na iyan,” wika ni Brenda, “ang Watchtower ay hindi magkatugma, sapagkat itinaturo nitong wala tayong pakikitungo sa Pasko sapagkat ito ay kaugnay ng mga pagano, gayong ang Linggo naman ay kanilang ginawang araw ng pinakamaraming nilang gawaing relihiyoso at pulong.”

“Tungkol naman sa mga kapanganakan?”

“Ano ang tanong mo dito?” wika ni Bob.

“Hindi ba ipinagbabawal ng Biblia ang mga pagdiriwang nito?” tanong ni David.

“Walang anuman sa Biblia tungkol sa bagay na ito,” tugon ni Bob. “May nabanggit na mayroong mga pagano na nagdiwang ng kanilang mga pagsilang, ngunit hindi mali sapagkat mga pagano ang nagsagawa noon. Ang mga pagano ay ikinakasal din, ngunit hindi tayo titigil na magpakasal sapagkat sila ay nagpapakasal. Natural lamang sa Kristianong magdiwang ng pagsilang o kasal ngunit sa naiibang paraan.”

“Ano ang dapat na isipan ng isang Kristiano sa pagsaludo sa bandila, at pagtayo sa pambansang awit o sa isang pinuno?” ang kasunod na tanong.

“Ang mga ito ay mga tanda ng katapatan at paggalang at inaatasan tayo ng Biblia na maging tapat at maging magalang. Ang Roma 13:1-7 ay maraming masasabi tungkol sa bagay na ito, gayundin ang 1 Pedro 2:13-18, na nagsasabi pa ngang ito ay ‘kalooban ng Dios’ na ating ganapin.”

“Hindi ba iyan ay akto ng pagsamba?”

“Hindi,” wika ni Bob. “Ito ay pagsunod lamang sa utos na ibigay ang marapat sa nararapat, at karangalan kung kanino ito ukol. Ang akto ng pagsamba ay lubos na naiiba. Kung ang isang hari o may mataas na tungkulin sa pamahalaan ay dadalaw sa isang pagtitipong Adventista, ang kongregasyon ay tumatayo o sumasaludo bilang tanda ng paggalang. Ngunit kapag si Jesus ang dumalaw sa kanilang kalagitnaan, ang lahat ay luluhod upang sumamba.”

“May katuturan para sa akin ang lahat na iyan,” wika ni Paul. “Iyan din ang aking natutuhan sa aking pagbabasa ng Biblia bilang isang kabataan.”

“Ang lahat ng aral ng Iglesia Adventista ay may kabuluhan para sa akin,” dagdag pa ni John. “Habang nadaragdagan ang aking naririnig, ay lalo akong kumbinsido na sa wakas ay nasumpungan ko ang aking ninanais sa maraming taon. At ako ay nakatanaw sa pagkabinyag ko bilang isang Adventista.”

“Sino pa ang may katulad na panukala, Inay?” tanong ni David.

“Ang iyong Tatay at ako, si Valmai at si Mary. Si Gary ay bata pa, bagaman nais na rin niyang pabinyag. Hindi ko alam si Nanna, ngunit si Clarice ay sasabay sa atin kung papayag si Paul.”

“Hindi ako hahadlang sa kaniya, ngunit huwag ninyo akong piliting pabinyag,” nakangiting wika ni Paul.

“Alam kong ito ang tama,” wika ni Nanna, “ngunit mahirap na biglang magbago sa aking edad. Minahal ko ang Society. Alam kong kailangan kong kumalas sa wakas, at panukala kong pabinyag pagkatapos ninyo.”

“Ngayon, David at Brenda, kumusta naman kayong dalawa?” tanong ni Lorna.

“Sa amin ay ito rin ang katotohanan, Inay,” tugon ni David. “Ngunit ayaw kong makipagsapalaran muna ngayon. Nais kong lubusang mapag-aralan ang kasaysayan at aral ng Adventismo. Kapag ako’y nakakatiyak na, saka ko haharapin ang problema ng aking trabaho at pangingilin ng Sabbath. Mangangahulugan itong magsisimula akong panibago sa aking relyebo, at magiging kalahati ang aking suweldo, ngunit handa pa rin akong gawin iyon.”

Nakadama si Lorna ng kagalakan. Ito ay higit na mabuti kaysa kaniyang mga pangarap, na ang kaniyang ina, asawa at lahat ng mga anak ay nagkakaisa sa pananampalataya na higit na nagiging kahangahanga sa pagdaan ng bawat araw.

Si Bob ay nananalangin sa pagtatapos ng bawat pag-aaral nila na ang sambahayan ay maging buo sa kaharian. Ngayon ay nakikita ni Lorna ang pasimula ng tugon sa panalangin ito. 🙏

14

Nabautismuhan Kay Kristo

Nakaraan ang taglamig. Ang mga punong napapalamutian ng ginintuang dahon ay nagbadya ng tagsibol sa Australia. Paminsan-minsan ang isang kookaburra kasama ang kaniyang pareha ay humahalakhak sa mga puno ng goma, habang ang pamilyang Stevens ay sakay ng kotseng patungo sa maliit na kapilyang Adventista.

Ito ay araw na kailanma'y di nila makakalimutan—ang araw na publikong tatanggapin nila si Kristo bilang kanilang Dios at Tagapagligtas. Nagbalik ang isipan ni Lorna sa mainit na umagang iyon na si Clarice ay nagtungo sa *Blue Gums* at naghayag na nais niyang maging isang Adventista del Septimo Dia. Marami nang naganap pa mula noon, ngunit ngayon ay nakikita niya kung paanong ang kamay ng Panginoon ang umakay sa kanila sa bawat hakbang tungo sa Kaniyang katotohanan. Nagkaroon sila ng bagong karanasan at higit sa lahat ay isang personal na Tagapagligtas mula sa kasalanan.

Ang maliit na kapilya nang araw na iyon ay parang may pagpapala at kapaligiran ng langit. Ang limang kandidato sa bautismo ay nakasuot ng toga at nakaupo sa isang tabi sa binyagan na may dekorasyon at pinturang parang tanawin ng ilog.

Nakaupo sa unahan ay sina Brenda, David at Paul, nasa gitna naman ni Gary at mga bata si Nanna.

Si Bob ang nagsermon na ginamit ang Galacia 3:27. “Sapagkat lahat sa inyo na nabautismuhan kay Kristo ay ibinihis si Kristo.” Ipinaliwanag niya ang kahalagahan ng bautismo sa pamamagitan ng paglulubog, at ang kahulugan ng pagkapanganak na muli.

Si Betty Anderson ay umawit ng pagtatalaga sa himig ng mahinang tunog ng organo. Sina John at Lorna ang magkasabay na nauna sa binyagang tubig.

Sa isang sandali ay nagbalik kay Lorna ang isang tanawin isang maalikabok na hapon maraming taon na lumipas. Noon, suot ang hiram na damit, siya ay nabautismuhan sa isang lumang paliguan sa isang kombensyong idinaos ng mga Saksi sa isang karerahan. Parang iyon ay

hindi totoong nangyari at ang pagkakaiba ng tanawin ngayon ay lalong tumingkad sa kaniyang isipan. Ngayon, sa wakas, hindi lamang niya nadama ang kahulugan ng mabautismuhan kay Kristo, kundi natutuhan din niya ang “ibihis si Kristo.”

Matapos ang kaniyang bautismo, nagdalaw si Lorna sa distrito at ibinalita ang kaniyang ginawa. Matapos magturo ng mga paniniwala ng Watchtower sa loob ng labingwalong taon, hindi madali sa kaniyang tanggaping siya ay nagkamali. Gayunman, may lakas ang loob na nagpatuloy si Lorna sa kaniyang iniisip ngayong kaniyang tungkulin. Dumalangin siyang hindi lamang siya pagkalooban ng Panginoon ng lakas na gampanan ang kaniyang tungkulin, kundi ang tulungan siyang makasumpong ng mga kaluluwang mapagbabahaginan niya ng pagpapala ng Kaniyang katotohanan.

Nang matapos ang isang taon, si Bob ay nagbinyag ng dalawampung-tatlong kaluluwa, ang ilan sa mga iyon ay natulungan ni Lornang mahikayat.

Mga ilang buwan matapos siyang mabautismuhan, patuloy pa rin si Bob sa pagbibigay ng aral kay David at Brenda. Siniyasat ni David ang kasaysayan ng Iglesia Adventista at ang kanilang interpretasyon ng propesiya. Mula sa mga buwan ng pag-aaral ay nabuo kay David ang isang larawan ng isang organisasyong pinangunahan ng Dios, patuloy at matatag na sumusulong, na ang mga katotohanan nito ay lalo pang nagiging maliwanag at maganda sa paglakad ng mga taon. Sa kabilang dako, nakita niya sa Watchtower ang isang lipunang nasadlak sa mga nabagong doktrina, mga maling hula, at panloob na kaguluhan.

Binasa at nagustuhan niya ang mga sulat ni Ellen G. White, lalo na ang *The Great Controversy*. Habang binabasa niya ito na nasulat mga pitumpong taon ang nakalipas, na may detalyadong pananaw sa hinaharap, at inihambing ito sa mga limbag ng Watchtower sa loob din ng pitumpong taong lumipas, sa kaniyang isipan ay naalis ang alinlangang ang Adventismo ang daluyan ng katotohanan ng Dios para sa mga huling araw.

Di nagtagal ay dumating ang araw na nagpasiyta siyang humakbang na pasulong at gawin ang alam niyang marapat. Sinabi niya kay Brenda ang kaniyang desisyon, at masayang siniguro nito na siya ay tatayong kasama niya, kahit na ito ay mangangahulugan ng mas mababang sahod o ano pa mang pagsubok. Nang sabihin ni David sa kaniyang manedyer na panukala nitong maging isang Adventista del Septimo Dia, at nais na maging libre kung Biyernes ng gabi at Sabado, siya ay nakatagpo ng panunuya. Mga ministro at layko ng iba-ibang iglesia ay tinawagan upang siya’y mapagbago mula sa kaniyang “kalokohan tungkol sa Sabbath,” datapwat taglay ni David ang kaniyang Biblia sa trabaho at isa-isang pinatahimik ang mga ito.

Maganda ang posisyon ni David sa pagawaan. Siya ay maaasahang mangggagawa at sinikap ng mga nakatataas sa kaniyang isaayos na siya'y malibre kung Sabbath, datapwat iyon ay labag sa patakaran ng kompanya. Di kalaunan ay ginawa siyang pang-araw tulad ng karaniwang mangggagawa ng pagawaan, na bumaba ang kaniyang kita katulad ng mga kabataang katatapos lamang ng paaralan.

Paglakad ng panahon, sa pagtingin niya sa lumipas, nadama niyang marahil ay pinabayaan ng Panginoong magdanas siya ng mga kahirapan. Noon ang akala niya ay mga Saksi ni Jehoba lamang ang nagdurusa dahilan sa kanilang paraan ng pananampalataya. Ngayon ay alam na niya.

Isang araw, habang gumagawa siya sa bahay, tatlong pangunahing kapatid ng kongregasyon ng mga Saksi ay dumalaw, kasama ang siyang nagturo at nagbautismo sa kaniya, at siya ay tinanong. Pasimulang sinabi ng mga itong hindi lamang ang kaniyang sarili kundi pati ang kaniyang pamilya ang dinadala niya sa kapahamakan.

Kinuha ni David ang kaniyang Bibliang nilagyan niya ng mga marka habang nakipag-aral siya kay Bob, at nagtanong rin sa kaniyang mga bisita. "Kung taglay ninyo ang katotohanan," wika niya, "sagutin ninyo ang aking mga tanong."

Ngunit hindi sila makasagot at umalis na nagagalit at may babalang siya ay tatanggalin kung ito ay magpapabautismo sa Iglesia Adventista.

Nagulat pa siya dalawang linggo ang lumipas nang isang dalaw ang dumating. Ngayon naman ay ang lingkod ng kongregasyon kasama ang pinakapangulong lingkod ng estado ng Australia. Sa kabila ng kanilang posisyon at mga taon ng pag-aaral, may tiwalang binuksan ni David ang kaniyang may markang Bibliang muli, at nagbigay ng konkretong mga katuwiran sa Kasulatan para sa kaniyang bagong pananampalataya.

"Magbalik ka sa Society," babala nila, "kung hindi ay lubusan kang mahihiwalay sa amin. Walang kaanib na pahihintulutang makipag-usap o makitungo sa iyo sa anumang paraan."

Matapang na sumagot si David, "Ikinalulungkot ko, ngunit ngayon ay alam ko na wala ang katotohanan sa Watchtower. Hindi na ako babalik pa. Bukod dito, ako ay gagawa para sa bawat Saksi ni jehobang aking masusumpungan at ibabahagi ko sa kaniya ang katotohanang may malaking halaga para sa akin."

Sa lahat, labinlimang buwan ang nakalipas mula nang unang makatagpo ni Bob si David at Brenda at sa araw na sila ay mabautismuhan ni Bob, si Nanna ay una nang nabautismuhan na rin.

Isang araw nang si Bob ay dumalaw sa *Blue Gums*, sinabi ni John, "Kami ay mga Adventista sa matagal na ring panahon. Sa pagtingin namin sa lumipas, isa lamang ang ikinalulungkot namin sa ginawa namin pag-anib sa iglesia."

“Ano iyon?” tanong ni Bob.

“Na hindi namin ito nalaman nang mas maaga,” ngiti ni John. “Ngayon si Valmai ay nasa kolehiyong Adventista, susunod si Mary at sa huli ay si Gary. Ngunit sana ay mas maaga kaming nasanib sa iglesya! Sana sina David at Clarice ay nakinabang sa mga pakinabang na kaloob ng iglesya sa mga kabataan.”

“Tingnan ninyo ito.” Inilabas ni Lorna ang ilang papeles mula sa isang sobre at iniabot kay Bob. “Labindalawang buwan naming hinintay ang bagay na ito.”

“Ano iyan, Nanay?” pag-uusisa ni Bob.

“Ito ay kasulatan ng aming pagkakatanggal sa Society, pirmado ng lingkod ng kongregasyon, ng kaniyang katulong, at ng lingkod na nagtuturo ng Biblia. Ang dahilang narito ay sinira namin ang aming ‘Panata ng Pagtatalaga na maglingkod na tapat kay Jehoba bilang Saksi.’

“Nang ako ay maging isang Saksi, nanata akong maglilingkod kay Jehoba at tutuparin ang kaniyang katotohanan. Iyon ay mabuting panata, at panukala kong tuparin iyon! Iyan ang dahilan kung bakit tinalikuran ang Watchtower, upang tuparin ang mga kautusan ni Jehoba at maglingkod sa aking Panginoon at Tagapagligtas, si JesuKristo. Wala akong pagsisisi, maliban na katulad ni John, hindi ko natutuhang mas maaga ang katotohanan. Nagpapasalamat ako sa Dios na dinala Niya ako sa pamilyang Adventista, at nagtitiwala akong ang aking karanasan ay makakatulong sa iba, na sa kanilang paghahanap din ng daluyan ng katotohanan, ay makasumpong ng tamang sagot sa katanungang, ‘Ito Ba ang Watchtower?’”

15

Pagkaraan ng Maraming Araw

Mahigit sa tatlumpong taon ang lumipas matapos ang kasaysayang natala sa aklat na ito. Ang *Blue Gums* at ang kalapit bukid nina Betty at Norma ay matagal nang naipagbili. Sa kanilang pagreretiro ang dalawang pamilyang ito ay magkasama pa ring dumadalo sa isang iglesyang Adventista. Ang pagkakaibigan nila sa maraming taon ay nagbigay ng maraming kahangahangang alaala na kanilang napag-uusapan kung paanong inakay sila ng Panginoon at pinagpala sa paglakad ng mga taon.

Sina David at Brenda ay mga aktibo pa ring Adventista. Sa maraming taon si David ay nakahawak ng maraming tungkulin sa iglesya pati na ang pagiging unang matanda. Matapos na maging Adventista patuloy pa rin siyang nakasagupa ng kahirapan sa kaniyang pinapasukan. Di nagtagal ay inalok siyang magtrabaho sa isang panaderyang doon ay walang pasok kung Sabado. Tinanggap niya ito sa pag-asa na ang Dios ang umaakay sa kaniya. Mula dito ay nakapundar siya ng sariling panaderya na nagkaloob sa kaniya at kay Brenda ng mabuting kita upang tangkilikin at palakihin ang kanilang limang anak.

Nang iwanan niya ang pagawaan, mapait na tinuya siya ng kaniyang mga kasama. Gayunman, di nagtagal ay inggit naman ang kanilang nadama kay David. Dahilan sa resesyon, ang pagawaan ay ipinagbili. Nawalan sila ng trabaho, ngunit ang negosyo naman ni David ay lumago. Naniwala si David na higit siyang pinagpala at ginantimpalaan ng Panginoon sa kaniyang katapatan.

Sa loob ng maraming taon, si Bob Watson ay patuloy na dumalaw at nakipag-ugnayan sa kanilang lahat. Noong Enero 23, 1982, sila ay nagkaroon ng pagtatagpo sa maliit na kapilya sa baryo na doon nagsimula ang istorya. Ang iglesya ay siksikan. Sina Lorna at John ay nakaupo sa unahan., habang si Bob Watson ang nangaral. Si Betty Anderson ay umawit tulad ng ginawa niya maraming taon ang lumipas nang si Lorna at John ay nabinyagan. Kinahapunan, mga karanasan ay isinaysay sa mga pangyayaring naganap noon, na ang karamihan ay maikling naitala

sa aklat na ito.

Isang madamdaming okasyon para kay Lorna na mapalibutan ng maraming kaanib ng kanilang pamilya at mga kaibigan na katulad niya ay tumalikod sa mga turo ng Watchtower upang tanggapin si JesuKristo bilang kanilang Tagapagligtas at sumunod sa katotohanan ng Biblia. Sa pagtinigin niya sa kanila, inisip niya kung ano kaya ang nangyari kung sila ay hindi nagpasiya noon? Naisip niya ang mga daan libong mga tapat na Saksi ni Jehoba na naakay sa paniniwalang ang Katrapusan ay darating noong 1975.*

Nang ang petsang ito ay napatunayang isa pa rin sa mga maling hula at turo ng Watchtower Society, libu-libong mga taimtim na mga Saksing iyon ay umalis sa organisasyon na bagabag at walang pananampalataya. Marami ang nanampalatayang walang organisasyon silang masasamahan na doo'y masusumpungan nila ang katotohanan ng Biblia at kaligayahan sa paglilingkod sa Panginoon. Nadama ni Lornang ito ay maaaring nangyari din sa kanila. May malalim na pasasalamat at pagpupuri ay nagpasalamat siya sa Dios sa Kaniyang kahangahangang pag-ibig at patnubay. Sa Iglesya Adventista ay nasumpungan nila ang kagalakan, kapayapaan at higit sa lahat, ang kaligtasan.

Noong Disyembre 29, 1990, ipinagdiwang ni Lorna at John ang kanilang ika-60 taong anibersayro ng kasal. Nagbalik si Bob Watson para sa okasyong iyon. Sa umaga ng Sabbath na iyon, si Betty Anderson ay tumugtog ng organo, at si Bob ang nagsermon. Si Lorna ay nakaupo sa isang wheel chair katabi ni John. Napakasayang okasyon iyon, ngunit pinakahuling pagkakataong magkakasama silang dadalo sa kapilya.

Bago umuwi si Bob sa isang malayong estado ng Australia ay dinalaw niya si Lorna. Kapwa nila alam na iyon ang magiging huling pagkakataong magkikita sila sa buhay na ito. Gayunman, ang tinig ni Lorna at ang kaniyang pananampalataya ay kasing lakas pa rin. May ningning ang mukha na siya'y nagsalita tungkol sa personal at mapagmahal na kaugnayan niya sa kaniyang Tagapagligtas, isang ugnayang higit pang naging kahangahanga sa paglakad ng mga taon.

Sinabi sa kaniya ni Bob na mahigit sa 300,000 sipi ng istoryang ito ay nalimbag sa maraming mga wika sa buong sanlibutan at nakaakay ng libu-libo na makasumpong ng Katotohanan. "Mauubos sa iyo ang buong milinaryo para makatagpo silang lahat," nakangiting wika ni Bob.

Umiling si Lorna. "Mahirap kong paniwalaan na maaaring magamit ng Panginoon ang maliit kong karanasan sa gayong hangganan," wika niya, "ngunit nagpapasalamat ako na mabiyaya Niya akong iniligtas mula sa mga kamalian ng Watchtower Society at inakay ako sa Kaniyang kahangahangang katotohanan."

Ilang linggo ang lumipas sinabi ng doktor kay Lorna na ang kaniyang

buhay ay mabilis nang nagwawakas. Nang gabing iyon ay dinala siya sa ospital. Kasunod na hapon, ang pinakahuling kaanib ng pamilya ay naroon na sa tabi ng kaniyang higaan. Sa malinaw na tinig, isa-isa ay kinausap niya ang kaniyang mga mahal sa buhay na pinayuhan silang maging tapat at maging handa upang siya'y katagpuin sa umaga ng pagkabuhay na mag-uli sa pagbabalik ni Kristo.

Ang kaniyang huling pagsaksi ay katulad ng kay apostol Pablo na nagwika, “Nakipagbaka ako ng mabuting pakikipagbaka....iningatan ko ang pananampalataya: buhat ngayon ay natataan sa akin ang putong ng katuwiran, na ibibigay sa akin ng Panginoon na tapat na hukom sa araw na yaon; at hindi lamang sa akin, kundi sa lahat din naman ng mga naghahangad sa kaniyang pagpapakita.” 2 Timoteo 4:7, 8.

Ang kaniyang naisin ay makatagpo “sa araw na yaon,” ang lahat ng nakipagpunyagi sa problema at nakasumpong ng tugon sa tanong na: “Ang Daluyan ng Katotohanan ng Dios—Ito Ba ang Watchtower?”✍

*Tingnan ang Apendise tungkol sa 1975.



Sina Lorna at John ay makikita sa unang hanay na napapalibutan ng kanilang pamilya at mga kaibigang dumalo sa muling pagtitipon noong 1982. Si Betty ay nasa likuran na nakasuot ng itim na salamin. Si Bob ay nakatayo sa kabilang dulo.

Apendise

A. Ilan sa mga lathala ng Watchtower na nagmungkahing ang wakas ng sanlibutan ay darating noon 1975.

Ang Watchtower, Agosto 15, 1968, pp. 494-501.

**WHY ARE YOU LOOKING FORWARD TO
1975?**

Ang Watchtower, Mayo 1, 1968, pp. 270-277.

**MAKING WISE USE
Of The Remaining Time**

The Kingdom Ministry, Mayo 1974, ay nagpangaral sa mga "nagbebenta ng kanilang mga pag-aari at mga tahanan" upang magtungo sa mga paglilingkod-pambukas ng gawain upang "gugulin ang maikling panahong nalalabi bago ang wakas ng masamang sanlibutan."

Life Everlasting—in Freedom of the Son of God (1966), p. 29:

According to this trustworthy Bible chronology six thousand years from man's creation will end in 1975, and the seventh period of a thousand years of human history will begin in the fall of 1975 C.E.

⁴² So six thousand years of man's existence on earth will soon be up, yes, within this generation. Jehovah God is timeless, as it is written in Psalm


B. Paglago ng mga Kaanib ng mga Saksi ni Jehoba at Adventista del Septimo Dia (1960-2013)

Nang hindi dumating ang wakas noong 1975 ayon sa inaasahan, libu-libong tapat na mga Saksi ni Jehoba ang umalis so Watchtower Society, mapait na bigo at nagugulumihanan.

Ang *graph* ay nagpapakita ng epekto nito sa pagdami ng miembro.


Bago ang 1975 ang mga Saksi ay nakaranas ng katulad na paglago at pagdami ng mga kaanib.

Ang mg Saksi kailanman ay di na nakabawi pa so pagkawala ng mga kaanib dahil sa kabiguan ng 1975. Mula 1976 hanggang 1980 ay halos walang naragdag na kaanib.





Ang Beth-Sarim, na nangangahulugang "Bahay ng mga Prinsipe", ay itinayo sa San Diego, California, para kina Abraham, Isaac, Jacob at iba pa na inaasahang muling bubuhayin noong 1925.



Sa loob ng halos 35 taon, inisip ni Pastor Russell na ang Dakilang Piramida ng Gizeh ang siyang Dakilang Batong Saksi ng Dios, kaugnay ng mga panahon sa Biblia (Isa. 19:19). Ngunit tinalikdan ng mga Saksi ni Jehoba ang isipang ang isang piramidang Ehipsyo ay may kinalaman sa tunay na pagsamba. (Tingnan ang "Watchtower," mga isyu ng Nobyembre 15 at Disyembre 1, 1928).

Ang nasa itaas ay mula sa *Jehovah's Witnesses-Proclaimers of God's Kingdom* (1993), pahina 201. Sa mahigit sa sampung taon matapos mamatay si Russell ang Watchtower ay nagtuturo pa rin ng mga hula tungkol sa Piramida bilang mahahalagang "katotohanan" ng Biblia,